PARA KAY

KUNG PAANO DINEVASTATE NG PAG-IBIG
ANG 4 OUT OF 5 SA ATIN)

nobela ni

Ricky Lee

Na-enjoy ko ang nobela, sobra. Isang upuan lang sana sa akin ito, kaya lang ginagawa ko pa ang *Dyesebel* kaya inabot ako ng dalawa. Napaka-witty at sensual kasi magsulat ni Ricky. Ang sarap ng bagsak ng mga salita. At saka wala siyang pakialam sa rules o conventions. Basta kukuwentuhan ka niya, at kesehodang nagdidirek ka pa ng sirena, wala kang choice kundi makinig at ma-in love. At one point nakalimutan kong nagbabasa ako ng nobela. Buung-buo ang mga character—nakikita ko na pati ang itsura nila, ang suot nila, pati mga location alam ko na. Parang nanonood ako ng movie na wish ko, ako sana ang gumawa.
BB. JOYCE BERNAL, Director

Sa lahat ng larangang pinasok niya (panitikan, peryodismo, pelikula) si Ricky Lee ay mahilig magbasag ng kombensiyon at tradisyon. Bale-wala sa kanya kung magtaasan ng kilay ang mga nakakulong sa lumang pormula, ang mga nakatanikala sa kinakalawang na paniniwala, ang mga takot sa pagbabago. Ang importante ay makapasok ang sariwang hangin sa panitikan, sa peryodismo, sa pelikula. **JOSE LACABA**, Writer

Hay, salamat naman he's writing (fiction) again. After all these years Ricky is still the same wonderful, adventurous, wacky and outrageous writer. And I'm still a fan. Nakakatuwa. He's a natural, a writer's writer.
GILDA CORDERO-FERNANDO, Writer



PARA
KAY







(o kung paano dinevastate ng pag-ibig
ang 4 out of 5 sa atin)

nobela ni

Ricky Lee



THE WRITERS STUDIO

Inilathala ng
WRITERS STUDIO PHILIPPINES, INC.
40 B. Gonzales Street, Xavierville I
Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (632) 928 9557
E-mail: writers.studio12@gmail.com

© 2008 ni Ricky Lee
Reserbado ang lahat ng karapatan.

Disenyo ng libro ni Karl Fredrick M. Castro
Dibuho sa pabalat ni Ivan Reverente

Walang bahagi ng librong ito ang maaring sipiin o
gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula
sa may-akda at sa tagapaglathala.

ISBN 978-971-94307-0-4

Inilimbag sa Pilipinas

Inimprenta ng
BRIGHT IDEAS at
MHELZAN PRINTING

Exclusively distributed by
ANVIL PUBLISHING, INC.

MGA NILALAMAN

Irene, Ang Unang Kuwento 1

Sandra, Ang Ikalawang Kuwento 35

Erica, Ang Ikatlong Kuwento 59

Ester, Ang Ikaapat na Kuwento 99

Bessie, Ang Ikalimang Kuwento 131

Ang Totoong Kuwento sa Totoong Kuwento 175

Excerpt mula sa "ASWANG"
(ang ikalawang nobela ni Ricky Lee) 245

Pahabol 248

Pasasalamat 250

NILALAMAN

Irene, Ang Unang Kuwento

Sa loob ng coffee shop, habang hawak ang menu, nakaharap si Irene sa mga kabarkadang sina Brenda (payat na pero nagpapapayat pa kaya baka tuluyan nang mag-disappear), at Susan (laging nakangiti, parang walang problema sa mundo). Saka si Donald (squarish ang mukha at me goatee), ang lalaking katrabaho ni Susan sa call center, na ibina-blind date nito kay Irene. Sige na, Irene, sabi ni Susan. Sige na, show Donald!

Napatingin si Irene sa labas ng glass window. Doon ay walang sound na nahuhulog ang mga yellow confetti, parang umiindayog sa isang di marinig na melodiya sa hangin, sinasalubong ang wala ring sound na pagsisigawan ng mga ralyistang nagmamartsa sa kahabaan ng Ayala Avenue dala-dala ang malaking streamer na nagsasabing March for Truth.

Marami nang rally ang nagdaan sa buhay ni Irene. At maski na di siya kasali, kapag may nakikita siya, muli ay nagbabalik sa alaala niya, bisitang ayaw magpapigil, ang alaala ng isang rally labing-apat na taon na ang nakalilipas. Kaya sa gayon ay ipipilig niya ang kanyang ulo upang matanggal ang alaala.

Irene, come on! ulit ni Brenda.

Bumalik ang tingin ni Irene sa mga kasamahan. Sige na nga, sabi niya, sabay tutok ng tingin sa first page ng menu. Mabilis lang niyang binasa ang lahat ng nakasulat doon. Saka tumaas ang mukha niya mula sa pahina at ni-recite niya, walang labis walang kulang, lahat ng 23 putaheng nabasa, pati eksaktong presyo ng bawat isa.

Napanganga si Donald. You're not real! sabi nito nang malakas, me American twang, napatingin tuloy ang ibang tao sa restaurant, pati na ang isang ralyista na pumasok para alukin silang sumama.

Tumawa sina Brenda at Susan. I told you! nagmamalaking sabi ni Susan kay Donald.

Pag naggu-grocery kami, dugtong niya, ke Irene na namin tinatanong ang presyo ng mga items, pati sum total!

Di mo na kelangan ng calculator, susog ni Brenda.

Napatingin uli sa rally sa labas ng glass window si Irene. Palayo na ito, dala-dala ang walang tunog nitong melodiya. Walang birthday na nakakalampas, narinig niyang sabi ni Susan, pati 'yung sa mga clients nila sa Golden Products, maski nga 'yung relatives pa ng mga clients nila!

Para kay B

She's our Ms. FYI! natatawang sabi ni Brenda. Name it, she knows it!

Sige na, Irene, sabi ni Brenda sabay baling kay Irene, movie quotations naman!

Napangiwi si Irene at natatawang umiling. Kayo talaga, ginagawa n'yo 'kong entertainer! Pero sa isipan niya ay pumarada na ang mga linya, di niya napigilan at nagsasagutan. You're nothing but a second-rate trying hard copycat! Are you talking to me? Saging lang ang may puso. Walang himala! My brother is not a pig! He was my north, my south, my east and west. I'm just a girl standing in front of a boy, asking him to love me. Walang personalan, trabaho lang 'to. I'm the king of the world!

Pinilig niya uli ang ulo niya at parang mga basurang naglaglagan sa sahig ang mga linya. She is starting to feel like a freak. Ano'ng gagawin ni Donald, iuuwi siya sa Mommy nito, Mommy, look what I brought home, a freaking walking Internet!

Sabagay me advantage din naman ang ganitong me photographic memory. Dahil malalaki ang boobs niya, madalas dito lang nakatingin ang mga lalaki. Kaya ang gagawin niya, bigla niyang sasabihin sa ka-date—alam mo, an object that is behaving in a uniform manner is either continually moving or continually at rest. Watch an arrow as it travels along its flight path. Clearly, at any instant, the arrow is occupying a given space. If it is occupying space, it must obviously be at rest there, in that given instant!

Mapapatanga ang lalaki at ang atensyon ay matatanggal na sa kanyang boobs.

Sa isang party minsan ay napakaipokrita at ang yayabang ng mga kaharap niyang bisitang puro bling-bling ang suot. Patalbugan nang patalbugan ng kuwento tungkol sa mga fashion shows sa mga 5-star hotel sa Europe. Out of the blue sinabi ni Irene, alam n'yo bang a pig's orgasm lasts 30 minutes? Napatigil sa ere ang tinidor ng isang matrona na me nakatusok nang pork chop. At ang lions naman, patuloy ni Irene, they can mate over 50 times a day! Nag-suicide ang party.

Dahil mahirap magdala ng napakaraming impormasyon sa utak, meron siyang filing system kung saan maaalala lang niya ang isang bagay kung kailangan niya. Daan papunta sa Balaw-Balaw? Ok! Bilang ng lahat ng mga anak ni Dolphy? Ok! Ilang beses nag-rollback ang presyo ng langis noong 2005? Ok, one piece of information coming!

Isang alaala lang ang hindi niya makontrol, lumalabas maski kelan, maski hindi niya gusto. Kagaya kanina. Ito ang alaala ng isang rally noong 1994. At lahat ng mga nangyari ng taong iyon sa San Ildefonso.

At si Jordan.

Eleven siya noon, at nasa sementeryo sila para dalawin ang puntod ng ina niya.

Pagkaupung-pagkaupo ay sinabi niya sa mga kasama lahat ng pangalan sa mga puntod na nadaanan nila. Napatingin ang kanyang ama, di malaman kung blessing o sumpa itong

Para kay B

dumating sa kanila. Wirdo 'yang anak mo ha, sabi ni Siony, ang kanyang madrasta. Mataba ito at lubog ang ulo sa mga balikat. Dalhin mo kaya sa circus! Saka nagtawa.

Pinagmasdan niya ang madrasta at inimagine niya na gumagapang ito sa kalsada, naipit ng pison, naka-compress ang mukha at humihingi ng tulong sa kanya na nakatayo lang, Tiyang, gusto n'yong i-recite ko san'yo lahat ng presidente ng America?

O kaya nakabitin ito sa poste ng Meralco sa bayan, binabato ng bulok na kamatis ng mga taumbayan, hanggang sa humahagok na aminin nito, oo, masama ang trato ko kay Irene, magpapakabait na ako!

Kamamatay lang ng ina ni Irene noong nakaraang taon pero pinatira na kaagad ng Tatay niya sa bahay nila sina Siony at ang dalawa nitong anak na tamad. Inokupa ang malalaking kuwarto doon, ang sala at ang kusina, at ang itinira lang kay Irene ay ang maliit niyang kuwarto. Galit sa kanya si Siony dahil kamukha siya ng ina niya, payat at maputi. Bawat kilos niya sinisita nito. O, ba't maraming kalat sa kusina? Sino'ng nag-iwan ng bentilador na nakabukas? Kanino na namang tsinelas ito? Bigla ang pakiramdam niya'y hindi na siya tagaroon sa sariling bahay. Kaya gumanti siya. Minsan ay nilagay niya ang retrato ng ina niya sa kama ng Tatay niya at ng madrasta. Buong araw siyang hindi pinapasok sa bahay ng kanyang Tatay.

Ok lang. Mas gusto nga niyang nasa labas ng bahay. Paikut-ikot lang siya sa San Ildefonso, o kaya ay nakaupo sa

me ilog, pinagmamasdan ang pagputol ng mga tauhan ng Ignacio Lumber Corporation sa mga punungkahoy sa kagubatan. She hated that town. Wala siyang kaibigan. Wirdo din ang tingin sa kanya ng mga tagaroon. Minsan kasi, me ugali siyang gumagawa ng arithmetic sa kanyang ulo. 34 times 5? Tapos bigla na lang magbu-blurt out siya nang malakas. 170! Magtataka ang mga nakarinig, saka maiiling. Wirdo!

Naglalakad siya na laging ini-imagine na balang araw ay tatakasan niya ang bayang iyon. Hanggang isang araw ay nakilala niya si Jordan.

Nakasilip siya sa labas ng maliit na clinic, habang sa loob ay nagmamadaling ginagamot ng isang doktor at isang nars ang isang tinedyer. Si Jordan. Nakapaligid ang mga pulis, sinasaway ang dumaraming usyoso. Nasa isang tabi si Fr. Zuñiga, kayumangging pandak at nakasutana, di mapakaling lakad nang lakad.

Pinagbabaril umano ng mga di kilalang lalaki ang mga magulang ni Jordan. Nakaligtas si Jordan dahil tinakpan ng katawan ng ina. Pero tinamaan din siya sa leeg. Namatay ang mga magulang ni Jordan pero siya ay duguang nakagapang palabas hanggang makita ng isang magsasaka. Sinakay siya sa tricycle at dinala sa clinic na ito.

Naaalala pa ng ilan sa mga usyoso na sa clinic ding ito dinala noon si Jordan, limang taon na ang nakalilipas. Twelve years old ito noon. Nilalagnat at kinukumbulsyon. Sa sityong tinitirhan, dahil gabi na ay walang masakyan ang

Para kay B

ina. Pinangko nito si Jordan at naglakad ito nang limang kilometro papunta sa clinic na ito upang ipagamot ang anak. Nang makarating ay agad-agad na bumagsak sa pagod ang ina. Pero naipagamot si Jordan.

Nilalanggas na ng doktor ang sugat ni Jordan sa leeg. Matapang ito, naisip ni Irene. Ang iba hihimatayin na sa sakit.

Patuloy ang pag-andar ng dila ng mga usyoso. Tumitilapon ang mga laway. Mga vigilante daw ang bumaril! Napagbintangan kasing mga NPA sympathizer! May suminga pa at gumawa ng malagatas na tumpok sa lupa.

Pero ang tingin ni Irene ay na kay Jordan lang. Nakaharap ang guwapong mukha nito sa kanya habang tagilid na nakahiga, ang mga mata'y nagpupuyos, ang mga paa'y nakakatang sa dulo ng katre, umuunat sa sakit. Sumisigaw ito tuwing magkakaroon ng pagkakataon. Papatayin ko sila! Papatayin ko sila!

Kinagabiha'y di nakatulog si Irene, pinaiigtad siya ng bawat sigaw ni Jordan, pinakikirot ng mga sakit nito. Kinaumagahan ay mabilis siyang nagsepilyo at kaagad ay pinuntahan si Jordan sa clinic.

Nasa simbahan na daw, kinupkop ni Fr. Zuñiga. Mula noon ay nagtrabaho si Jordan bilang sakristan sa simbahan. Pero laging nasa malayo ang isip. Habang sinasabi ni Fr. Zuñiga na peace be with you, ang mga mata ni Jordan ay naghahanap ng matatakasan, ang payat na katawan ay parang ibong sabik nang lumipad.

Habang nakaluhod katabi ng ama, madrasta at mga anak nito ay gusto ni Irene samahan si Jordan sa paglipad na iyon.

Madalas ay nakaupo lang si Jordan sa loob ng lumang bahay sa kabilang sityo kung saan pinatay ang mga magulang nito. Sinisilip ito ni Irene. Puno ng galit ang mga mata ni Jordan, nakatutok lang sa dingding na me mantsa pa ng dugo. H'wag ka nang babalik doon, laging sinasabi ni Fr. Zuñiga kay Jordan, delikado. Tanggapin na lang natin ang kalooban ng Diyos.

Sa gabi ay sumisigaw si Jordan sa pagtulog, nagpupumiglas habang pigil-pigil at pilit pinakakalma ni Fr. Zuñiga. Aabutin nang sampung minuto bago ang katawan nito ay manghina, at ang mga sigaw ay mauwi sa hagulgol. Sa gayon ay iiwan na siya ni Fr. Zuñiga at ito naman ang tahimik na iiyak sa loob ng kuwarto nito, nakatingin sa isang kaputol ng buhok na nakatago sa kahita, at nakikinig sa boses ng isang babae sa Walkman, kumusta ka na, mahal, h'wag mong pababayaan ang katawan mo. Ang recording ay niluma na ng isang taon.

Kagaya ng dapat asahan, matapos interbyuhin ng dalawang pulis si Jordan at i-file ang mga record sa presinto ay wala nang nangyari sa kaso. Kailanman ay hindi na rin nagsalita si Jordan tungkol sa nangyari. Bukod sa pagsasakristan ay nagtrabaho ito sa ilang bahay sa San Ildefonso, nagsisibak ng kahoy at nag-iigib ng tubig. Madalas itong nakikita ni

Para kay B

Irene na minumura ng mga pinagtatrabahuhan, pinalalabas ng bahay dahil bigla na lang napatigil nang marinig ang salitang *nanay* sa TV habang naglalampaso ng sahig, o kaya ay natapon na naman ang tubig sa palanggana.

Lagi, pagkatapos ng maghapong trabaho ay tatayo ito sa bukana ng San Ildefonso, doon sa kung saan may arkong may nakasulat na Welcome to San Ildefonso, the Lumber Capital of the Philippines, at sa magkabilang panig ay may nakalilok na dalawang kerubin. Nakatingin ito sa malayo, isang payat at malungkot na aninong gusto pa ring lumipad. Habang sa di kalayuan ay pinagmamasdan naman ito ng isa pang anino, si Irene.

Isang araw na nagdidilig ng halaman sa simbahan si Jordan ay nilapitan ito ni Irene. Naka-T-shirt na kupas si Jordan, shorts na pinaglumaan ng pari, at tsinelas na nakatali ang punit. Tiningnan lang siya ni Jordan, saka nagbalik sa pagdidilig.

Saglit silang hindi nagkibuan. Pigil ang hininga ni Irene. Naisip niya, pag di pa siya nagsalita'y baka maubusan siya ng hininga at mamatay. Me alam ako, sabi ni Irene, na di kayang gawin ng iba. Napatingin si Jordan pero di nagsalita.

Ako si Irene Magsinoc, sabi ni Irene. Di sumagot si Jordan. Mahusay akong mag-memorize, patuloy ni Irene. Bilib nga ang titser ko sa'kin e! Di pa rin sumasagot si Jordan. Huminga nang malalim si Irene, saka pumunta sa harapan ni Jordan. Bumanggit ka, sabi niya kay Jordan, ng 20 words na

lahat konektado sa buhay mo. Puwedeng 'yung mga words na favorite mo, o kaya tungkol sa mga nangyari sa'yo. Tapos lahat 'yun uulitin ko nang wala akong nakakalimutan.

Sinara ni Jordan ang gripo. Totoo! sabi ni Irene. Tumingin uli sa malayo si Jordan. Isang kalabaw na nawala sa may-ari nito ang napatigil sa paglalakad sa gitna ng kalsada at litong napatayo na lang. Siguro takot ka lang maalala lahat, sabi ni Irene. Bumaling si Jordan kay Irene. Karne, sabi niya. Ha? tanong ni Irene. Sabi mo, 20 words. Ay, oo, oo, ano pa?

Nagsunud-sunod na ang mga salita ni Jordan. Aso. Gulok. Bukid. Pako. School. Damit. Baril. Sako. Salawal. Sabon. Sementeryo. Gumamela. Papag. Five centavo coin. Dugo. Pasko.

At ang pinakahuli, na matagal bago nasabi ni Jordan, Nanay.

Saglit lang na tumingin si Irene kay Jordan. Alam niya ang nararamdaman nito para sa ina. Pero hindi ito nagpapaawa. Naghihintay lang sa gagawin niya.

Me nanay din akong namatay, sabi ni Irene. Napatingin lang sa kanya si Jordan. Gusto ni Irene idugtong na siguro'y pinagkabit nga sila ng kapalaran, dahil pareho silang namatayan ng ina.

Huminga nang malalim si Irene, saka ni-recite ang 20 words sa tamang pagkakasunud-sunod, me saglit na patlang din bago nasabi ang Nanay. Napakamot sa ulo si Jordan.

Para kay B

Nagmamalaking ngumiti si Irene. Ito na yata ang pinakamasayang araw sa buong buhay niya. Gusto mo i-recite ko naman pabaligtad? tanong niya.

Nangingiting umiling-iling si Jordan.

Bantulot na tumaas ang payat na kamay ni Irene, at saka dahan-dahang hinawakan niya ang gumagaling nang sugat sa leeg ni Jordan. Hinayaan siya ni Jordan. Bigla, naging parang magic ang lahat. Tumigil ang mga daliri ng mga relo sa buong San Ildefonso, pati ang malaking wall clock sa simbahan at ang bundy clock sa lumber factory ni Mayor Ignacio, habang ang mga dahon, mga damo, mga punong niyog ay nakikiramdam.

Kung mamamatay siya sa mga oras na iyon, naisip ni Irene, nakadilaw na bestidang napaiksi ang tahi at me konting balakubak pa sa buhok, tatanggapin niya. Nang ibaba niya ang kamay ay napahinga siya nang malalim.

Ba't mo 'ko laging sinusundan? tanong ni Jordan, mabait ang tono.

Galit ka ba? tanong ni Irene.

Hindi, sagot ni Jordan. Tumahimik ito saglit, saka nagpatuloy, nakatingin sa harapan, na parang me iba nang kinakausap. Bukod sa'yo, si Fr. Zuñiga lang ang mabait sa'kin sa bayang ito. Pero 'yung iba—ba't mo pinasok ang mga paa mo, puro putik! Iabot mo nga ang timba, ang bagal-bagal mo! Ba't mo ginamit ang tuwalyang 'yan, sa anak ko 'yan!

Simba sila nang simba pero maiitim ang mga puso! Balang araw iiwan ko ang bayang ito at di na ako babalik maski kelan! Masunog sana ang San Ildefonso!

Ang galit ni Jordan ay parang isang malaking batong nakikita ni Irene sa harapan niya, at gusto niya itong kunin, itapon sa malayo para mawala na.

Isang araw ay nakipagsuntukan si Jordan sa tatlong tinedyer. Kinantyawan kasing NPA daw ang mga magulang. Sinundan-sundan si Jordan ng mga tinedyer na nakaputi at asul na school uniform at hindi tinigilan maski nang makarating na sila sa may bukana ng San Ildefonso, 'yung me arkong me dalawang kerubin. Sa galit ay biglang binigwasan ni Jordan ang pinakapinuno ng mga tinedyer, ang anak ni Mayor Ignacio, at hindi na niya tinigilan, sunud-sunod na sinuntok, sa tiyan at sa mga bisig, pati na rin iyong dalawa pang kasamahan nitong mga duwag naman pala, sa dibdib at sa likod, maski sa mga mukha, hanggang sa ang mga ito ay nakikiusap nang tama na po, pero patuloy si Jordan, binubulag ng di mailabas na pagkamuhi, inuudyukan ng nagpapalakpakang dalawang kerubin sa arko sa itaas.

Nang wala nang gumagalaw sa mga tinedyer ay humihingal na napatayo na lang si Jordan, gaya ng dati ay nakatingin na naman sa malayo, sa kanyang araw at lugar ng paglipad.

Gusto siyang lapitan ni Irene pero humahangos nang dumating ang mga ina ng mga tinedyer, sa pamumuno ni Mrs. Ignacio, ang asawa ng Mayor, kasunod ang mga

Para kay B

bodyguard. Hindi nagtagal ay binubugbog na ng mga bodyguard si Jordan, pinagsusususuntok at sinisipa sa lahat ng parte ng katawan, habang dinadaluhan naman ng mga ina ang kanilang nakabulagtang mga anak. Inihampas ng isang bodyguard si Jordan sa punong niyog at natakot si Irene na baka malaglagan ng niyog ang ulo ni Jordan. Parang baliw si Mrs. Ignacio na pabalik-balik, dadaluhan ang duguang anak, saka tutulong sa mga bodyguard sa pananakit kay Jordan. Ang pinupuntirya ng kanyang mga hampas ay ang sugat sa leeg ni Jordan, pero ang pinanggagalingan ng kanyang galit ay ang pagkamuhi sa tatlo pang ibang pamilya ng kanyang asawa, at ang rayumang sumisibasib sa kanyang kaliwang tuhod, at ang katotohanang magsasampung taon na siyang hindi nagkaka-orgasm. Saka babalik siya uli sa pagdalo sa anak, saka sa pagsuntok kay Jordan uli, tumatapon ang kanyang laway sa mukha ni Jordan habang umiiyak na minumura ito. Walang kibong tinanggap ni Jordan ang lahat.

Habang nangyayari lahat ito'y nagsisisigaw na tutulong sana si Irene pero pigil-pigil siya ng isang bodyguard.

Matapos ang lahat ay iniwan nila si Jordan na duguang nakalugmok sa kalsada. Tinulungan siya ni Irene na makatayo, habang dumidikit ang dugo nito sa kanyang damit. Aalalayan sana niya ito pauwi sa simbahan pero umiling ito. Itinuro ang tricycle.

Sumakay sila ng tricycle. Pumunta sila sa kubo, sa dating tirahan noon nina Jordan. Pinilit ni Irene tanggalin

sa isipan ang nai-imagine niyang mga bangkay sa sahig, dugo sa dingding. Inalalayan niya si Jordan makahiga sa katre. Me lagnat ka, sabi niya dito.

Nakahanap si Irene ng lumang gripo. Binasa ang kanyang panyo at saka pinunasan si Jordan sa leeg kung saan nagdurugo uli ang sugat nito. Pinagpapawisan ito. Nagsisimula nang manginig. Ano'ng gagawin ko, Jordan, me sakit ka! sabi ni Irene. Pero kumakapit lang nang mahigpit sa kanya si Jordan, walang sinasabi.

Kukuha ako ng tubig, sabi ni Irene. Ayaw pa sana siyang pakawalan ni Jordan pero tinanggal niya ang pagkakakapit ng kamay nito. Pinainom niya sa baso si Jordan. Hirap na hirap pero sabik na uminom ito. Gustung-gustong haplusin ito ni Irene sa buhok, sabihin ditong h'wag kang mag-alala, basta kasama mo ako, aalagaan kita.

Pero pagtingin niya sa sahig ay na-imagine na naman ni Irene ang mga bangkay doon, kaya itinaboy niya ito ng arithmetic. 77 plus 92, 33 times 4, 16 divided by 4 ....

Maski nilalagnat ay natawa si Jordan. Gusto mo? tanong ni Irene. Saka kung anu-anong lessons sa arithmetic, pati na rin sa history at geography, ang ni-recite niya para kay Jordan. Lalong natatawa na maski impit si Jordan. Nakaramdam ng malalim na kasiyahan si Irene at lihim na pinasalamatan ang kanyang mga teacher.

FR. ZUÑIGA: Nasa labas sina Mrs. Ignacio at 'yung dalawà pang ina n'ong mga nakaaway mo.

ORDAN: Bakit daw po?

FR. ZUÑIGA: Gusto nilang paalisin kita. Ba't daw ako kumukupkop ng anak ng NPA.

ORDAN: Paaalisin n'yo po ako?

FR. ZUÑIGA: Hindi. Pero para wala na lang gulo, Jordan, puwede bang humingi ka ng tawad sa kanila?

ORDAN: Hindi naman po ako ang nagpasimula ng away.

FR. ZUÑIGA: Maski na.

ORDAN: Saka nakaganti na sila sa'kin.

FR. ZUÑIGA: Jordan....

Humarap si Jordan kina Mrs. Ignacio, sa dalawa pang na, at sa mga bodyguard. Dahil silahis lang ng liwanag ang naglalagos sa bintana, halos bibig lang ni Mrs. Ignacio ang malinaw na nakikita ni Irene. A fountain of laway. Na sa ngayon maski si Jordan ay nararamdaman uli ang lapot nito sa kanyang mukha. Nakangisi ang mga bodyguard.

Sorry po, sabi ni Jordan habang nakayuko, sorry po. Tumingin ka nang deretso sa amin, sabi ng laway ni Mrs. Ignacio, at saka kumpletuhin mo ang sinasabi mo, hindi 'yong sorry ka lang nang sorry d'yan na parang tanga! Pero ang rayuma sa kaliwang tuhod ni Mrs. Ignacio ay naninibasib

Para kay B

uli, at ang pakiramdam niya sa kanyang pagkababae ay napakawalang silbi dahil ang nai-imagine niyang binibigyan ng asawa niya ng orgasm ay ang isa sa mga kabit nito.

Lalong tumigas ang mukha ni Mrs. Ignacio. Pinilit naman ni Jordan na lunukin ang pagkapahiya at tumingin nang diretso kay Mrs. Ignacio. Gustong sapukin ni Fr. Zuñiga si Mrs. Ignacio. Marahan at mahinang nagsalita si Jordan. Sorry po sa nagawa kong pananakit sa mga anak n'yo. Sorry po sa nagawa ko!

Habang nakasilip, pakiramdam ni Irene ay dalawa sila ni Jordan na natalo. Kumpleto at lubusang pagkatalo. Dumampot siya ng bato at sa siwang ng bintana ay binato niya si Mrs. Ignacio. Tinamaan sa tuhod si Mrs. Ignacio. Putang....

Napatingin din sina Fr. Zuñiga at ang mga bodyguard. Lalabas sana ang mga bodyguard pero pinigilan sila ni Mrs. Ignacio. Nakatingin sa bintana si Jordan. Alam ni Irene, nakita siya ni Jordan.

Inis na bumaling uli si Mrs. Ignacio kay Jordan. Wala dito ang anak ko dahil ayaw ka nang makita, sabi ni Mrs. Ignacio, pero gusto kong sabihin mo ring sorry, Andy, para maikuwento ko sa kanya pag-uwi ko.

Tututol sana si Fr. Zuñiga pero nagsasalita na si Jordan. Sorry, Andy, sorry sa nagawa kong....

Hindi na tinapos ni Irene ang sinasabi ni Jordan. Mabilis siyang naglakad pauwi, nakayukong gustong maiyak, isinusumpa si Mrs. Ignacio at ang San Ildefonso.

Yak yak yakitiyak, sabi ng kanyang madrasta habang ipinaghahanda siya ng malamig na hapunan. Di niya ito pinansin. Tuluy-tuloy siyang pumasok sa kanyang kuwarto at naupo sa katre. Di na mapigilan ang pag-agos ng mga luha.

Irene....

Inimagine niyang nagsasabunutan sina Mrs. Ignacio at ang kanyang madrasta. At pareho silang pasa-pasa na at ang matatabang katawa'y nahuhubaran sa kalsada habang ang punong niyog ay naghihintay lang ng pagkakataong batuhin sila ng mga bunga.

Irene....

Ang boses ay parang sa lalaki, mababa at malalim. Boses iyon ng kanyang ina. Na madalas noon ay ginagaya niya. Pinahid niya ang kanyang mga luha at tumingin siya sa may bintana.

Andoon ang ina niya, si Elena, payat at maputing kagaya niya, 32 years old, nakaupo habang tumatama sa kalahati ng mukha nito ang liwanag ng poste mula sa labas kaya para itong nakamaskara.

Nagulat siya at di agad nakapagsalita. Saka... Nay?

O bakit, sagot ng ina niya, ba't ka nagulat?

Pinikit niya ang mga matang basa pa sa luha at saka siya nagmulat uli. Andoon pa rin ang ina niya.

Hinahanap niya sa isipan niya ang salitang nakita niya minsan sa dictionary. Conjure. Dahil ba sa matindi niyang kalungkutan ay pinagsama-sama niya lahat ng mga alaala

Para kay B

nito, laman at damit at kilos at itsura, hanggang sa na-conjure niya ang kanyang ina?

Ayaw mo bang andito ako? tanong ng ina niya.

Gusto po, sabi niya sabay lapit dito. Gusto niyang maiyak. Nay, totoo po ba talagang andito kayo?

Oo, sagot nito. Di ba sabi ko sa'yo, 'pag nangako ang isang tao dapat tinutupad? Nangako ako sa'yo noon na hindi kita iiwan.

Napangiti si Irene.

Tsaka malungkot ka at kailangan mo ako, patuloy ni Elena. Umiibig ka kasi nang di mo pa nalalaman ang ibig sabihin ng pag-ibig.

Nay naman e.

Tulungan mo nga ako dito, sabi nito. Di kasi kaya ng kaliwa kong kamay.

Tumayo ang ina niya at kinuha ang pulang cutex sa mesa. Saka iniabot kay Irene.

Pula ang paboritong kulay ng ina niya.

Habang nilalagyan ni Irene ng cutex ang ina ay patingin-tingin siya dito na baka bigla itong maglaho. Pero nakangiti lang ito sa kanya.

Pagkatapos ay bigla niyang niyakap ang ina. Inamoy ito na gaya ng laging ginagawa. Amoy ng mabangong sabon. Nay, sabi niya habang itinatago ang mukha sa folds ng bestida nito, kumbinsido na sa katotohanan nito. Nay... !

Kinaumagahan paggising ay agad niyang hinanap ang ina. Andoon pa rin ito. O, anong hinahanap-hanap mo d'yan? Bilisan mo na't me pasok ka pa. Pero tulungan mo nga muna ako dito. Tinulungan niya ang inang talian ng pulang garter ang ponytail nito. Tawa sila nang tawa na para bang wala itong ni katiting na pinagdaanang sakit.

Ba't di kayo lumabas, Nay, tanong niya sa ina, sugurin n'yo 'yung kabit ni Itay! Ang yabang-yabang!

Natawa lang ang ina niya. Hayaan mo na sila, sabi nito. Kung siya ang gusto ng Itay mo e. Minahal din naman ako ng Itay mo noon. Kaya nga ako ang pinakasalan niya, di ba? Pero me mga bagay na di nagtatagal. Maski pag-ibig.

Kaya ikaw, patuloy nito, kung ano man 'yang nararamdaman mo d'yan, bata ka pa, dahan-dahan lang.

Namula siya at yumakap na lang sa ina.

Buong araw siyang hindi nakapag-concentrate sa klase, gusto na uling makita ang ina, kaya pagka-ring na pagka-ring ng bell ay dali-dali siyang tumakbo pauwi. Pero pagdaan sa tulay ay may nakita siyang nagmamartsang mga estudyante at manggagawa, may hawak na placards at streamers. Umikot siya para umiwas.

Pagdaan sa tagiliran ay nakita niya sa ibaba, sa ilalim ng tulay, si Jordan, nakatayong nanonood ng rally. Napatigil si Irene, nanginig. Lumunok siya at humingi ng lakas ng loob sa kanyang puso, saka bumaba at tumayo sa di kalayuan kay Jordan.

Tigilan ang pagkalbo sa ating mga kagubatan! sigaw ng mga nagmamartsa. Patalsikin si Mayor Ignacio! Protektahan ang likas na yaman ng bansa! Pero wala sa kondisyon ng bansa ang kamalayan ni Irene. Nasa nakaplaster na uling sugat sa leeg ni Jordan. At sa pagkapahiyang nangyari dito noong nakaraang gabi.

Mula sa mga nagmamartsa ay may nahulog na isang cheap watch, bumagsak sa lupa sa may batuhan. Napatingin dito si Irene. Nakita niyang pumunta si Jordan at pinulot ito. Saka tumingin sa kanya. Huminto ang mundo at ang mga demonstrador. Nawalan ng tunog ang lahat. Sa mga bahay at mga bukid, kalsada at ilog, sa simbahan ng San Ildefonso, maging sa gubat kung saan kabilang sa mga trabahador ni Mayor Ignacio na nagpuputol ng naglalakihang punong-kahoy ay ang ama ni Irene, ang maririnig lang ay ang tibok ng puso ni Irene.

Kaya napatigil ang mga trabahador sa gubat, napatingala ang mga demonstrador sa tulay at mga magsasaka sa bukid, napalabas ng bahay ang mga inang hawak pa ang syanse sa pagluluto, kasama na ang madrasta ni Irene, upang tingalain sa kalangitan ang regular at malakas na tibok ng kanino kayang puso iyon?

Lumapit si Jordan. Salamat sa tulong mo n'ong isang araw, sabi nito. Ngumiti lang si Irene. Iniabot ni Jordan sa kanya ang cheap watch, saka sinabi nito, paglaki mo pakakasalan kita.

Parang binuhusan ng malaking timba ng tuwa ang buong katawan ni Irene. Seryoso ang boses ni Jordan, hindi nagbibiro. Malaki na ako, naisagot ni Irene na halos di marinig ang boses habang isinusuot ng nanginginig na kamay ang cheap watch.

Natawa si Jordan. Paglaki mo, ulit nito, pakakasalan kita.

Narinig din iyon ng mga trabahador sa gubat, at ng mga magsasaka sa bukid, at ng mga naglalakad sa kalsada, at lahat sila ay nakatingala na ngayon, hindi alam kung kanino iyon patungkol. Narinig din iyon ni Elena sa loob ng kuwarto. At ng madrasta ni Irene, na maski walang leeg ay nakatingala sa labas ng bintana, at nakasimangot dahil sa kanya ay walang nangangako ng ganoon.

Pangako, sabi ni Jordan.

Masayang-masaya si Irene pag-uwi. Nakangiti na namang mag-isa 'yang wirdo mong anak, sabi ng kanyang madrasta sa kanyang Tatay, na pawisan at kagagaling lang sa trabaho. Tinatahi ng madrasta ang puti nitong damit dahil kinabukasan ay pakakasalan na ito sa huwes ng kanyang ama. Araw-araw kasi hindi nito tinitigilan ang Tatay ni Irene, ano ba, kerida mo na lang ba ako habang buhay? Inuuod na sa sementeryo 'yung asawa mo!

Hindi sila pinansin ni Irene. Tuluy-tuloy siyang pumasok sa kuwarto at niyakap nang niyakap nang tuwang-tuwa ang ina, habang di mapakaling tingin nang tingin sa

suot na cheap watch. Ano ba'yan? tanong ng ina. Basta, sabi niya dito, basta!

Nang gumising siya kinaumagahan, ang pakiramdam niya ay punung-puno ng pagmamahal ang bintana, ang mga textbook niya sa mesa, ang nakalatag niyang bestida sa silya. Naglagay siya ng pulang ribbon sa buhok at nagpulbos. Nang tanungin niya ang ina kung maganda siya'y sinabi nitong siya ang pinakamaganda sa buong San Ildefonso. Tuwang-tuwang hinagkan niya ito.

Punung-puno rin ng pagmamahal ang mga mata ni Siony na nakalubog sa mga laman ng mukha nito. Nakatingin ito sa tatay ni Irene. Ikinakasal sila ng huwes sa municipal building. Katabi nila ang dalawang anak ni Siony, at ang dalawang witness na katrabaho ng Tatay ni Irene sa gubat. Inip na tingin nang tingin sa cheap watch niya si Irene.

Nang malingat ang lahat ay tumakas siya at dali-daling nagpunta sa simbahan. Dumiretso sa sakristiya. Wala na si Jordan. Umalis daw noong madaling araw.

Noong nakaraang gabi daw ay pinuntahan ni Mrs. Ignacio si Fr. Zuñiga. Kasama niya ang Mayor. Maski nag-sorry na'y gusto pa rin nilang palayasin ng pari si Jordan. Nagagalit ang Mayor dahil insulto daw sa kanyang posisyon at pagkatao ang nangyari. Kung di pa siya umuwi galing Maynila'y di niya malalaman!

Bilang ng mga donasyon ng Mayor sa simbahan: 263 thousand pesos a year.
Bilang ng kontribusyon ng Mayor sa Partido ng Presidente: 3.5 million a year.
Bilang ng sakop ng forest concession ng Mayor: 3,000 hectares.
Bilang ng mga punong pinuputol ng lumber company ni Mayor taun-taon: 13,752.
Bilang ng mga scholars ng Mayor: 27.
Bilang ng mga kabit ng Mayor: 3.
Bilang ng mga anak sa labas ng Mayor: 7.
Bilang ng mga napalayas ng Mayor sa San Ildefonso: 1. Si Jordan.

Tarantang pumunta si Irene sa bukana ng San Ildefonso. Wala si Jordan doon.

Nakaismid ang mga kerubin. Pumunta siya sa dating bahay nina Jordan. Wala rin ito. Nakatiwangwang ang sako.

Kinagalitan siya ng ama nang umuwi siya. Saan ka nagpunta? Kasal namin ng Tiyahin mo, bigla kang nawala! Nakangisi lang ang madrasta niya, nakatingin sa kanya.

Tuluy-tuloy siya sa kuwarto. Wala na ang silya sa may bintana. Wala na ang pulang garter sa mesa. Wala na ang kanyang ina.

Pumasok sa kuwarto ang ama niya. Ano ba'ng nangyayari sa'yo? Sinugod niya ito at pinagsusuntok sa hita. Umiiyak

lang siya, walang sinasabi. At maski pinipigilan na siya nito'y patuloy pa rin niya itong sinusuntok, tumatapon ang mga luha niya at di nito maintindihan ang kanyang galit.

Lumipas ang mga taon. Pinuno nang pinuno ni Irene ng mga alaala ang sarili upang makalimutan ang nangyari, pero habang dumarami ang laman ng kanyang isipan ay lalo namang iisa lang ang nasa gitna ng mga ito, na para bang mula noon, lahat ng pumasok na alaala ay naka-file sa kanyang utak in cross-reference to that single incident under the bridge, luma at gawa sa bato, habang nagmamartsa ang mga estudyante't manggagawa, mga paa at pulang bandila, tumatama ang araw sa lupa, at ang pangako ni Jordan habang iniaabot ang cheap watch, paglaki mo pakakasalan kita.

Kaya naghintay siya. Inilagay niya sa isang kahita ang cheap watch dahil tumigil na ang mga kamay nito pero iningatan niya. Kailanma'y di na nagbalik ang ina niya. Tinalian niya ng pulang garter ang sariling buhok at nagpatuloy siyang mabuhay. Tiniis ang mga yak-yak ni Siony at ang mapapaklang ngiti ni Mrs. Ignacio at nagtagal siya sa kinasusuklamang San Ildefonso. Pinalitan ni Erap si Ramos, nawala sa puwesto si Mayor Ignacio, sinira ng dumaang lindol ang lumang tulay, lalong lumaki ang sakop ng lumber concession ni Mayor Ignacio at mas lumaki rin ang bilang ng mga nagmamartsa, pinalitan ni Gloria si Erap, lalong lumala ang rayuma ni Mrs. Ignacio at sa gabi'y katabi pa rin ni Fr. Zuñiga ang kaputol ng buhok at Walkman na niluma na ng

panahon, pina-reconstruct ng bagong mayor ang tulay pero naambush ito at ngayo'y naiwang nakatiwangwang ang tulay kaya sa poblacion na umiikot ang mga demonstrador upang patalsikin si Gloria. Naghintay si Irene. Isang pangako, o biro lang ba 'yun, ilang mga salita. Pero naghintay siya.

Nang grumadweyt ng high school ay parang nakalayang iniwan niya ang San Ildefonso at nag-aral ng Statistics sa Maynila. Nang magkatrabaho ay nagpadala ng pera sa ama at tumawag dito paminsan-minsan. Pinadalhan rin niya ng regalong damit ang madrasta at mga anak nito. Pero kailanman ay di na siya nagbalik sa San Ildefonso.

Sa college ay nasangkot siya sa mga NGO. Naging kagaya rin siya ng mga demonstrador sa tulay, nakikipaglaban para sa iba't ibang isyu, pero gusto niyang isiping hindi siya puro pakikibaka lang. Kaya pinaiksi niya ang bestida at ang buhok, ipinagmalaki ang malalaking boobs, nakipag-date sa kung sinu-sinong lalaki and, being a woman of this age after all, she fucked around.

Naging close friends niya sa college sina Brenda at Susan nang tulungan niya ang dalawa sa exams. Di na sila naghiwalay. Nagtutulungan sa mga trabaho. Nagpapalitan ng kuwento tungkol sa iba't ibang lalaki. Sino na nga 'yung naka-date ko na nagyo-yoga kasabay ng poodle niya? itatanong ni Brenda.

Si Robbie, isasagot ni Irene, 2006!

Natawa si Brenda, lalo pang pumayat nitong nakalipas na mga panahon.

Para Lay B

E 'yung ka-date kong me nunal sa ilong? tanong ni Susan.

Toots, 2007!

E 'yung gusto me sushi sa naked bodies namin?

'Yung mahilig sa camomile tea?

'Yung humahagok kapag nilalabasan na?

O kaya naman ay magdamagang nagkukuwentuhan sila tungkol sa konsepto ng love.

SUSAN: Naalala mo 'yung mag-asawang teacher natin sa college. Walang anak. Lived together for 40 years. Nang mamatay 'yung wife at age 74, 'yung husband just lay down in bed and died. Really literally died!

BRENDA: Parang love birds!

IRENE: Iyon, pag namatay ang mate, nagsu-suicide!

BRENDA: Me nabasa naman ako, kinulong sa attic 'yung babaing mahal niya for 15 years. Dahil mahal daw niya. Nang matagpuan 'yung babae halos di makalakad, putlang-putlang parang multo, di na marunong magsalita. But he kept saying kaya niya ginawa dahil mahal niya.

SUSAN: What we do in the name of love!

IRENE: Ano ba kasi ang love?

BRENDA: Naku, definitions, definitions! Inom na nga lang tayo!

Ang naaalala ni Irene ay si Fr. Zuñiga, at ang usap-usapan sa San Ildefonso tungkol sa kaputol ng buhok at lumang recording sa Walkman nito. Kung kaninong boses ang nasa Walkman, kung buhay pa ba ang babae at kung nasaan, walang sinumang nakaalam.

Eventually si Brenda ay nagpakasal sa boyfriend na si Roger. Tatlong taon na sila pero ayaw pang magkaanak. Gusto kasi ni Roger na laging sexy si Brenda, kaya ito papayat nang papayat at hindi nagtagal ay nagpalagay na rin ng boobs na ka-size ng kay Irene. Kina Brenda nakatira si Irene, niri-rent ang kuwarto sa third floor ng townhouse. Me home business silang Take It, isang kombinasyon ng mga herbs na kapag ininom mo ay makakabawas ka ng 10 lbs sa isang linggo. Alam mo naman ngayon, sabi ni Brenda, ipangako mo lang na me instant formula diet ka, bibilhin na ng Pinoy!

Si Susan naman ay limang taon nang boyfriend si Teddy pero hindi sila nagmamadaling magpakasal. Respective careers daw muna. Call center agent si Susan samantalang si Teddy naman ay engineer. Equal sa lahat ng bagay ang terms ng relationship nila dahil naniniwala silang sa pag-ibig lahat ay pantay-pantay.

Para kay B

Naiinip sina Brenda at Susan kay Irene dahil hanggang ngayon ay wala pa siyang serious relationship.

Get real, girl! sabi ni Susan, 25 ka na!

You have to do something with your life! susog ni Brenda.

Bakit, sagot ni Irene, ang fate lang ba ng babae ay ang makatagpo ng tamang lalaki?

Hindi, sabi ni Brenda, pero mas masaya!

Come on, isasali namin ang pangalan mo sa Harmony, Inc!

Isa iyong website kung saan ima-match ka sa ka-compatible mo. Ibibigay mo ang vital stats mo at saka kukuha ka ng napakahabang psychological test. Daan-daan na ang nai-match nila.

H'wag na h'wag n'yong gagawin 'yan! banta niya sa mga kaibigan.

Kinuha ni Susan ang cheap watch mula sa bag ni Irene sabay sigaw, ito kasi, ito ang me kasalanan! Di na umaandar! Kagaya ng puso mo!

Totoo. Sa lahat ng kanyang relationships, there is a tentativeness, na para bang may hinihintay siya. Sa mga lalaki kapag nakikipag-date siya, she avoids the letter J. Pag sinabi nang Joel o Jerry o Jeremiah ang pangalan, iniiwan na niya. That letter is reserved only for Jordan.

Kaya si Donald na ka-dinner nila ngayon, na manghang-mangha nang mamemorya niya ang menu pero sa boobs pa

rin niya nakatingin, nang casually ay i-drop nito sa conversation na ang totoong pangalan nito ay Jerome Donald, hindi na niya ni-replyan ang mga text.

Kung gan'on talaga kahalaga sa'yo si Jordan, sabi ni Susan kay Irene, ba't di mo hanapin? Fate ang nagdala sa kanya sa'kin, sagot ni Irene, fate din ang magbabalik sa kanya sa'kin. Fate, fate! sabi ni Brenda. Pride kamo!

Pero the next day kumilos na ang fate. She met Jordan.

Sa lobby ng isang four-star hotel. Nagmimeryenda sila ng mga katrabaho sa Golden Products, napagod sa ilang oras na diskusyon kung paano pa mas magandang ipa-package ang kanilang papahina-ang-bentang dairy products. Nagpaalam siya sandali para mag-CR. Saka napatigil siya. Kinutuban. Tumingin sa kaliwa.

Ordinarily, kapag ganitong napapatingin siya sa mga tao sa lobby, nililibang niya ang sarili sa pamamagitan ng paghula kung ano ang timbang ng bawat isa, at saka halimbawang may 30 people doon, kasali na ang receptionists at concierge at bellboys, susumahin niya sa kanyang utak. Kaya masasabi niyang the combined timbang of all the people in the lobby ay 4 thousand 5 hundred pounds.

Pero ngayon ang focus niya ay wala sa sampung lalaki at babaing agitated na nagdidiskusyon, kundi sa isa sa kanila, who stood out. 5 feet and 10 inches. Black hair parted sa tabi. Me suot na amerikana at asul na kurbata. Black pants with leather belt. Si Jordan.

Para kay B

Naramdaman niya uli ang malamlam na sikat ng araw sa ilalim ng tulay. Ang hangin sa kanyang mga bisig. Ang pigil niyang paghinga. Fourteen years pero parang ang lahat ay kahapon lamang. Gusto niyang matumba.

Hindi nagtagal ay humiwalay si Jordan sa mga kausap at naglakad papunta sa pintuan. Dala-dala ang kanyang bag ay dali-daling lumapit si Irene. Excuse me! Napatingin si Jordan. Faint na faint na ang pilat sa leeg nito.

Habang kumakabog ang dibdib ay tinanong ni Irene kung ito si Jordan. Ngumiti ang lalaki, saka tumango. And you are…? tanong nito kay Irene.

Casually she dropped the name Irene Magsinoc. Walang matandaan si Jordan. Gustong mag-panic ni Irene. Para siyang nahihilo.

Niyaya siya ni Jordan sa isang crowded café, iba doon sa pinagmemeryendahan nila ng mga katrabaho, at doon ay tinanong niya uli ito. Di ba sa San Ildefonso ka lumaki? Inampon ka ni Fr. Zuñiga?

Tumigas ang mukha ni Jordan. Hindi ito kumibo. Sa kabilang mesa ay nagtatalo ang customer at ang waiter dahil mali daw ang dumating na order. Sorry, sabi ni Irene, ayaw mo na sigurong maalala. Pero me natatandaan ka ba, habang me mga nagmamartsa sa tulay….

Wala pa ring matandaan si Jordan. Parang bigla itong nagmamadali na uli. Tumingin sa relo nito, saka naglabas na ng wallet para bayaran ang nainom nila.

Dali-daling inilabas ni Irene ang pamatay niyang ebidensiya—ang cheap watch sa bag niya. Iniabot niya kay Jordan.

Pinagmasdan ni Jordan ang cheap watch. Parang me hawak siyang isang napigtal na bahagi ng katawan ng isang taong matagal nang namatay. Saka umiling siya at ibinalik ang cheap watch kay Irene.

Parang gusto na lang ni Irene lumubog. Pero kailangan niyang subukan pa rin. Kaya nagpatuloy siya. Isang batang babae, sabi niya, isang binatilyo, pinangakuan n'ong lalaki 'yung babae, paglaki mo pakakasalan kita....

Natawa si Jordan, thinking that she was making up the story. Pero napatitig na ito kay Irene, na naka-plunging green blouse at natural lipstick, malulusog ang boobs, at kung iku-kumpara din lang naman sa mga nasa lobby nang oras na iyon ay siya na'ng pinakamaganda.

Kita sa mga mata ni Jordan na attracted na ito. Nag-settle uli ito sa upuan. Siya 'yung tipo ng lalaki, naisip ni Irene, na maski sinong babae ay makukuha. Guwapo, asensado at smart. Malayung-malayo sa payat na lalaking nakatsinelas na punit noon.

Hiningi ni Jordan ang pangalan at phone number niya. Habang hinahanap niya sa bag ang calling card ay tinatanong niya sa sarili, minahal ba talaga niya ang lalaking ito, o umibig lang siya sa isang alaala na gaya ng sabi nina Brenda?

Para kay B

Nagpa-excuse siya saglit ke Jordan at tinawagan sina Brenda at Susan sa cellphone. Nag-conference call sila. Na-meet ko na siya, sabi niya, si Jordan! Pero di ako nakilala ng gago!

So, what will you do? tanong nina Brenda. Ano ang gagawin niya sa lalaking itong walang maalala? She fucked him.

Dinala niya si Jordan sa isang maliit na hotel and she fucked him with all her body and soul. Para siyang isang amasona, umuuga ang malalaking suso at umiindayog ang buong katawan, with an army of memories behind her, goading her, urging her on, sige pa, ituloy mo pa, habang nakaupo siya sa hubad na pawisang katawan nito, inaatake nang buong libog ang nakalipas at kasalukuyan at hinaharap nito, hanggang sa wala na itong magawa kundi parang nagpapasaklolong umungol at humingal na lang.

Three meters away from them ay ang mesita, kuwadrado at me phone directory at teleponong itim sa ibabaw. Halos katabi nito ang isang silya. At doon sa silya, nakaupo with her red cutex and red-gartered ponytail, ang kanyang ina. Thirty-two years old pa ring kagaya noon. Awang-awang nakatingin kay Irene.

Hindi pinansin ni Irene ang ina at nagpatuloy. Ba't maaawa sa kanya ang ina? Patay na ito. Nang matapos ay dali-daling tumayo si Irene, tumatagaktak ang pawis sa buong katawan. Nagbihis. Tumayo din si Jordan, itinakip ang tuwalya sa katawan, at nagpunta sa banyo.

Kinuha ni Irene ang calling card niya sa bulsa ni Jordan at saka, hindi tumitingin sa ina, umalis siya.

Umaagos ang mga luha niya habang mabilis siyang naglalakad sa corridor pero di siya lumingon. Lumabas ng kuwarto ang ina niya at tinawag siya, anak, magbalik ka, pero di niya ito pinansin. Hindi niya kailangang lumingon. Habang nakikita ng mga mata niya ang bawat detalye ng lahat nang madaanan, basurahang umaapaw sa gilid ng kuwarto, paisa-isang tulo ng naglik-leak na aircon ng kasunod na kuwarto, floor mop sa may hagdan, ay parang sumpang humahalo dito ang mga detalye ng nakalipas, pilat sa leeg, pulang ribbon sa buhok, nagbabagsakang punongkahoy sa gubat, cheap watch sa ilalim ng tulay, at isang pangako, isang pangakong narinig sa buong San Ildefonso.

Sandra, Ang Ikalawang Kwento



TRAVELERS INN ANG PANGALAN NG HOTEL NA pinagdalhan ni Irene kay Jordan. Maski maliit lang ay malinis naman. May 20 rooms, isang conference hall, dalawang coffee shop, at isang maliit na dance hall. Madalas puntahan ng mga biyaherong galing probinsiya, mga nagpapaseminar, mga nagsu-short time sa bawal na pag-ibig.

Ang cashier dito ay si Sandra, 32. Maganda si Sandra, malinis manamit, at kung tatanungin kung ano sa mga ugali niya ang sa palagay niya'y pinakamaganda, sasabihin niyang ito ay ang kanyang pagiging fair. Lagi niyang tinitimbang ang magkabilang panig, ang mali at ang tama, at saka siya gumagawa ng desisyon. Sa umagang ito, katatapos lang niyang mag-mediate sa diskusyon ng janitor at ng waiter, na hindi magkasundo tungkol sa kanilang mga shift.

Tuwang-tuwang nagbalik sa mesa niya si Sandra. Noon niya napansin na nakangiting nakatingin sa kanya ang isang lalaki. Payat, siguro'y may 25 years old na. Isa itong writer. Tatlong araw nang naka-check in sa hotel para magsulat.

Pinuri siya ng Writer sa ginawa niya. Fair daw siya. Wala 'yun, sabi ni Sandra. Sa bahay kapag nanay ka madalas nag-aaway ang mga anak mo, kaya nasasanay kang maging fair. Saka ang Writer naman ang tinanong ni Sandra. Tungkol saan ang sinusulat mo?

Limang love stories daw ang sinusulat nito. Me teorya daw kasi ito tungkol sa pag-ibig.

Ito ang teorya ng Writer:

Me quota ang pag-ibig. Sa bawat limang umiibig, isa lang ang magiging maligaya. Ang iba, iibig sa di sila iniibig. O iibig nang di natututo. O iibig sa wala. O di iibig kailanman.

Natawa si Sandra, ayaw maniwala.

Tumingin ka sa palibot sa mga kaibigan mo o kaopisina, sabi ng Writer. Ilan sa kanila ang tunay na masaya?

Relative naman ang pagiging masaya, sabi ni Sandra.

Excuse ng mga malulungkot, sagot ng Writer. Saka nagpatuloy.

Ang iba'y iibig sa maling panahon, umibig noong 1980s, nakipagmartsa sa mga aktibista, pero ang taong nakatakda para sa kanya ay nabuhay noon pang 1930s, isang rebelde laban sa mga Amerikano, matagal nang namatay. Kaya she keeps falling in love sa mga lalaking mas matatanda,

Sandra, Ang Ikalawang Kuwento



Travelers Inn ang pangalan ng hotel na pinagdalhan ni Irene kay Jordan. Maski maliit lang ay malinis naman. May 20 rooms, isang conference hall, dalawang coffee shop, at isang maliit na dance hall. Madalas puntahan ng mga biyaherong galing probinsiya, mga nagpapaseminar, mga nagsu-short time sa bawal na pag-ibig.

Ang cashier dito ay si Sandra, 32. Maganda si Sandra, malinis manamit, at kung tatanungin kung ano sa mga ugali niya ang sa palagay niya'y pinakamaganda, sasabihin niyang ito ay ang kanyang pagiging fair. Lagi niyang tinitimbang ang magkabilang panig, ang mali at ang tama, at saka siya gumagawa ng desisyon. Sa umagang ito, katatapos lang niyang mag-mediate sa diskusyon ng janitor at ng waiter, na hindi magkasundo tungkol sa kanilang mga shift.

Tuwang-tuwang nagbalik sa mesa niya si Sandra. Noon niya napansin na nakangiting nakatingin sa kanya ang isang lalaki. Payat, siguro'y may 25 years old na. Isa itong writer. Tatlong araw nang naka-check in sa hotel para magsulat.

Pinuri siya ng Writer sa ginawa niya. Fair daw siya. Wala 'yun, sabi ni Sandra. Sa bahay kapag nanay ka madalas nag-aaway ang mga anak mo, kaya nasasanay kang maging fair. Saka ang Writer naman ang tinanong ni Sandra. Tungkol saan ang sinusulat mo?

Limang love stories daw ang sinusulat nito. Me teorya daw kasi ito tungkol sa pag-ibig.

Ito ang teorya ng Writer:

Me quota ang pag-ibig. Sa bawat limang umiibig, isa lang ang magiging maligaya. Ang iba, iibig sa di sila iniibig. O iibig nang di natututo. O iibig sa wala. O di iibig kailanman.

Natawa si Sandra, ayaw maniwala.

Tumingin ka sa palibot sa mga kaibigan mo o kaopisina, sabi ng Writer. Ilan sa kanila ang tunay na masaya?

Relative naman ang pagiging masaya, sabi ni Sandra.

Excuse ng mga malulungkot, sagot ng Writer. Saka nagpatuloy.

Ang iba'y iibig sa maling panahon, umibig noong 1980s, nakipagmartsa sa mga aktibista, pero ang taong nakatakda para sa kanya ay nabuhay noon pang 1930s, isang rebelde laban sa mga Amerikano, matagal nang namatay. Kaya she keeps falling in love sa mga lalaking mas matatanda,

Para kay B

sa totoo lang, wala siyang nagugustuhan isa man sa kanila. Naiinggit siya sa mga kaklaseng nakakadalawa-tatlo nang boyfriend.

Isang hapon ay inutusan siya ng ina na tulungan ang Kuya Lupe niyang kumuha ng ilang paninda sa bodega para sa kanilang maliit na tindahan. Sa bodega'y napakainit at ang pakiramdam ni Sandra'y pinagpapawisan ang buong katawan niya. Noong may mini-grocery pa sila'y dito nakaimbak lahat ng mga paninda. Pero ngayong ang mini-grocery nila'y nalugi't naging isang maliit na tindahan na lang, ang bodega'y pinagtambakan na ng kung anu-anong lumang gamit.

Nakasalawal lang at T-shirt ang Kuya Lupe niya. Maiksi ang kapapagupit lang na buhok. Tinanong nito kung bubuksan pa ang electric fan pero sabi niya'y huwag na. Pinagtulungan nilang buhatin ang lumang baul na nakaharang sa mga paninda. Muntik na nila itong mabitiwan kaya nagkahawakan sila ng kamay. Nagkatinginan. And they knew.

Dali-daling tumalikod ang Kuya niya at saka lumabas. Tahimik lang na nakatayo si Sandra, di makagalaw sa nadiskubre, saka napatingin sa palibot, sa electric fan na hindi nabuksan, sa bodega na parang ngayon ay alam na kung bakit wala siyang sinasagot sa kanyang mga manliligaw.

Mula noon kapag nakatingin siya sa labas ay parang sinusunog ng araw ang mga bahay. Paypayan nang paypayan ang pawisang mga tao sa di matapus-tapos na init. Sa loob

ng bodega, binubuksan niya nang todo ang electric fan dahil para siyang sinisilaban.

Nireto niya kung kani-kanino ang kapatid. Kay Portiang parang bangka ang balakang. Kay Lilia na ang nunal sa tungko ng ilong ay parang bangaw. Kay Maria na ang bad breath ay sumasakop sa buong sala. Pinipili niya ay mga babaing di magugustuhan ng Kuya niya.

Minsan ay nakahigang nagpapahinga sila sa bodega. Naglatag sila ng banig. Conscious na conscious si Sandra na maganda siya sa suot na bagong pink na bestida. Binuksan niya ang electric fan.

Nagsimulang tumugtog sa gitara si Lupe. Nagsasayaw ang mga daliri ni Lupe sa mga kwerdas at hinihigop si Sandra ng bawat akyat at baba ng mga nota. Alam ni Sandra na maski magtakip siya ng tainga, o kaya'y tumigil sa pagtugtog si Lupe, maririnig pa rin niya ang musika.

Ibinaba ng Kuya niya ang gitara at sinabing balang araw ay pupunta ito ng Maynila. Magmi-miyembro ito sa isang sikat na banda at makikilala sa buong Pilipinas. Lahat ng kantang iku-compose nito ay dedicated kay Sandra.

Sa excitement ay nahalikan ni Sandra ang Kuya niya. At hinalikan din siya nito. Saglit lang, nagdikit ang mga labi nila. Sa pakiramdam ni Sandra ang musika ay nalipat sa kanilang mga pagkatao. Tumayo ang Kuya Lupe niya at dali-daling umalis.

Para kay B

Dalawang araw itong hindi umuwi. Tanong nang tanong ang ina nila kung nasaan ito. Nasa kaibigan daw nakikitulog, sabi ng katulong nila, nagri-review para sa exams.

Siya naman ay nginangatngat ng pinaghalong guilt, excitement, kaba at pag-asa. Pinapawisang nakaupo siyang mag-isa sa bodega na parang tanga, nakatingin sa nakasabit na gitara.

Nang bumalik ang Kuya niya'y di sila nag-usap. Ni di sila nagtinginan. Tatlong araw na katumbas ay kamatayan.

Isang gabing nasa mga pinsan ang mga magulang nila ay malungkot siyang nakatalungko lang sa bodega. Umaandar ang electric fan pero naaamoy pa rin niya ang init. Kung anu-ano ang pumapasok sa balisa niyang isip. Gusto niyang magsasayaw na lang basta sa kalsada. Gusto niyang magpakamatay. Gusto niyang magpakalayu-layo. Gusto niyang biglang sagutin na ang isa sa mga manliligaw niya, iyong laging kinu-quote si Shakespeare.

Pumasok ang Kuya niya. Nakatingin ito sa kanya, parang nagmamakaawa. Napatingin din siya dito, nagpapaawa. Kinakabahang nasiyahan si Sandra nang tawirin ni Lupe ang distansyang nakapagitan sa kanila. Hinablot siya nito at saka hinagkan. Dugo sa dugo, at laman sa laman.

Nang matapos sila'y pareho silang hindi makapagsalita, nagkakatinginan lang. Ilang beses na naulit ang insidente. Di nila pareho maintindihan ang paghahalo ng kaba at excitement sa kanilang mga katawan. Mga panakaw na sulyap. Ipagluluto kita, Kuya, ng paborito mong mechado. Mga

padaplis na hawak ng kamay habang tinuturuan siya nitong mag-gitara. Ang wisik ng benditadong tubig sa mga ulo nila sa simbahan. Sandra, anak, ba't ba kung saan-saan ka nakatingin? Mga buntunghininga sa bagal ng pag-usad ng walang kooperasyong oras upang dumating na ang mga sandaling kakanlungin na uli sila ng pawisang bodega.

Naging makasarili siya sa bodegang iyon. Ayaw niyang may iba pang papasok doon. Kapag may kailangang kunin ay siya na ang nagbu-volunteer. Siya na rin ang regular na nag-iisis ng mga dingding at sahig nito, minamahal ang bawat sulok nito, lalo na ang pinto. Ang pinto ang pinakamatagal niyang nililinis at hinahaplos, minsan pa ay hinahagkan. Ito ang nagtatago ng kanilang matamis na sekreto. Mahawakan lang niya ito, maski wala si Lupe, lulutang na sa buong bodega ang napakagandang musika ng gitara.

Natuwa ang kanilang mga magulang sa pagiging close nilang magkapatid. Binurda niya ang initials ni Lupe sa isang panyo at iniregalo dito. Mas sinipag siya sa pag-aaral. Mas nagpaganda at nag-eksperimento ng kung anu-anong pinapahid sa mukha. Sinabihan niya lahat ng mga manliligaw niya na she wants to be fair with them, ayaw pa niya munang magka-boyfriend. Nalungkot si Shakespeare.

Pero kapag mag-isa nang natutulog sa kanyang kuwarto'y laging nginangatngat ng guilt si Sandra. Alam niyang mali. Ayon sa mga nababasa niya'y parurusahan ka ng Diyos. Magkakaanak ka ng me diperensiya sa utak.

Para kay B

Ano'ng gagawin natin? tanong niya kay Lupe. Hindi ko rin alam, sagot nito. Saka sila kapwa nakatulog na parehong hubad, pinapalo ng hangin ng electric fan. Pagkalipas ng ilang sandali ay naramdaman na lang niya ang mga kamay ng ama nila, hinihila siya sa mga bisig. Tumili siya. Sinampal siya ng ama. Humarang si Lupe. Hinampas ito ng ama ng gitara nito. Paulit-ulit. Iniharang niya ang katawan. Dali-daling lumapit ang ina niya at binalabalan siya ng kumot.

Mga hayop kayo! sigaw ng ama nila. Magkapatid kayo!

Nagmamahalan po kami, sabi ng Kuya niya.

Totoo ba? umiiyak na tinanong si Sandra ng ina.

Hindi makasagot si Sandra. Nakayuko lang.

Totoo ba!

Natakot si Sandra. At sa mga susunod na taon ay hindi siya matatahimik sa kaiisip kung tama ba o mali ang ginawa niya, kung fair ba. Pero nang tanungin siya ng ina ay umiling siya. Hindi po.

Hinablot ng ama nila si Lupe at saka ibinalibag. Paano mo ito nagawa sa sarili mong kapatid! Dumampot siya ng silya at hinampas si Lupe. Paulit-ulit. Natumba pati electric fan.

Duguang gumagapang si Lupe na lumapit kay Sandra. Sumama ka sa akin, pupunta tayo ng Maynila!

Di siya kumikibo, nakayuko lang, nanginginig sa takot, iniisip na sana matapos na ito, sana matapos na lang lahat ito.

Binuhat ng ama nila patayo si Lupe, at saka pinagsusuntok uli. Lumalabas na ang dugo sa biyak na labi ni Lupe.

Mahal ko siya, sabi ni Lupe.

Kademonyohan iyang nasa isip mo! sagot ng ama nila. Ano'ng alam mo sa pagmamahal!

Patutunayan ko, matigas na sabi ni Lupe, nakabulagta. Saka tumingin siya kay Sandra. Pinipilit niyang hulihin ang tingin ni Sandra pero hindi makatingin si Sandra.

Maski nanghihina ay tumayo si Lupe. Inilagay niya ang kanang kamay sa pagitan ng pinto. At saka buong lakas na isinara ito. Narinig nila ang pag-crush ng kanyang mga buto.

Napatili ang ina nila pero di makalapit dahil pinipigilan ng ama. Nanghihinang natumba si Lupe. Awang-awang napatingin si Sandra. Gusto niyang daluhan si Lupe pero ayaw gumalaw ng mga paa niya.

Lumayas ka, nasabi na lang ng ama nila.

Pinilit ni Lupe na tumayo. Naaawang aalalayan sana uli ito ng ina. H'wag mo siyang lalapitan! sigaw ng ama nila.

Sumandal si Lupe sa dingding upang makatayo, nakalaylay ang kanang kamay.

Nagkatinginan sila ni Sandra. Nagsusumamo ang mga mata ni Lupe kay Sandra pero nanginginig si Sandra sa takot. Lumapit ang ama nila at itinulak si Lupe paalis. Sandra! sigaw ni Lupe habang hila-hila ng ama palayo. Sumama ka sa akin, Sandra!

Babaguhin ko ang buhay ko, iniisip ni Sandra habang nanginginig na nakayuko at ini-imagine na umaalis na at palayo na nang palayo si Lupe. Patawarin n'yo po ako, babaguhin ko ang buhay ko.

Para kay B

Sa labas sa bakuran, ang panyo ay umiindayog habang nakasabit sa sanga ng punongkahoy.

Sa paglipas ng panahon, habang tinutulungan niyang maggayat ng sibuyas ang ina minsan ay magtatanong ito. Ano na kaya ang nangyari sa Kuya mo? Wala iyong pera nang umalis.

Saka babalik sa niluluto ang ina niya, walang ini-expect na sagot. At di na uli mababanggit ang Kuya niya. Siguro mga isang linggo. Bago uli, habang pinapatay ng ina niya ang napakaraming langgam na pumasok sa bodega, na ngayon ay pinapayagan na ni Sandra na me ibang makapasok at maglinis, magtatanong uli ang ina, napatigil lang saglit habang me hawak na walis, ano na kayang nangyari sa Kuya mo?

It's a pain that the whole house carried through Christmases, Valentine's Days, Mother's Days, All Soul's Days. Kapag nagbabatian na ang mga tao sa labas at magkakayakap nang nagsisigawan, Happy New Year! Happy New Year!, magyayakap din silang tatlo, pero alam nilang me kulang.

Isang araw, sa isang crossing na notorious sa mga aksidente, iyong laging me sign na nagsasabing dangerous curve, nabangga ang sinasakyang dyip ng mga magulang niya. Namatay agad ang ama niya pero ang ina niya'y naghingalo. Hinawakan siya nang mahigpit ng ina at bago namatay ay sinabi nito, hanapin mo ang Kuya mo, sabihin mo magbalik na siya.

Lumuwas siya ng Maynila at tumira sa mga tiyahin. Gumawa siya ng sariling espasyo, isang portion ng kuwarto na nahaharangan ng kurtina, na walang makakapasok, na walang makakapakialam. Doon siya nagpupuyat sa pag-aaral ng lessons sa vocational.

Matagal bago niya nagawang tumingin sa mga pinto nang hindi nakakaramdam ng saksak sa dibdib. Matagal bago niya nakaya ang magtagal sa loob ng isang nakasarang pinto. Kaya lang, maski di siya gumagalaw at umaalis sa maliit niyang espasyo, ang kamalayan niya ay nakaalis na, gumagala, hinahanap ang kanyang Kuya sa lahat ng sulok ng Maynila, humihingi dito ng tawad dahil hindi niya naipag-tanggol ang pag-ibig nito.

Hindi nagtagal ay nagka-boyfriend siya. Isang pag-ibig na pinag-aralan. Wala ang mga di inaasahang pagkilig ng kalamnan, o di mawaring pagkislot ng puso. Lahat ay timplado hanggang sa pinakahuling ingredient. Bawat kilos, bawat ngiti, maididispley. Maski ang mga I love you nila ay bilang, pero tama.

Mahirap lang si Ruben kaya kung mamasyal sila ay sa Luneta. Kung kumain ay sa mga karinderia. Halos kasing-tangkad lang niya si Ruben, kayumanggi at mahilig mag-polo maski mumurahin. Nakatapos ito ng Education at kaagad ay nakuha bilang clerk sa korte, kung saan sabi nila ang kagaya nitong taong disente at marangal ay isang asset. Miyembro rin ito ng unyon ng government employees.

Para kay B

Isang gabi noong patapos na ang milenyo, ang usapan ng buong bansa ay puro tungkol sa mga hulang baka magwawakas na ang mundo. Ito ay dahil sa kabila ng pangyayaring ang sangkatauhan ay pinagdudugtong na ng teknolohiya at ang mga bansa ay napakadali nang puntahan, lumalala pa rin ang mga lindol, baha, graft and corruption at krimen. Pahirap nang pahirap ang Pilipinas. Isang batang babae ang nagbigti dahil nahihiyang humingi ng pera sa ama para sa school project. Isang ina ang pagkatapos lumason sa mga anak na di na makayanang pakainin ay nagpakamatay din. Ang krimen ay naging pangkaraniwang paraan na lamang upang mabuhay.

Pauwi sila ni Ruben mula sa Luneta at napadaan sila sa madilim na bahagi ng baywalk. Takot siya sa dilim kaya sabi niya kay Ruben ay magmadali sila. Pero bago sila nakaliko ay may tumutok nang patalim sa tagiliran ni Ruben. Akina ang cellphone n'yo, sabi ng nanutok.

Ang pitlag ng puso niya ay gawa ng takot, at ng recognition. Di niya kailanman makakalimutan ang boses na iyon.

Akina ang cellphone n'yo!

Humarap si Sandra at tumama ang ilaw ng poste sa kanyang mukha. Nakatingin ang lalaki sa kanya. At nakatingin siya dito.

Nakalaylay ang kanang kamay nito. Ang katawan ay payat na payat at waring mabilis na pinatanda ng panahon. At iyon ang gusto niyang itanong. Anong nangyari sa'yo, Kuya?

Pero di na niya naitanong. Marahas na kinuha ni Lupe ang cellphone ni Ruben. Inabot ni Sandra ang cellphone niya pero di ito kinuha ni Lupe.

Agad itong tumalilis at nawala sa dilim.

Di na siya natahimik mula noon. Somehow nasira na ang relationship nila ni Ruben. Iniwasan niya ang mga tawag nito at nagdahilan siya sa mga lakad nila. Madalas ay nasa bahay lang siya, nakatulala sa cellphone, na para bang nag-karoon ito bigla ng madilim na meaning. Naghihintay siya ng tawag ng salvation.

Dumarating nga minsan ang mga tawag. Pero walang nagsasalita. Me naririnig lang siyang paghinga. Kuya? Pero walang sumasagot.

Isang araw ay nagsalita ang nasa kabilang linya. Sandra....

Sapat na iyon para humagulgol nang humagulgol si Sandra.

Nagkita sila sa isang mumurahing motel sa Pasay. Marumi. Masikip. Napakainit dahil umaandar man ay sira ang aircon.

Noong una'y awkward na nakatayo lang sila sa gitna ng kuwarto, parang hindi magkakilala, parang hindi magka-dugo. Si Lupe ang humakbang palapit, hinablot siya ng kali-wang kamay nito at saka di na siya pinakawalan. Hinagkan siya nito at nagdikit ang mga katawan nilang parang hindi nakakaintindi ng paghihiwalay.

Para kay B

Ang monotonous na tunog ng aircon. Ang images sa TV na walang sound. Ang mga tsinelas sa sahig. Ang matigas na unan. Ang tuwalyang di pa nagagamit. Ano na ang gagawin natin?

Guilt consumed them again bagamat wala nang mga magulang na magsasabing mali ang lahat. Nagpunta sila sa simbahan sa Quiapo pero parang sila ang pinatutungkulan ng sermon ng pari. Nakatayo si San Pedro dala ang kanyang manok, tilaok ng pagtutol.

Nagpunta sila sa puntod ng kanilang mga magulang. Nilinis ni Lupe ng dalang basahan ang ibabaw ng puntod. Lagi kang binabanggit ng Nanay, sabi ni Sandra. Maski noong mamamatay na siya ang sabi niya hanapin daw kita at....

Tumingin si Lupe kay Sandra, na parang sinasabing ayaw niyang pag-usapan iyon. Natahimik si Sandra. Nagpatuloy si Lupe sa paglilinis ng nitso, nakayukong punas nang punas sa ibabaw nito. Napatingin si Sandra sa itaas. Napakaliwanag ng langit, wala ni ulap.

Sa mga paglabas-labas nila'y laging si Lupe ang gumagastos maski madalas ay nahuhuli ito ni Sandra na patagong nagbibilang ng kokonting pera sa bulsa. At sa gayon ay palihim na isusuksok ni Sandra ang pera niya sa bulsa ni Lupe. Na madidiskubre din nito at palihim na ibabalik sa kanyang wallet.

Minsan ay nagpunta sila sa isang restaurant at kumain ng paboritong mechado ni Lupe. Nagbibirong sumubo

nang sumubo si Lupe na parang ayaw tumigil. Nagtatawang sinaway siya ni Sandra kaya lalo pang nilantakan ni Lupe ang pagkain. Naghalo ang kanilang mga tawa na para bang mga melodiya ng musikang sa isa't isa lang nakakatagpo ng ritmo.

Tumatawang nagkatinginan sila. Saka nagdaan pareho sa isipan nila. Paano kung tumira sila sa ibang lugar, magpanggap na hindi magkapatid? Maging ibang mga tao? Na-excite si Sandra sa mga posibilidad. Puwede siyang magpanggap na waitress! Minsan naman ay teacher! OFW! Isang ex-nun kaya! Malay niya sa loob pala niya ay nagtatago ang isang frustrated actress!

Napangiti si Lupe. Ang nakikita niya ay ang disisiyete anyos na kapatid na masayang sasayaw-sayaw sa bodega habang pinangangakuan niya ng mga kantang di pa niya naku-compose.

Ilang beses pa silang nagtagpo sa motel na iyon. Madalas ay sinasabi ni Lupe ang mga pangarap niya para kay Sandra. Mga pangarap na sa paglipas ng panahon ay maaalala pa rin ni Sandra, word for word, na parang naka-implant na sa kanyang utak. Sarili niyang bahay dito sa Maynila, hindi iyong nasa Quezon na kailanman ay di na niya binalikan. At saka isang masayang pamilya. Mga anak. Isang maliit na negosyo. Sa mga pangarap na iyon, napapansin ni Sandra, ay hindi isinasama ni Lupe ang sarili.

Para kay B

Kapag himbing nang natutulog si Sandra sa motel ay di mapigilan ni Lupe ang paulit-ulit na i-check ang pintuan maski kanina lang ay sinigurado na niyang naka-lock ito. Ugali itong di niya matanggal saan man siya tumira.

Saka mauupo siya't pagmamasdan lang ang natutulog na si Sandra habang iniisip na kailangan niya itong protektahan sa lahat ng panganib. Hindi na bago kay Lupe ang salitang panganib. Sa naging buhay niya ng walang hanggang pakikipagtaguan sa batas, patalun-talon sa mga pusalian at eskinita, labas-pasok sa kulungan, binubugbog ng mga pulis upang ipagtapat kung sino ang pinuno ng grupo ng mga snatcher, nilulunok-isinusuka niya gabi-gabi ay panganib. Maski sa tinitirhan niyang squatters area ngayon, ang mga sundalo ay naka-deploy na, nakikipag-kaibigan sa mga mahihirap, namimigay ng instant noodles habang nagtatanong tungkol sa kilos ng mga kakatwang taong kagaya ni Lupe. Kung may panganib mang darating sa buhay ni Sandra, alam ni Lupe na siya ang unang pang-gagalingan noon.

Hindi nagpaalam si Lupe. Alam niyang hindi papayag si Sandra. Pinagmasdan lang niya ito mula sa malayo habang pumapasok ito ng motel. Saka naglakad palayo si Lupe. May nakita siyang tinedyer na babaing may kausap sa cellphone. Lumapit nang dahan-dahan si Lupe at pumosisyon para isnatsin ang cellphone.

Nandoon si Sandra lagi, mag-isa, naghihintay, sa motel. Room 23. Ang mga tsinelas sa sahig. Ang tuwalyang di magagamit. Ang monotonous na tunog ng sirang air-con at ang images sa walang tunog na TV.

Nang magbuntis siya'y takot na takot si Sandra. Nakahinga lang siya nang maluwag nang pagkapanganak ay makita niyang normal ang itsura ng baby. Walang nakaalam dahil mula nang magbuntis siya'y umiwas na siya sa mga kamag-anak at dating kaibigan. Mag-isa siyang nakatira sa isang maliit na kuwarto sa Sampaloc kasama ang kanyang baby.

Belinda, sagot niya sa pari nang tanungin nito ang pangalan ng baby noong binyag, habang mag-isa niya itong karga-karga. Nagtaka ang pari dahil wala siyang kasama maski ninong. Kaya pinakiusapan na lang nito ang sakristan.

Nagbabalik pa rin si Sandra sa Room 23. Naghihintay. At isang araw ay may kumatok sa pinto. Nang buksan niya, si Ruben, may hawak na isang bungkos ng red roses, dala-dala ang tama nitong pagmamahal. Matapos makasal ay tumira sila sa isang maliit na apartment sa Tandang Sora at tuwing umuuwi galing trabaho si Ruben ay may pasalubong kay Belinda.

Mabagal ang paglaki ni Belinda. Mas maliit ito kaysa sa karaniwang bata at kahit eight years old na'y wala pang sampu ang nasasabing mga salita. Matagal bago natutong gumamit ng banyo at madalas, kapag kumakain, ay naiihi sa panty. Nagta-tantrums.

Para kay B

Madalas din sa gabi ay nag-i-sleepwalk ito, lalakad lang nang tuluy-tuloy, kaya laging nakabantay si Sandra at baka ito mabunggo. Laging puyat si Sandra. Mahina ang puso niya, sabi ng doktor, at ikinalulungkot kong sabihin, Misis, pero... may mga tao talagang... hindi natin alam kung gaano magtatagal ang buhay nila... very fragile....

Me kaba siya lagi na baka isang araw ay bigla na lang kunin sa kanya ng Diyos si Belinda. Kaya lagi niya itong pinipiktyuran at bini-video na para bang gusto niya itong mapigilan at huwag nang pakawalan.

Pero isa siyang matapang na ina. Ginagawa niya lagi kung ano ang tama. Kapag may gusto si Belinda na alam niyang makakasama dito, kaya niyang magmatigas maski siya iyakan nito. Kapag may ibang batang nang-aaway dito, malakas ang loob niyang sugurin ang mga magulang ng bata at ipaglaban kung ano ang fair. Hinahatid-sundo niya ito sa special school nito at sa mga magulang doon ay siya ang may pinaka-advanced na pananaw. Wala siyang tigil sa pag-aaral tungkol sa mga latest na pamamaraan ng pagpapalaki sa mga batang kagaya ni Belinda. Lagi siyang me dalang bag kung saan nakalagay ang mga gamit na pang-emergency nito.

Minamahal din si Belinda ng dalawang mga kapatid, mga anak niya kay Ruben. Ate, Ate! isisigaw ng mga kapatid habang nakikipagtaguang-pong kay Belinda, at siya naman ay tumutulong sa pagbibihis ni Ruben dahil aattend sila sa miting ng mga

parents sa school. She goes through her routine of wifely and motherly duties, kausap ang mga magulang ng ibang special kids, o nagpupunta sa beach para mainitan ang mga bata, o kaya'y naglalagay ng Santa Claus sa harapan ng bahay nila tuwing Pasko. Minsan ay sinabi niya kay Ruben, I want to be fair with you, alam kong.... Pero sinaway na siya ni Ruben. Niyakap at sinabing mahal kita at ang mga bata, iyon lang ang mahalaga. Ang mga silya sa bahay na iyon, ang sahig, ang kurtina, ang kutsilyo sa kusina, lahat ay pinakikinang ng pagmamahal.

Pero parang hindi pa rin fair. Napapalibutan siya ng mabubuting tao, at siya man ay nagpipilit magpakabuti, pero bakit ang kapalaran niya'y hindi pa rin masaya? Nasaan ang kulang?

Wala sa kapeng uma-umaga'y dinadala sa kanya in bed ni Ruben. Wala kay Belinda na gabi-gabi ay pinupupog siya ng halik. Nasa kanya, sa kanya na hanggang ngayon ay dinadala pa rin ng mga paa sa lugar kung saan hinold-up siya, o kaya'y doon sa tapat ng motel, kung saan nasa loob ang Room 23, naghihintay sa pagbabalik ng isang lalaking malay niya kung natambangan na ng mga pulis sa isang buy-bust operation, o kaya'y patakbu-takbo pa rin sa mga kalsada, nag-iiba-iba ng disguise, hanggang sa ito mismo ay di na nito makilala ang sarili, kung ito ba ay kapatid o retarded o isa lamang simpleng lalaki, isang Kuyang natutong magmahal nang mali.

Isang gabi'y nag-sleepwalk na naman si Belinda. Nasa sala noon sina Sandra at Ruben at nakabukas ang TV. Nakita

Para kay B

nila na naglalakad palabas ng kuwarto si Belinda, nakapikit ang mga mata. Belinda, anak? sabi ni Sandra sabay dali-daling tayo. Tuluy-tuloy si Belinda hanggang sa harapan ng TV, as if drawn to it. Sa TV ay tumutugtog ng napakagandang musika ang isang gitarista.

Parang entranced na nakatayo lang si Belinda, nakapikit, sa harap ng TV, pinaiimbulugan ng musika ng gitara doon. Hindi makagalaw na nakatingin lang sa kanya si Sandra. Silang mag-ina, parang mga tuod. Si Ruben ang tumayo at binuhat si Belinda. Ibinalik sa kama nito. Walang imik na pinatay ni Sandra ang TV. Nagitla pa siya nang mag-ring ang cellphone. Ang katiwala ng lumang bahay sa Quezon. Nalooban daw ang lumang bahay. Kailangan daw niyang umuwi.

Sa loob ng nagdaang mga taon mula nang umalis siya, kailanman ay di na binalikan ni Sandra ang lumang bahay sa Quezon. Pero di rin niya ipinagbili iyon. At ngayong naka-harap siya sa lumang bahay ay para siyang makikipagtuos sa isang lumang multo. Hinigpitan ni Sandra ang hawak sa kanyang bag.

Kasama niya si Belinda, na agad-agad ay naglilikot na sa bakuran sa paghahanap ng madadampot habang ipinapaliwa-nag naman ng katiwala kay Sandra kung papaanong pinasok ang lumang bahay noong isang gabi at maraming gamit ang nanakaw. Baka po dapat na nating ipagbili talaga ito. Di na rin namin mabantayang mabuti dahil matatanda na kami.

Sige, sige, sabi ni Sandra, ako ang bahala.

Malinis ang bahay bagamat marami nang mantsa at gasgas ang mga dingding at sahig. Wakwak ang bintanang sinira at pinasukan ng mga magnanakaw. Parang nakaramdam si Sandra ng violation, hindi para sa sarili kundi para sa mga magulang na nagmahal sa bahay na iyon.

H'wag n'yo muna 'tong galawin, sabi niya sa katiwala. Nag-report na ba kayo sa pulis? Tawagin mo 'yung kapitbahay na sabi mo'y me nakitang tao kagabi. Kakausapin ko.

Umalis ang katiwala. Ipinagpatuloy ni Sandra ang paglilibot sa kabahayan, kasunod si Belinda na kung anuano ang pinagdadadampot sa mga nadadaanan. Belinda! sabi niya at agad ay binitiwan ni Belinda ang nadampot na lata. Pinagmasdan ni Sandra ang kusina kung saan madalas niyang tulungang magluto ang ina. Ang sala kung saan madalas silang magkantahan.

Pinakahuli niyang pinuntahan ang bodega. Nanlamig siya maski mainit ang panahon. Lumapit siya sa pinto. Nakaramdam siya ng saksak sa dibdib. Nanghina ang mga tuhod niya. Hindi siya sanay sa ganito. Mas sanay siyang matapang at malakas ang loob. Hinawakan niya ang pinto. Muli niyang narinig, maski di niya ginusto, ang musika ng gitara sa buong bodega. Hinahaplos ang bawat bahagi ng kanyang katawan. Napatingin siya kay Belinda na nakadilat ang mga matang nakatingin din sa kanya. Gusto niyang sabi-

Para kay B

hin dito, there is a love story, a long time ago, that started in this room...

Tumigil ang musika. Nagsimula uling maglilikot si Belinda, paikut-ikot at may hawak-hawak na tinidor na pinangkakaskas sa sirang electric fan, sa maalikabok na silya, sa inaagiw na dingding. Belinda! matigas na sigaw ni Sandra. Lalong nagtatakbo si Belinda at hinabol niya. Anak! Tumigil ito sa may dulo at doon naman, sa sahig, may kung anong kinakaskas. Anak, ano ba 'yan sabi na dirty 'yan!

Ang kinakaskas ni Belinda ay mantsa ng dugo sa sahig. Saglit na napatigil si Sandra.

Ang patalim na nakatarak sa dibdib niya kanina ay umigtad at dumiin. Nanghihina siya nang lapitan si Belinda. H'wag, anak...

Mommy? sabi ni Belinda, saka ito nagsimulang umiyak, itinataas ang mga kamay at nagta-tantrums dahil iniisip na may nagawa na naman itong mali. Pinipigilan ni Sandra ang anak na nagwawala pero nagsimula na ring tumulo ang sarili niyang mga luha, walang pakundangan, hinuhudyatan ang mga alaala sa bodegang iyon upang sabay-sabay na maglabasan at daluhungin siya, dala-dala ang wasak na gitara, kumot sa hubad na katawan, dugo sa sahig, kamay na inipit ng pinto, at musika, musikang ngayo'y galit nang naninibasib sa lahat ng sulok ng bodegang iyon, buong kalupitang humahampas sa kanya at kay Belinda, walang awang nilulunod

sila maski hindi na fair, kaya napakapit siya nang mahigpit sa anak, pinuprotektahan ito habang ang luhaang mga mata niya'y taranta nang naghahanap sa mga dingding, sa kisame, sa mga butas at siwang ng bodegang iyon ng kung anuman doon, o sinuman doon, na mahihingan ng tulong.

Erica, Ang Ikatlong Kuwento

MAGHANAP KA NG ISANG MALAKING GLOBE. PAIKUTIN MO ito nang paikutin. Pagtigil ay bigla mong ituro ang hintuturo mo dito. Ang makikita mo ay isang maliit at hugis papayang lugar sa mapa, sa may bandang Luzon sa Pilipinas, na di na halos makita.

Ito ang Maldiaga, isang community ng mga taong nakalimutan na kung paano umibig. Isang mundong walang romance, walang mga I love you, mga sinta at irog, Valentine's Day at monthsaries. Walang kiss. Walang foreplay when they make love, they just do it. Pero with tenderness. Para lang magkaanak.

Hindi naman sa walang emosyon ang mga tao sa Maldiaga. They care about their wives and their cars, and they care about their children and their credit cards, pati

na rin ang kanilang pets at plants. Hindi nga lang romantic love.

Kumakanta rin naman sila pero wala nga lang love songs. Sa mga radyo at TV ay sikat ang mga children's songs, parents' songs, animal songs. Minsan nauso ang business songs. Kung saan the singer sings a business proposition. O kaya'y wow songs, kung saan kinakanta ng isang tao kung gaano kaganda ang kanyang condo, o ang kanyang bukid, o ang kanyang abs. Wow, ang abs ko, wow ang abs ko! Sa paulit-ulit na wow nagtatapos ang kanta.

Briefly nauso din noon ang mga non-love songs. Hindi kita minamahal. Hindi ito pag-ibig. Ayoko sa'yo. Walang pag-ibig sa puso ko. I totally un-love you. Hindi ito love song. Pero later binawal din dahil nauso pa rin ang gamit ng salitang pag-ibig. Ang pangalan ng singer na nagpauso nito ay kinaskas ng kung sino sa marker ng Hall of Fame at ang natira na lang ay ang mga letrang H at M.

Ang mga napapanood sa mga sinehan at TV ay puro war picture, o kaya'y tungkol sa pagtupad ng mga pangarap, o tungkol sa kung paano naitayo ang isang successful na business. Nagkaroon pa nga ng time na me sumikat na isang teleserye tungkol sa kung paano naitayo ang isang building. Halos lahat ng tao ay na-inspire at gustong magtayo ng building pero wala naman silang pera.

Kapag hindi sinasadya ay nabanggit mo ang salitang love, titingnan kang parang weird ng mga kabarkada. Sa

Para kay B

orphanage na nilakhan ni Erica, noong bata pa siya, may isang nerd ang minsang nakabasa daw tungkol sa love at nangahas na ikuwento ito sa mga kapwa ulila. Pinagkatuwaan ang nerd at pinagpasa-pasahan ng mga kasamahang bully habang pinauulit-ulit sa kanya ang salitang love, hanggang sa ang salitang ito ay mawalan na ng meaning sa kanya except hatred, at nang tumingin siya kay Erica ay naramdaman ni Erica na kailanman ay di na mawawala ang galit na iyon.

Naiintindihan ni Erica 'yung nerd dahil siya man, sa loob man o labas ng orphanage, ay parang may kulang sa dibdib na di niya malaman kung ano. Maski di niya kailanman nakilala ang mga magulang ay mahal naman siya ng mga kasamahan sa Maldiaga. Lumaki siyang maganda at maraming kaibigan. Pero may kulang pa rin.

Kaya curious siya tungkol sa isang matandang babaing laging pinagtsitsismisan sa Maldiaga. Ito lang daw ang tanging tagaroong nakalabas at nakapunta sa kabilang mundo. Nagbalik din daw ito ng Maldiaga pero bago namatay ay naghihingalong tumingin sa kung anuman iyon sa malayo, itinaas ang mga kamay, at saka sinabi, I love you....

Pagkarinig sa mga bawal na salita ay napakrus ang lahat, ang iba sa OA na pagkabigla ay napaluhod pa sabay palo ng kamay sa dingding. Saan nanggaling ang mga salitang iyong kay tagal nang di narinig sa Maldiaga? From a distant past na ang matandang babae mismo ay di niya matandaan? Ang mga salita ng matandang babae—I love you—ay parang

alingawngaw na nagpalipat-lipat, bouncing back and forth, sa mga corridor at mga dingding, sa mga hallway at plasa ng Maldiaga, sa mga dinner at bedtime, taunting everybody, making everybody tilt up their heads na parang me narinig, adding a little more horrible meaning to the ripple of rivers and the shushing of babies. Maraming mga tao ang nangalumata dahil di makatulog at lumakas ang kita ng mga psychiatrist.

Iyong matandang namatay na nagsabing I love you? Saka maghahagalpakan ng tawa ang lahat. Naging joke siyang pinagpasa-pasahan sa mga text. At maski ginawa pa siyang thesis ng isang entremetidang university student, na nagsisi dahil napakababa ng nakuhang grade, kailanman ay walang nakaalam kung kanino pinatungkol ng matandang babae ang kanyang mga huling salita.

Iyon ang goal ni Erica, ang madiskubre ang misteryo ng matandang babae. Kaya isang gabi ay pumuslit siya sa lumang mansyon. Ayos na ayos ang kuwarto ng matandang babae, pati na rin ang mga damit, sapatos, at iba pang gamit doon.

Matagal siyang naghanap na hindi naman alam kung ano'ng hinahanap. Nang may marinig siyang ingay ay dalidaling nagtago sa ilalim ng kama. Nagdidiskusyon ang mga kamag-anak ng matandang babae, na biglang nagsulputan nang mabalitaang namatay ito, kung paano paghahatian ang mga mana nila, at kung papaanong madaling maibebenta ang mansyon.

Para kay B

Nang makaalis ang mga ito ay hatinggabi na, at ang liwanag ng buwan ay parang daliring may itinuturo kay Erica. Sinundan niya ang liwanag. Nakaturo ito sa isang tabla sa sahig, na napakadali niyang natuklap. Doon ay may bala ng DVD. Nakalagay sa ibabaw ng bala ang titulo—PAG-IBIG. At saka may note sa isang papel ang matandang babae, sa sulat-kamay nito—Kung may interesado, salamat. Kung wala, ilibing n'yo na lang ito kasama ko habang buhay at good luck sa inyong lahat!

Pinanood ni Erica ang DVD. Doon ay nakaupo ang matandang babae sa harap ng camera, pero napakatagal bago ito nagsalita dahil inayos muna ang buhok, ang damit na fuchsia, ang nag-i-smudge na lipstick, saka ito ngumiti sa camera, at nagsalita. She never regretted daw having followed her dream, which was to leave Maldiaga para pumunta sa kabilang mundo at matutong umibig. Maski na pinagbayaran niya ang kapangahasang iyon at nagbalik siyang sawi.

Paputul-putol ang pagsasalita ng matandang babae dahil minsan bigla siyang mapapamura dahil nagku-conk ang sound, o kaya'y nag-iiingay sa labas ang katulong. Tatayo siya at sisigaw sa kabilang pinto, Inday, punyeta ka, tigilan mo muna 'yan, gabing-gabi nagbi-blender ka! saka babalik na naman at napakatagal na mag-aayos muna ng sarili sa harap ng camera bago magpatuloy sa sinasabi.

She talked of another world, kung saan me pag-ibig. Iyong espesyal na emosyon na mararamdaman mo para sa

isang tao lang. Sa puntong ito ay kinilig ang matandang babae na parang isang tinedyer, saka namungay ang mga mata na parang nagri-reminisce.

Kinikilig ding naghintay si Erica.

Saka naalala ng matandang babae na nasa harap nga pala siya ng camera. Nagpatuloy. Kakabog ang dibdib mo, sabi niya, kikilig ang kalamnan mo, at kikirot ang puso mo. Kabog, kilig, kirot. Kapag naramdaman mo ang tatlong K habang kaharap ang isang lalaki, umiibig ka! Wala ka nang makikitang iba kundi siya. Gusto mong siya lang ang niyayakap maski ang init-init, siya lang ang hinahalikan maski ma-germs ang laway. Sa kanya mo lang gustong makipag-sex at magkaanak. Then you will feel complete. Hindi gaya ng mga tao dito sa Maldiaga na puro frigid!

Saka kumindat ang matandang babae kay Erica sabay sabing, ngayon, siguro gusto mong itanong kung paano ka makakapunta sa mundong iyon kung saan may pag-ibig. Ganito ang... pero biglang nagblangko na ang screen kaya ang huling image na nag-stay kay Erica ay ang bibig ng matandang babae na nakanganga.

Hindi matahimik na naglakad sa mga kalsada ng Maldiaga si Erica nang gabing iyon. Saan? Saan ang lagusan papunta sa kabilang mundo? Bakit naman kasi naputol 'yung sinasabi ng matandang babae sa DVD!

Isang araw na sobra na siyang desperado ay napadpad siya sa harap ng sapa sa dulo ng Maldiaga. Dapithapon noon

at ang mga dahon ay nag-aawitan tungkol sa chlorophyll na handog nila sa araw. Ang mga kambing ay pagod na sa kamimeheee bilang chorus sa kanta ng mga dahon. Saka biglang tumahimik ang lahat. Nagtaka si Erica. Ang naririnig na lang niya ay ang boses ng matandang babae, na parang nanggagaling sa ilalim ng sapa, inuulit-ulit ang last words nito... I love you....I love you....

Parang hinihigop ng sapa si Erica. Nilalabanan niya ito pero malakas ang paghigop kasabay ng paglakas din ng boses ng matandang babae. Bago pa nakasigaw si Erica ay bigla na siyang nilulon ng sapa.

Habang lumalangoy sa ilalim ng sapa ay pinagtitinginan si Erica ng mga isdang hindi marunong magmahal, at ng mga palakang ang kokak ay walang romansa, at ng mga seaweeds na tuyot. Patuloy siyang lumangoy nang lumangoy. Hanggang sa makita niyang naiba na ang lahat, ang mga isda ay naghahalikan, ang mga palaka ay malambing magkokak, at ang mga seaweeds ay buntis. Bigla niyang itinaas ang mga kamay niya at para siyang bumulusok na nakaahon.

Basang-basa siyang nakatayo sa pampang. Nanginginig sa lamig dahil malakas ang hangin. Gabi na pero naaaninag niya ang napakalawak na dalampasigan. Maraming punong niyog. May ilang bahay. Pero walang katau-tao. Ito na nga ba ang kabilang mundo? Suddenly she felt lost at di niya alam kung saan siya pupunta.

Dali-dali siyang tumakbo papunta sa isang flower shop na ang pangalan ay Love My Flowers. Sa loob ay isang magandang babaing mahigit nang 40 ang dali-daling nagliligpit para magsara, katulong ang assistant nito.

Fascinated na pinagmasdan ni Erica ang magandang babae, ang kaunaunahang nilalang na nakita niya sa mundong ito. Nakapusod ang buhok nitong napakataas at napakalaki. Di naiwasan ni Erica ang masambit, parang bombilya ang buhok n'yo.

Natawa ang babae, sabay abot kay Erica ng tuwalya. Basang-basa ka, iha, saan ka ba nanggaling? Asan ang mga kasamahan mo?

Mag-isa lang po ako.

Nagtatakang napatingin ang babae kay Erica. Tagarito ka ba?

Hindi po. Sa Maldiaga po. Malayo po.

Maldiaga? Di ko ata alam kung saan 'yun. Anyway, di mo ba nakikita, iha, masama ang panahon? Walang nagsi-swimming ngayon!

Di naman po ako nagpunta dito para mag-swimming.

E anong sadya mo dito?

Gusto ko pong matutong umibig.

Tumawa nang tumawa ang babae. Saka habang humahagalpak pa ng tawa ay hinila siya, halika, sama ka sa'kin sa bahay, bago tayo abutan ni Frank dito!

Sa tanglaw ng mga kandila dahil brownout, habang kumakain sila sa malaking bahay ng babae na di kalayuan

Para kay B

sa flower shop, tinanong ito ni Erica kung bakit ang mga bagyo ay may pangalan. Sinagot naman ng babae, na iyon ay para huwag masyadong manalanta ang bagyo, dahil parang ginawa mo na siyang personal nang bigyan mo ng pangalan.

Naisip ni Erica, makakasundo ko ang babaing ito. Mrs. Baylon daw ang pangalan nito. Ang malaking bahay na iyon ay ipinatayo daw ng namatay nitong asawa para dito. Pati ang flower shop, na ang gusto sanang ipangalan ng husband niya ay Petal Attractions pero di siya pumayag. Baduy ang asawa kong 'yun e! sabi ni Mrs. Baylon na natatawa, at halatang mahal na mahal pa rin ang asawang namatay. Ang talagang business daw ni Mrs. Baylon na pamana ng asawa ay pagluluwas ng sugar mula Bacolod papuntang Maynila.

Tutulong sana si Erica na iligpit ang mga pinagkainan pero hayaan mo na ang mga katulong, sabi ni Mrs. Baylon. Naupo sila sa sala at nagkuwentuhan. Sa pakunday-kunday na tama ng ilaw ng kandila ay lumalaki at gumagalaw-galaw ang anino ng bombilyang buhok ni Mrs. Baylon. Pinipigilan ng natutuwang si Erica ang hawakan ito.

Sige na, sabi ni Mrs. Baylon. Tumayo si Erica at bantulot na hinawakan ang buhok ni Mrs. Baylon, na para bang any minute ay inaasahan niyang gagalaw ito o magri-reveal ng sekreto. Ang mukha niya ay parang sa isang batang noon lang nakakita ng laruan. Sa mga susunod na araw, kapag ang dibdib niya ay ginigiyagis ng matinding pangungulila sa iniwang

mga kababayan sa Maldiaga at tinatanong niya ang sarili kung nagkamali nga ba siya ng pagpunta dito sa tunay na mundo, titingnan lang niya ang bombilyang buhok ni Mrs. Baylon at mari-reassure na siya.

Halika, sabi ni Mrs. Baylon. Sa harap ng salamin, habang kumukulog at kumikidlat, sa tanglaw ng mga kandila ay inayos ni Mrs. Baylon ang mahabang buhok ni Erica hanggang sa maging magkapareho na sila.

Tawanan sila nang tawanan.

Noon nila narinig ang ingay ng pagbukas ng pinto. Basang-basang pumasok ang isang guwapong binatang me hawak na flashlight at duffel bag. Jake, sabi ni Mrs. Baylon, akala ko di ka darating!

Me kukunin lang akong gamit, Ma, sabi ni Jake. Di ko alam na me bagyo. Saka napatingin si Jake kay Mrs. Baylon. Saka kay Erica. Balik uli kay Mrs. Baylon. Saka kay Erica.

Parang sumasabay sa paglipat-lipat ng tingin ni Jake ang pagsulput-sulpot din ng kulog. Saka biglang tumawa nang tumawa si Jake kasabay ng kidlat, tumawa nang tumawa habang nakaturo ang kamay sa mga buhok nina Mrs. Baylon at Erica.

Di malaman ni Erica kung ano ang gagawin kaya tumawa na rin siya. Nakitawa na rin si Mrs. Baylon. Napatigil ang mga kulog at kidlat. Napatigil din sa pagtawa si Erica habang patuloy na tumatawa sina Jake at Mrs. Baylon.

At noon nalaman ni Erica, dito sa lalaking ito niya gustong umibig. Di niya alam kung papaano pero saksi

niya ang kulog at kidlat, matututunan din siyang mahalin ng lalaking ito.

Kaya pinag-aralan niya kung paano mapapaibig si Jake. Nang sumunod na mga araw ay lagi niya itong sinusundan. Pinupungayan ng mga mata. Pero idi-dismiss lang siya nito ng mabilis na tingin. Saka babalik na sa kausap sa cellphone.

Nalilito si Erica. Ang nakikita niya ay isang bansang ang mga mamamayan ay wala nang ginawa kundi ma-in love araw-araw, parang ilang milyong maliliit na bersyon ng matandang babae sa Maldiaga. Ang mga kanta, ang mga libro, ang TV ay wala nang ginawa kundi turuan ang mga tao kung paano umibig. Sa mga teleserye, naghihiganti man ang bidang babae, nawawalan man ng ina, nagsisikap mang iahon sa kahirapan ang pamilya, hindi kalaunan ay maglili-paran ang mga butterfly, tutunog ang biyulin, at slow motion na mapapalingon ang mapupungay na mga mata nito't mai-in love dito ang bidang lalaki.

Bakit siya hirap? Kaninong diyos ng pag-ibig siya hihingi ng tulong upang mapaibig si Jake? Kay Claudine Baretto, kay Kupido, kay Santa Clarang di niya maintindihan kung bakit pinung-pino? In the end ay sa TV siya dumulog, bagamat noon naman sa Maldiaga ay never siyang nahilig sa TV. Sa bansang itong lahat ng bagay ay totoo lamang kapag nakikita sa TV, sinunod niya lahat ng sinasabi sa TV. Pinahiran niya nang pinahiran ng whitening lotion ang mukha niya hang-gang sa halos maging multo na siya. Lahat ng slimming pills

ay nilunok niya upang maging size 2. Dahil sa kapa-patronize sa lahat ng produktong ini-endorse ng mga artista sa TV, ang feeling niya ay isa na rin siyang produkto.

Pero maski ilang beses niyang sinubukang lumingon kay Jake, pinapungay ang mga mata't binagalan nang mas mabagal pa sa slow motion ang galaw, hindi pa rin siya nito pinansin, walang lumipad na mga butterfly, at absent ang biyulin. Sa halip, nang mapatingin siya sa langit, nakita niyang nakasulat doon sa malalaking letra, MALANDI KA, ERICA!

Nalilito siya sa lengguwahe ng pag-ibig sa mundong ito. *Nahulog ang loob ko sa'yo.* Bakit, paano nahuhulog ang loob? Puwede mo ba itong pulutin? *Me damdamin ako para sa'yo.* Bakit, para sa iba ba'y wala? *Sana'y matanggap ko na ang matamis mong oo.* Mapait ba minsan? *Tumitibok ang puso ko para sa'yo.* E di pag wala ka'y magpa-flatline ito? *Mag-isang dibdib na tayo.* Paano? Pagdidikitin ang mga dibdib? Hindi patas, kasi ang mga lalaki wala namang suso. At sa kanyang pinanggalingang mundo, ang pulot ay walang gata.

Naiinggit siya kina Mrs. Baylon at sa dalawa pa nitong kaibigang sina Elizabeth at Sari. Tatlo silang magkakaibigang balo na sumumpang habang buhay ay walang mamahalin kundi ang kanilang dead husbands. Tuwing Biyernes ay ritual nila ang magkita-kita sa bahay ni Elizabeth, dala-dala ang kanya-kanyang urn ng asawang namatay. Naghahanda sila ng paboritong pagkain ng mga asawa nila, nagpapatugtog ng theme song ng bawat isa, nagdadasal sa harap ng altar

at saka magmamah-jongg habang nagpapalitan ng favorite anecdotes tungkol sa kanilang mga asawa.

Puwede bang mag-survive ang pag-ibig nang one way lang? tanong ni Erica. Hindi siya one way, sagot naman ni Mrs. Baylon. Walang way way dahil nasa loob ko siya!

Unlike Mrs. Baylon, Jake is promiscuous. Ang tingin niya sa babae ay object of conquest lang. Magkakadikit ang townhouse nila ng dalawang kabarkada at lagi silang nagpapaligsahan sa dami ng mga babaing naiuuwi. 'Yang anak kong 'yan, sabi ni Mrs. Baylon, hindi marunong magmahal!

Me isyu kasi kami, patuloy ni Mrs. Baylon. Kung ano ang gusto ko, automatically ayaw na niya. Siguro dahil bata pa 'yan, ako na'ng nagpalaki mag-isa. Gustong patunayang independent siya. Kaya mula college course hanggang girlfriends, pinipili niya 'yung sa tingin niya ayaw ko.

H'wag kang mao-offend, iha, patuloy pa ni Mrs. Baylon kay Erica, pero iyan naman kasing mga taktika mo para mapaibig ang anak ko, napakabaduy!

Napatanga si Erica at napahiya. Ok lang 'yun, dugtong ni Mrs. Baylon, gusto ko namang ikaw ang makatuluyan ng anak ko. Parang anak na rin ang turing ko sa'yo!

Touched na napatingin si Erica kay Mrs. Baylon. Gusto niyang suddenly ay hawakan uli ito sa malabombilya nitong buhok, maghanap doon ng comfort. Ano ba ang nasa loob noon? Mas marami pang buhok? Kuto? Balakubak? Isang mundo't isang posibilidad ng mga lihim na kabuhukan!

Alam ko na, sabi ni Mrs. Baylon. Babaguhin ko ang strategy ko!

Isang araw ay pinagsabihan ni Mrs. Baylon si Jake na huwag liligawan si Erica dahil empleyado nila ito. At saka parang hindi naman bagay kay Jake, masyadong barriotic ang dating.

Napatigil si Jake at pinagmasdan ang ina, iniisip na totoo bang ayaw ng ina o nagkukunwari lang ito na ayaw para magustuhan niya? Saka napatingin siya kay Erica. Sino ba ang babaing itong bigla na lang sumulpot sa buhay nila? Na laging sinasabing ang tanging pangarap sa buhay ay maging sikat na TV host at product endorser na gaya nina Kris Aquino, Sharon Cuneta at Boy Abunda? Sabagay maganda naman at mukhang wala pang karanasan. Kung sakali ay di na masama.

Halos mapatili sa tuwa si Erica nang yayain siya ni Jake na mamasyal sa Maynila. Dali-dali siyang hinila ni Mrs. Baylon sa isang tabi at pinagbilinan, sumama ka, pero h'wag mo kaagad-agad isusuko ang Bataan ha?

Bataan? nagtaka si Erica. Ano ho 'yun?

H'wag mo agad ibigay! paliwanag ni Mrs. Baylon. Kabisado ko ang taktika ng anak ko. Pagkatapos n'yong mamasyal ay yayayain ka sa townhouse, sasabihing me nakalimutan siya at kukunin bago ka niya ihatid pauwi. Pero sa townhouse aalukin ka niya na mag-drinks muna. Saka siya magkukuwento tungkol sa mga angst niya sa buhay, kung paanong lumaki siyang walang ama, kaya lagi siyang me

Para kay B

nararamdamang kulang na guidance at pagmamahal, na para bang laging empty ang buhay niya. Me anecdote pa siya, noong 9 years old siya at malapit nang mamatay ang ama niya, hinawakan siya nito sa kamay at sinabing sana'y makatagpo siya ng isang espesyal na babaing kagaya ko, na nagmahal sa kanya lang.

Gawa-gawa lang ni Jake ang kuwentong iyon, patuloy ni Mrs. Baylon, namatay ang asawa ko habang nagda-jogging at di na namin siya nakausap. Pero bumibigay ang babae kay Jake kapag kinukuwento niya 'yun. Kaya ikaw, hanggang hindi nai-in love ang anak ko sa'yo huwag kang bumigay at nang di ka matulad sa ibang mga babae niya!

Opo, masayang pangako ni Erica kay Mrs. Baylon.

Tamang-tamang nang dalhin ni Jake si Erica sa Maynila ay merong Lovapalooza sa Baywalk, sponsored ng isang produktong toothpaste. Mahigit limang libong lalaki at babae ang sabay-sabay na naghahalikan, sa kahabaan ng Roxas Boulevard ay parang isang dagat ng mga ngusong nagtagpo upang patunayang ang kanilang mga hininga ay mabango. Napaisip si Erica kung ilang toneladang laway kaya ang nagpapalitan sa lugar na iyon. Pero at least me mga nagmamahal sa kanila. Nainggit siya at parang gusto niyang maiyak.

Habang pinagmamasdan ni Erica ang mga naghahalikan ay pinagmamasdan naman siya ni Jake. At nakaramdam si Jake ng awa. Awa na di niya maintindihan dahil ngayon

lang niya naramdaman para sa isang babae. Dali-dali niyang tinanggal ang nararamdaman.

Niyaya ni Jake si Erica sa isang coffee shop sa Malate. Sa di kalayuan ay may nagti-taping ng teleserye. Ang eksena, maghahabulan at magsusumbatan sa gitna ng kalsada ang magkasintahang lead stars habang sa itaas ay prominenteng nakadispley ang billboard ng isang gamot sa tiyan. Sinaktan mo ako, sabi ng bidang babae, ang buong buhay ko pala'y isa lang pagkukunwari! Pero magkakasundo rin sila dahil luluhod ang lalaki sa babae. Lumuluhang luluhod na rin ang babae at sa harap ng lahat na nagpapalakpakan at sa ibaba ng billboard ng gamot sa sakit sa tiyan ay maghahalikan sila.

Nakita ng baklang assistant director sina Erica at Jake at tinanong kung puwede silang gawing background. Kunwari ay lovers sila na sweet na sweet. Kung me kinai-inisan si Jake, ito ay mga TV show, lalo na teleserye. Pero di nakatanggi si Jake dahil agad-agad na tumango si Erica, excited na parang gustong magtatalon. Silip nang silip para makita ang mga artista.

Nang mag-take na ay emote na emote si Erica, daldal nang daldal kay Jake na parang in love na in love dito. Naaagawan tuloy niya ng eksena ang mga lead star at pa-retake nang pa-retake ang direktor. Pero despite himself ay natutuwa si Jake. Ang nararamdaman niya ay ibang klase ng kasiyahang ngayon lang niya naramdaman sa buong buhay niya. Ilang beses na silang nilalapitan ng baklang assistant director para sabihang

Para kay B

konting hina lang po ng boses, pero sa next take ay lalong napapalakas si Erica, at lalong natutuwa si Jake.

Di nagtagal ay pinakiusapan na lang sila ng baklang assistant director na umalis.

Sa sasakyan ay tawa nang tawa si Jake. Tagasaan ka ba? curious niyang tanong kay Erica. Nang magsimulang magkuwento si Erica tungkol sa Maldiaga ay lalong natawa si Jake. At lalo pa siyang napahagalpak ng tawa nang ikuwento ni Erica ang tungkol sa matandang babae at tatlong K! Akala niya ay nag-iimbento lang si Erica.

Siyanga pala, sabi ni Jake, bago kita ihatid pauwi, would you mind, me dadaanan lang ako sa townhouse, nakalimutan ko? Pumitlag ang puso ni Erica at kung di niya nahabol ay baka nakawala na.

Sa townhouse ay pinag-isipan muna ni Jake kung hard drinks agad ang ipaiinom kay Erica, na gaya ng ginagawa niya sa ibang babae. He decided na soft drinks na lang. Kuwento pa rin nang kuwento si Erica tungkol sa Maldiaga, at tawa pa rin nang tawa si Jake. Saka nagpa-excuse si Jake at tumawag sa cellphone, kinausap ang mga kaibigang Louie at Byron, na sa kani-kanilang mga katabing townhouse ay may ka-date din. Nagkakantiyawan ang magkakaibigan kung sino ang mauunang makatapos sa gabing iyon. Nagtataka si Jake sa sarili kung ba't nagsinungaling siya kina Louie at sinabing wala siyang kasama.

Bumalik si Jake kay Erica at saka siya naman ang nagkuwento. Tungkol sa ama niya. Sanay na sanay na siyang ikuwento ito. Kung papaanong lumaki siyang walang guidance at pagmamahal ng isang ama. Kung papanong may feeling siya na laging me kulang sa kanyang isang bagay, na di niya malaman kung ano.

Tapos ikinuwento niya kung papaanong noong 9 years old siya, bago namatay ang ama, hinawakan siya sa kamay at sinabi nito... sinabi ng ama niya....

Hindi maituloy ni Jake. Napayuko siya, parang may kung anong mahirap na bagay na pinu-process sa isipan, saka tumingin kay Erica. Naghihintay ito. Pero may naramdaman si Jake na lambong na humaharang sa kanyang mga mata, making everything around him, lalo na si Erica, look very soft. Siya, na mulang pagkabata ay hindi natuto at hindi marunong magmahal, suddenly he felt all the gentle tenderness of love overflowing from him, enveloping Erica. Alam na ni Jake ngayon kung bakit siya nabubuhay. Para ibigin ang babaing ito.

Gusto ni Jake ikulong si Erica sa mga bisig niya at saka halikan pero di niya ginawa. Sa halip ay sinabi niya, imbento ko lang ang kuwento tungkol sa Daddy ko, sorry. Halika na, ihahatid na kita pauwi.

Hindi malaman ni Erica kung nabitin siya, o nalungkot, o natuwa. Pero mula noon, bago pa man niya maisip kung ano ang gusto niya ay ibinibigay na sa kanya ni Jake.

Para kay B

Maisip lang niyang gusto niyang kumain ng chocolate ay may chocolate na sa harapan niya. Maisip lang niyang napapagod siya'y isasandal na nito ang ulo niya sa matipunong dibdib nito. At nang minsang kantahin niya dito ang sikat na theme song ng isang teleserye noon sa Maldiaga tungkol sa paggawa ng building, acapella dahil wala nito sa videoke, nakangiti nitong sinabi sa kanya pagkatapos, magpapatayo tayo ng building. Naisip ni Erica: Pag-ibig na ba ito?

Para kay Jake siguro'y oo, pero para kay Erica'y hindi. Dahil wala pa rin siyang maramdaman. Kapag sinasabi na ni Jake sa kanya na I love you, ang mga binibitiwan niyang linya'y mula pa rin sa mga teleserye.

Ito ang ilan sa mga linyang pinagpapalit-palit niya batay sa naaalala niyang napanood at depende sa okasyon:

Lagi ka rin dito sa puso ko—Claudine Barretto.

Hindi ako makatulog kagabi kaiisip sa'yo—Bea Alonzo.

Umiinog ang mundo ko sa'yo lang, alam mo ba 'yun?—Angel Locsin.

Itataya ko ang puso ko sa'yung pag-ibig—Judy Ann Santos.

Please lang, please lang, pakinggan mo ang tibok ng puso ko, wala siyang sinasabi kundi pangalan mo!—Anne Curtis.

Napasobra siguro ang kanyang mga natutunan dahil habang sinasabi kay Jake ang mga linya, napapatagilid nang

konti ang ulo niya sa kaliwa, na parang may camera doon, at saka parang may sariling buhay na pumuporma ng ngiti ang mga labi niya.

You're the luckiest girl in the world! sabi ni Mrs. Baylon kay Erica. Katatapos lang i-cross out ni Mrs. Baylon ang pinakahuling pangalan sa listahan ng mga girlfriends ni Jake na pinagpagurang puntahan ni Mrs. Baylon at i-break.

Ako nga ba? naisip ni Erica. Isang Biyernes ng gabi sa townhouse ni Jake finally ay nag-make love sila. Gaya ng dati sa kabilang mga townhouse ay may kadate din sina Louie at Byron. Samantalang sa bahay naman ni Elizabeth, ang tatlong magkakabarkadang Mrs. Baylon, Elizabeth at Sari ay nasa kanilang regular ritual ng pagsamba sa urns ng kanilang mga asawa.

Habang nakapatong si Jake kay Erica ay hinihintay ni Erica na may maramdaman siya. Pero wala. Kapag sumasagot siya ng I love you sa paulit-ulit na I love you ni Jake, ang pakiramdam niya ang sumasagot ay sina Bea at Claudine. At mas mahusay pang umarte sa kanya.

Pero di nagtagal habang nakapatong pa rin sa kanya si Jake ay nagsimula si Erica makaramdam ng mahinang indayog sa kanyang katawan. Lumakas ang kabog niya, umuuga na siya, pati na ang kama. Ito na ba ang sinasabing tatlong K? Napapangiti na sana siya sa kasiyahan pero bumagsak ang isang frame mula sa dingding. At saka isa pa. At di nagtagal ay nagbabagsakan na ang mga gamit.

Lumilindol! sabi ni Jake, sabay protectively ay yakap kay Erica.

Sa bahay ni Elizabeth ay nagkakantahan sina Mrs. Baylon ng *I've Got You Under My Skin* sa harap ng urns ng kanilang mga asawa nang biglang lumindol. Dali-daling naghawakan sila sa kanya-kanyang urn habang lumalakas ang mga pag-uga at tumatagilid ang lahat. Nang biglang parang umubo ang bahay ay sabay-sabay halos nilang nabitiwan ang mga urns at nagkatapun-tapon sa sahig ang mga abo. Kumalat at nagkahalu-halo na ang kanilang mga asawa. Shocked na nakatingin ang nakakapit sa dingding na si Mrs. Baylon habang iniisip na My God, my husband! Saka dali-dali silang tatlong tarantang nag-agawan ng kani-kanilang mga asawa sa sahig. Akin 'yan! Hindi, akin 'yan! Matapos ang lahat ay naghating-kapatid sila sa mga abo, umuwing may kanya-kanyang urn pero puro nagdududang hindi lang ang asawa niya ang iniuuwi, at sa mata ng Diyos, sa mata ng tao, infidelity bang matatawag ang ganito?

Matapos ang malungkot na insidente ng lindol ay nakaharap si Erica sa TV isang gabi nang managinip siya. Hinigop daw siya ng kable ng TV at patuloy siyang dumausdos dito hanggang sa ang kable ay naging litid ng tao. Dumaloy siya kasabay ng dugo hanggang natagpuan na lang niya ang sarili sa loob ng puso ng tao. May hawak daw siyang toothpick at sinasaliksik niya bawat sulok ng puso ng tao para hanapin doon kung saan nagmumula ang pag-ibig, paambos naman,

maski konti lang, bigyan mo naman ako ng pagkakataong makaramdam. Pero bigla, parang may humigop sa kanya. Nagpadausdos siya nang nagpadausdos sa ilog ng dugo hanggang sa pag-ahon niya ay nasa Maldiaga na siya uli, basang-basa at pulang-pula, hawak-hawak pa rin ang duguang toothpick, habang sa harapan niya ay galit na nanununurot sa kanya ang mga taga-Maldiaga, sinasabi sa kanyang kailanman ay di ka matututong umibig, dahil you belong to us, forever! Sa tagiliran ng mga kababayan niya ay natatapakan ng mga ito ang matandang babae ng Maldiaga, na nagpipilit magsabing I... I lo... pero di maituloy.

Nagising si Erica na pinagpapawisan. She decided to be honest with Jake. Isang araw ay sinabi niya ditong wala pa rin siyang nararamdaman para dito. Gusto niya pero ganoon talaga kasi sila lahat sa Maldiaga. Hindi marunong ma-in love.

Natawa si Jake. All this time ang iniisip niya ay gawa-gawa lang ni Erica ang Maldiaga. Akala niya ay ikinahihiya lang ni Erica ang hamak nitong pinanggalingan, kaya nagsinungaling ito. At nirespeto niya iyon.

Totoo ang Maldiaga, sabi ni Erica. Pero di kita puwedeng dalhin doon, dahil ako man di ko na alam kung paano makabalik doon. I feel like a freak. I don't belong there, but I don't belong here either.

You belong to me, sabi ni Jake sabay yakap kay Erica. Tumulo ang luha ni Erica.

Para kay B

Pinahid ni Jake. Tuluy-tuloy nang tumulo ang mga luha ni Erica habang yumayakap siya nang mahigpit kay Jake. Pangako, sabi niya kay Jake, matututo din akong magmahal!

Anong hindi ka marunong magmahal? Gulat na tanong ni Mrs. Baylon kay Erica. Meron bang gan'on? You're just intellectualizing the whole thing! Dinala siya nito sa bahay ni Elizabeth at doon ay pinaikutan ng tatlong balo si Erica habang nagtsa-chant sila ng love spell at winiwisik-wisikan ng mga daliri nila ng love energy si Erica. Pero nanatiling tuod sa gitna ng circle si Erica. Sa halip, ang tatlong balo ang nakaramdam ng sobrang intensity ng pag-ibig at sa sobrang lakas ng puwersa ay napatapon silang lahat sa mga urn ng kanya-kanyang asawa.

Sumunod ay dinala ni Mrs. Baylon si Erica sa isang Love Guru. Dito, sabi niya, siguradong matututo ka nang umibig. Parang isang malaking healing rally ang nagaganap sa ibaba ng Bundok Pusoy sa ilalim ng napakalaking banner ng sponsor na inuming panlalaki. May TV coverage. Sa harap ng libong taong dumayo pa mula kung saan-saang parte ng Pilipinas at habang nakangiti sa camera ay sinabi ng Love Guru na sa mundong itong nasusuka na sa mga scams, patayan at krimen ay pag-ibig ang sagot! Pag-ibig din ang nakasulat sa mga lata at kahong inililibot ng kanyang mga disipulo upang humingi ng donasyon.

Dinala nina Mrs. Baylon si Erica sa harap at doon ay binendisyunan siya ng Love Guru habang kinukunan sila ng

camera. Pinahiran siya ng langis sa noo. At saka pinainom ng isang love potion na gawa sa pinaghalu-halong dahon ng labuyo, gatas ng kambing na di maihi, panibugho ng isang pinagtaksilang senador, muta ng dalagang birhen, litsugas na bulok, pakpak ng tipaklong at katas ng ilusyonadang pag-asa. Ang epekto ng mga love potion ay paiba-iba depende sa tao, sabi ni Mrs. Baylon. Nakita agad ni Erica ang epekto sa kanya.

Naging para siyang isang camerang may X-ray. Di niya nakikita ang katawan o damit o mukha ng tao. Ang nakikita lang niya ay isang TV screen, at sa gitna nito ay ang puso ng bawat taong matutukan niya. May pusong wasak. May pusong bitak. May kalahati lang at merong dalawa. May basang-basa at merong tuyot. May natutulog. May naka-red ribbon. May nakasara, may made-in-Chinang kandado. May pudpod. Me puro fat. Merong me tagas. Merong me price tag. May kulay dolyar. 'Yung isa'y may sign—scene of the crime, don't enter. Ang puso ng Congressman sa nakapaskil na retrato sa punongkahoy ay bato.

Napatingin siya sa puso ng tatlong balo at ang nakita niya ay mga pusong bagamat matanda na ay sariwa pa rin at pulang-pula. Lalo na si Mrs. Baylon, na noong isang gabi lang ay nahuli ni Erica na umiiyak sa kuwarto nito. I miss my husband so much, sabi nito. Iba pa rin 'yung ang nayayakap mo ay flesh and blood. Hindi abo lang!

Para kay B

Pagdating sa bahay ay dali-daling tiningnan ni Erica ang puso ni Jake. Puro gasgas na ito dahil sa maraming pinagdaanan pero ang kulay ay sariwa pa rin at pulang-pula. Kaya sa hiya ay di siya makatingin dito. Dire-diretso siyang tumakbo sa kanyang kuwarto kung saan, nang mapaharap siya sa salamin, nakita niyang wala siyang puso.

Kinaumagahan ay nawala rin ang epekto ng gamot. Napanood ni Erica sa TV na nagtatago ang Love Guru dahil hinahanting ng mga tao. Ito pala ay con artist.

Nang matunugan ni Mrs. Baylon na wala pa ring epekto ang lahat kay Erica ay nag-panic siya. Inudyukan si Jake na mag-propose na kay Erica sa darating na birthday party ni Jake. Baka di pa siya ready, sabi ni Jake. Ako'ng bahala, pangako ni Mrs. Baylon.

Habang tumutulo ang mascara sa mukha ay lumuluhang nakiusap si Mrs. Baylon kay Erica. Kailangan ka namin ni Jake! Dahil sa'yo tumino si Jake! Saka pina-guilty niya si Erica. Kinupkop kita maski di ko alam kung con artist ka ding kagaya ng Love Guru na 'yun! Malay ko kung totoong me Maldiaga! Pero tinanggap kita bilang anak! Hayaan mong maging anak na kitang tuluyan!

Napatango na lang si Erica.

Ginaya ni Mrs. Baylon ang concept sa isang teleserye. Binili niya ang isang gabi ng concert ni Ogie Alcasid sa Music Museum at saka inimbita ang mga kaibigan ni Jake.

Maraming dumating, pati ilan sa mga ex ni Jake na hindi na galit, naggagandahan at nagseseksihan, curious makita kung sino ba 'tong babaing itong maganda nga daw pero may pagka-dense naman.

Upang ipakita sa buong Pilipinas at sa mga tabloids na sport sila, naupo sa front row ang mga ex ni Jake. Karamihan sa kanila ay nagdadasal na sana'y magkalindol o sunog o may pumasok na terorista. Ang isa sa kanila, 'yung dating Miss Philippines-World, ay tatlong linggo nang naghahanap ng sex video ni Erica pero wala.

Sa buong Pilipinas noon, despite the debacle with the Love Guru na inindorso ng Malakanyang, sa harap ng papahirap pang papahirap na sambayanan ay idineklara ng Pangulo na buwan-buwan sa Pilipinas ay gagawing Love Month. Ginawang madali ang ma-in love at pinakalat sa mga MRT at bangketa ang mga libreng libro ng love stories. Sina Lovely Rivero, Love Añover, Lav Diaz at lahat ng mga may pangalang nakakabit sa love ay pinarangalan. Maski hindi Valentine's Day nagpamudmod ang Malakanyang ng Valentine's package na may lamang five hundred pesos, tatlong latang sardinas, at isang torotot na kapag hinipan mo ay nagsasabing I love you, love mo din ba ako? Ang fatigue na uniform ng army ay ginawang pink para daw mas mapalapit sa sambayanan. Pinalabas din na ang isang recent case ng pagpatay sa isang aktibista ay crime of passion pala. Me binayaran pang babae who confessed kung ba't niya

Para kay B

pinatay ang lalaki. Mahal daw kasi niya and she can't get enough of him.

Sa TV ay sumikat ang isang contest. Kung sino ang makapagsasabi ng salitang "pag-ibig" nang pinakamahaba ang huling syllable ay pipremyuhan ng libreng kasal at honeymoon sa Boracay, ninang ang Presidente. B-i-i-i-i-i-ig, sabi ng contestants. Ang nanalo, galing Batangas at me punto pa, ay umabot ng 3 minutes. Isa sa mga contestant, galing Samar, ang minalas na kinapos ang hininga at namatay, kaya ayon sa mga tabloid, namatay siya sa pag-ibig.

Sa Music Museum, sa loob kung saan kumakanta si Ogie Alcasid sa harap ng lahat, punung-puno rin ng pag-ibig ang tingin ni Jake kay Erica. Nakaputing-puting gown ito at panay ang ngiti sa lahat, maski sa mga ex ni Jake. Inimbita sila ni Ogie Alcasid sa stage at kinantahan ng *Kailangan Kita*. Kilig na kilig sina Mrs. Baylon, Elizabeth at Sari. Nginitian ni Jake ang ina, nagpapasalamat dito.

Nang sila na lang ang nasa stage ay sinabi ni Jake kay Erica kung paanong ang buhay niyang walang direksyon ay binigyan suddenly ng direksyon ng isang babae. At gusto niyang makasama habang buhay ang babaing ito.

Saka siya lumuhod at habang iniaabot ang kahita ng singsing kay Erica ay nakangiting tinanong ito, will you marry me?

Nakatingin si Erica kay Jake, pero anumang pilit niyang may maramdamang pag-ibig dito, ang tanging nagdadaan sa

isipan niya ay—kung direksyon ang kailangan mo ay meron namang mapa!

Napabaling siya sa nakangiting si Mrs. Baylon at dalawang balong kaibigan nito—na ang mga mukha ay punung-puno ng Yes!, sa mga ex ni Jake na may mga plastic na ngiti, sa iba pang bisitang mag-asawa na kilig na kilig sa love story na ito dahil later ay babalik sila sa kanya-kanyang bahay na magkukunwari na namang lovey-dovey alang-alang sa mga bata at conjugal properties. Saka kay Jake na nakangiting may kislap sa mga mata. Nagsimula siyang magsalita para sabihing yes, I will marry you, yes, tinatanggap kong maging Mrs. Jake Baylon, payag na akong maging mapa mo habang buhay....

Pero may humaharang sa lalamunan niya. Di niya kayang lokohin si Jake. Di niya kayang magsinungaling kina Mrs. Baylon at sa dalawang balong kaibigan nito na patay na ang mga minamahal pero nagmamahal pa rin, samantalang siya, buhay na buhay pero walang maramdaman, mas patay pa kaysa sa patay, isang abo!

Kaya sinabi niya, I'm sorry, Jake... !

Parang sinaksak si Jake na napatingin lang sa kanya, nagtatanong ang mga mata. Umiling si Erica. Tumulo ang luha ni Jake.

Habang tumatakbong palayo ay iniisip ni Erica na napakasama niya pero anong magagawa niya? Nagtaksi siya at nakarating sa Baywalk. Sa dagat doon ay sinabi niya

sa mga alon, kunin n'yo na uli ako, ibalik n'yo na uli ako sa Maldiaga. Pero ang tumambad lang sa kanya ay ang mga basura sa dagat.

Naglakad siya nang naglakad, hindi alam kung saan pupunta. Madungis ang gown at bakli ang high heels. Pagod na napaupo na lang siya sa isang bench.

Ang bench ay malapit sa isang building. Ang building ay malapit sa isang TV station. Ang TV station, ayon sa logo nito, ay malapit sa puso ng lahat.

Noon niya narinig ang mga hikbi. Noong una akala niya ay kanya pero tapos na siyang umiyak. At saka hindi ganoon kaarte ang kanyang mga hikbi. Luminga siya. Nakita niyang nakaupo sa dulo ng bench ang baklang assistant director na kumuhang extra sa kanila ni Jake noon. Umiiyak ito habang singhot nang singhot sa isang puting panyo.

Luminga si Erica. Wala namang camera, wala namang nagti-taping. Binalingan niya ang assistant director. Puro uhog na 'yang panyo mo, sabi niya dito.

Ano bang pakialam mo? singhal nito sabay baling. Saka nakilala siya. Nabitin sa hangin ang panyo. Ikaw 'yung madaldal sa taping!

Ba't ka umiiyak? tanong ni Erica. Brineak daw ito ng boyfriend. Alam mo naman ang puso ng mga bakla, sabi ng assistant director, marupok! Saka lalong lumakas ang pag-iyak.

Hinagod ni Erica ang likod ng bakla. Walter daw ang pangalan nito pero Mary ang tawag dito. Mary? nagtatakang

tanong ni Erica. Kasi, paliwanag ng bakla, si Mary Walter daw ako, sabi ng mga putang baklang friends ko!

Maski di kilala si Mary Walter ay ngumiti si Erica, saka sinabing siya man broken-hearted din. Di lang niya maramdaman. Puwede ba 'yun? tanong ni Mary. Pero in fairness nakakatawa ka ha!

Noon nagsimulang magkuwento si Erica tungkol sa Maldiaga, ang community ng mga taong kagaya niya ay di marunong umibig. Tawa nang tawa si Mary. Iba ka, sabi nito, iba ka day! Kung di lang ako sigurado d'yan sa boobs mo iisipin kong bakla ka din!

Isang taon mula noon, sa TV station na iyon, isang show ang unti-unting sumikat, ang Wats Ur Prob, Lov? Isang magandang babae, si Erica, ang nagpapayo sa mga umiibig. Tinatawag ka lagi ng boyfriend mo sa pangalan ng ex niya? E di tawagin mo din siya sa pangalan ng ex mo! Mas mahal pa ng boyfriend mo ang cellphone niya? E di iwan mo! Pag nagpalit siya ng model baka palitan ka din! Gusto ng boyfriend mo mag-threesome? Sabihin mo mag-threesome siyang mag-isa!

Mina-match din ni Erica ang kanyang viewers. Kabilang sa mga mahirap i-match pero napagtagumpayan niya ay ang mga sumusunod: vegetarian at matadero, pirated DVD vendor at pulis, ex-priest at extra, retired army colonel at Koreana. Napakaraming Koreana ang fans ng kanyang show, sabihan nang sabihan ng *tangsinul sarang ha yu* habang

Para kay B

kasabay si Erica ay tapunan nang tapunan ng mahahabang buhok nilang ginamitan ng Fortress Shampoo na main sponsor ng show.

Paboritong endorser si Erica ng mga produkto dahil me kakaiba siyang innocence at honesty. Minsan, may dalawang magkakompetensyang produktong anti-aging cream ang nag-aaway para makuha siya. Finally nagkasundo. Sa kaliwang mukha ay ginamit ni Erica iyong isang produkto samantalang sa kanan naman ay iyong isa pa. Hirap tuloy siyang ngumiti dahil dapat wala siyang kinikilingan. At natatakot siyang baka maunang tumanda ang kalahating bahagi ng mukha niya kaysa d'on sa isa.

Sa isang bansang ayaw na ayaw ng mabibigat at depressing na paksa, at makakita lang ng nakahubad na hunk sa TV ay nagkakandarapang umibig, very refreshing si Erica. Ang mga manonood ay parang biglang naharap sa isang salamin kung saan napagtatawanan nila ang mga kombensyon at kaugalian ng pag-ibig Pinoy.

Pero pagkatapos ng lahat, sa gabi, sa dilim ng kuwarto bago siya matulog, ang sikat na TV host at endorser ay malungkot pa ring nagti-trace ng daliri sa image niya sa salamin, wondering kung kelan pa siya matututong umibig, automatic na nakakiling pa rin sa kaliwa dahil baka may hidden camera doon.

Isang araw sa dressing room, sinabi sa kanya ni Mary na may naghahanap sa kanya.

Parang may kung anong bumagsak sa loob ni Erica nang makita niya na maiksi na ang buhok ngayon ni Mrs. Baylon. Wala na ang bombilyang buhok. Simple lang ang ayos nito at wala ring mascara. Kailangan ko ang tulong mo, sabi nito.

Sumakay sila sa kotse ni Mrs. Baylon. Ito ang nag-drive. Napapanood daw nito lagi si Erica. Masaya ito na maganda na ang buhay ni Erica.

Sa labas, pumapagaspas ang malakas na hangin. Paunti-unti nang lumalakas ang ulan. Kumukulog. At ang langit ay pinupunit ng kidlat.

Natawa si Mrs. Baylon. Tuwing magkikita tayo, masama ang panahon! Susan naman daw ang pangalan ng bagyo. Napangiti si Erica. After all these years she still feels warmth and gratitude for this kind woman, na noon ay itinuring siyang sariling anak.

Kumusta na si Jake? tanong niya.

Doon kumawala ang mga hikbi kay Mrs. Baylon, at akala ni Erica ay mapapahinto ito sa pagda-drive. Hinagod niya ang likod nito pero di na ito nagsalita.

Malapit na ang gabi nang makarating sila sa beach resort. Headlights lang ng kotse ang tumatanglaw sa daan dahil brownout. Patuloy na kumukulog at kumikidlat. Kinuha ni Mrs. Baylon ang malaki nitong flashlight at saka inabutan ng payong si Erica.

Tumatakbo silang nakapayong na pumasok sa malaking bahay. Sa tanglaw ng mga kandilang itinirik ng mga katulong,

Para kay B

ang mga anino nila ay parang nagsasayaw sa mga dingding. Nasa loob siya, sabi ni Mrs. Baylon nang tanungin ni Erica kung nasaan si Jake.

Hinanap ni Erica sa loob si Jake. Nakita niya ito sa kuwarto, parang estatuwang nakaupo lang sa may bintana. nakapadyama, may hawak na flashlight na nakabukas at nakatuon sa dingding. Pero di ito gumagalaw, di pansin ang pagsungit ng panahon sa labas ng bintana.

Lumapit si Mrs. Baylon dito. Jake, anak, sabay halik dito. Look who's here!

Gumalaw lang nang konti si Jake pero hindi nag-respond. Kinuha ni Mrs. Baylon ang flashlight kay Jake at saka pinatay ito. Maliwanag naman dahil sa mga kandila.

Noon pumasok ang realization kay Erica. At naaawang napatakip ang kamay niya sa bibig. Kumulog uli at kumidlat.

Hindi mo ba babatiin si Erica? Hindi gumalaw si Jake. Niyaya ni Mrs. Baylon si Erica na maupo. Alanganing naupo si Erica. Parang gusto niyang matumba.

Nagsimulang magkuwento si Mrs. Baylon. Nang umalis daw si Erica noong gabing iyon, isang taon na ang nakararaan, hinanap siya nang hinanap ni Jake. Sa Internet, sa mga TV station, sa dyaryo. Nagtanong ito kung kani-kanino kung nasaan ang Maldiaga, ang community kung saan ang mga tao ay di marunong umibig. Ang ibang tao ay nagtaka, ang iba ay natawa. Karamihan ay naawa.

Pero may isang nakapagsabi. Ituro mo daw ang hinturo mo sa isang globe at kung saan tumigil iyon, andoon ang Maldiaga. Ginawa ni Jake. Naturo ng daliri niya ang isang hugis-papayang lugar malapit sa Bataan. Drive siya nang drive, paikut-ikot sa Bataan, inaaway na ang mga pulis-trapiko at iba pang napagtatanungan, pero kailanman ay di niya nahanap ang Maldiaga.

Isang araw, patuloy ni Mrs. Baylon, naalala niya ang kinuwento ko sa kanya na una nating pagkikita, noong basang-basa ka, kaaahon sa dagat. Mula noon lumulusong lagi sa dagat si Jake. Dive nang dive. At tuwina ay bumabalik na bigo. Pero di tumitigil, anuman ang pakiusap ko ditong tama na, anak, maawa ka na sa sarili mo!

Hanggang isang araw natagpuan na lang nila itong lumulutang sa dagat, walang malay. Ayon sa doktor, posibleng naaksidente ito sa dagat at naapektuhan ang spine nito. Para na ito ngayong gulay. Nakakatayo, nakakalakad, nakakagalaw, pero hindi nakakapagsalita. At walang nararamdaman.

Umiiyak na lumuhod si Erica sa harapan ni Jake at humingi ng tawad dito. Ginive-up niya ang trabaho sa TV at ibinuhos ang buong panahon sa pag-aalaga kay Jake. Tuwing umaga'y pinapaliguan niya ito ng tubig-dagat, pagkatapos ay babanlawan, bibihisan, paiinumin ng gamot, pakakainin sa veranda habang kinukuwentuhan maski parang wala itong naririnig. Naaalala mo, Jake, 'yung taping na ginulo natin?

Naging kaibigan ko 'yung assistant director! Naaalala mo, Jake, 'yung building na sabi mo ipatatayo mo para sa akin? 'Yung tatlong K, di mo na ba natatandaan? 'Yung Maldiaga?

Minsan ay awang-awang hinawakan siya ni Mrs. Baylon sa bisig, saka sinabi sa kanya, iwan mo na kami, puwede naman akong mag-hire ng nurse, sobra na ang nagawa mo para kay Jake! Pero umiling lang si Erica. Kulang pa.

Saka tinanong niya kay Mrs. Baylon ang noon pa niya gustong itanong. Noon pa kasi niya napapansin, wala na sa altar ng kuwarto ni Mrs. Baylon ang urn ng asawa nito.

May nangyari ba?

Napahagikhik nang bahagya si Mrs. Baylon. Panatag itong nagkuwento. Noon daw mga panahong malungkot siya, at di naman niya makausap si Jake, she longed for her husband so much na hindi niya napigilan ang sarili. Habang tumutugtog ang *I've Got You Under My Skin* ay binuhos niya ang abo ng asawa niya sa thermos at saka niya hinalo sa mainit na tubig. Iyon ang parang tsaa na sabik na iniinom niya uma-umaga sa loob ng halos tatlong araw. Kailanman ay hindi na sila magkakahiwalay pa ng kanyang asawa.

Hindi hinusgahan ni Erica si Mrs. Baylon, hindi niya rin ito kinuwestiyon. Sa halip ay masayang nag-high five sila.

Lumipas ang mga araw, linggo, buwan. Nabalitaan niyang sa labas sa Lovapalooza ay nagdoble na ang bilang ng mga taong sumali para makipaghalikan sa kalsada. Mas

lumala ang kahirapan at krimen at ang nagugutom na sambayanan ay lalong naging desperadong ma-in love. Organic Love! sabi ng isang billboard na nagbebenta ng korteng pusong patuka sa mga manok. Love-anan ang kahirapan! sabi naman ng billboards ng Pangulo na may nakangising mukha niya. Pumatok ang isang reality show sa TV kung saan isang matandang mayamang Australian farmer ang pipili ng mapapangasawa sa sampung Pilipinang mail-order bride. Araw-araw isang talunan ang mapapabalik sa Pilipinas hanggang sa may isang matirang pakakasalan ng Australian.

Samantalang si Erica, laging nakadamit na puting-puti, ay nagpatuloy sa walang sawang pagsisilbi kay Jake. Sa nagkakalipumpunang mga dampa sa kahabaan ng dalampasigan, kapag tapos na sa maghapong pangingisda ang mga lalaki at ang mga babae naman ay sa pagtatahi ng mga lambat, nagpapahinga sila at pinagkukuwentuhan ang tungkol sa isang magandang babaing laging nakaputi, na walang ginawa kundi magsilbi sa isang lalaking walang katinuan.

Dadalhin ng babaing ito tuwing umaga at dapithapon ang lalaki para paliguan sa dagat, saka ibabalik sa malaking bahay para banlawan at bihisan. Pakakainin sa veranda.

Pagkalipas ng ilang sandali ay ipapasok na uli. Araw-araw, kumulog man o kumidlat. Walang pagod. Maski wala nang sariling buhay.

Para kay B

Alam ni Erica na pinagkukuwentuhan siya ng mga taumbayan. Ginawa na siyang isang alamat kagaya ng matandang babae sa Maldiaga. Pero wala siyang pakialam. Ang mahalaga lang sa kanya ngayon ay ang gumaling si Jake.

Lalo na ngayong alam niyang sa wakas ay natuto na siyang umibig. Pinagmamasdan niya nang matagal ang tulalang si Jake at saka sinasabi niya ditong I love you, nang di na niya iniisip na me camera. Alam na niya ang ibig sabihin ng mabuhay nang para sa isang tao lamang.

Pero bakit ganito kasakit? Isang sakit itong araw-araw ay pinipilit niyang hanapan ng description dahil ngayon lang niya naramdaman sa buong buhay niya, at maski ang mga natutunan niya sa TV ay hindi sapat para mailarawan niya ito. Para ba itong may humihiwa ng blade sa kanyang puso't di ito tinatantanan maski ubos na ang dugo? Para ba itong may bumabayong martilyo sa kanyang dibdib? Pero hindi pa rin. Na-realize niya na dahil ang nararamdaman niya ay hindi kayang ilagay sa mga salita, mas totoo ito, at mas totoo siya.

Isang araw ay dinala niya uli sa dagat si Jake para paliguan. Humugong nang malakas ang hangin, umiikut-ikot sa dalampasigan na parang may hinahanap. Kinakabahang lalapitan na sana niya si Jake para ibalik sa bahay pero may narinig siyang boses mula sa dagat at napatigil siya. Ang boses ng Matandang Babae ng Maldiaga.

Takang-takang lumapit siya. Tumigil ang hangin na parang nanonood. Erica, sabi ng Matandang Babae, alam ko ang sakit na nararamdaman mo!

Tumulong bigla ang mga luha ni Erica at napatango siya. Puwedeng mawala 'yan, sabi ng Matandang Babae. Paano? tanong ni Erica. Bumalik ka sa Maldiaga, sabi ng Matandang Babae. Doon ay wala ka na uling mararamdamang sakit. Hindi ka na luluha dahil sa pag-ibig.

Natutuksong napalakad paabante sa dagat si Erica. Nakatingin pa rin ang hangin. Pero napatigil siya. Napalingon kay Jake, na tulala lang na nakatayong nakatingin sa harapan nito. At noon niya na-realize, maski gaano kasakit, basta't katabi niya si Jake.

Umikot siya at tumatakbong nagbalik kay Jake. Lumuluhang niyakap ito.

Habang akay-akay si Jake pabalik ng bahay ay sinusundan sila ng lumakas uling hangin. Nang pumasok sila ng bahay ay pumasok din ang hangin. Dali-daling isinara ni Erica ang kuwarto pero maging sa loob ay umiikot ang hangin, galit na humahampas sa mga dingding. Dali-daling humarang si Erica sa harapan ni Jake upang ipagtanggol ito.

Tumigil ang hangin. Naghari ang katahimikan. Saka may narinig si Erica. Mahina lang. Hindi niya mawawaan. Unti-unti siyang umikot at bumaling kay Jake. Nakatingin

sa kanya si Jake, ang walang buhay na mga mata'y walang ekspresyon. Pero may ibinubulong ito. Maldiaga... sabi ni Jake. Maldiaga....

Tumahimik si Jake. Ulitin mo, sabi ni Erica sabay yakap kay Jake, ulitin mo. Pero nagbalik na sa dati si Jake, hindi kumikibo. Kaya kumalas sa pagkakayakap dito si Erica.

Hinaplos niya ang pisngi nitong sa napakaiksing panahon lang ay humumpak na at gumaspang. Hinalikan niya ito. Hindi ito nag-respond.

Nagsimula siyang hubaran ito. Wala pa rin itong reaksyon. Inakay niya ito sa kama and there she kissed every pore of his body, desperadong naghahanap doon ng maski anong butas upang mapasok ang kamalayan nito.

Sa wakas ay parang nabuhay nga si Jake. Napatingin kay Erica at saka pumatong sa kanya. Natutuwang yumakap si Erica kay Jake. Habang magkapatong ay unti-unti silang umangat sa hangin, nag-levitate pataas nang pataas hanggang sa umabot sa may kisame. Na para bang idinuduyan sila ng kung anumang kapangyarihan iyon doon sa itaas na gustong kupkupin sila, pagbigyan sila.

Pero mabilis din silang bumagsak. Sumemplang sa sahig si Jake at si Erica naman ay nagalusan sa bisig. Napatayo siya. Tumingala sa kisame. Ganito lang ba? tanong niya sa nasa itaas, kung saan naririnig niya ang patuloy na pagtipa ng mga daliri sa keyboard ng isang laptop, kung saan patuloy

na sinusulat ang kanyang kuwento. Kung sino ka man, ganito lang ba? Please make it last. Please make it....

Pero biglang sumara ang laptop.

Ester, ang Ikaapat na Kwento

KAPAG TUMAWA SI ESTER, HINDI LUBOS. BAHAGYA LANG na nakabuka ang bibig at ang tunog ay naudlot, parang isang biyaherong natigil sa gitna ng daan.

Sa edad na 20, matapos na matapos ang kasal niya ay natawa si Ester. Tumatawa rin ang pinakasalan niyang si Lucio, ang mga magulang nito, ang mga magulang niya, si Sara ang katulong nila, ang mga bisita.

Nagmamartsa na kasi sila palabas ng simbahan nang tarantang tumakbong papasok ang isang biik habang hinahabol ng batang lalaking nag-aalaga dito. Oink oink oink oink! Nagpatakbu-takbo ang biik sa pagitan ng mga nagmamartsang nakaputing mga abay habang nagkakatumbahan ang mga dekorasyong ribbon at kandila at nagtitilian ang mga bisita.

Nadumihan ang white gown ni Ester at dali-daling lumapit si Sara para pagpagan ito. Inalalayan naman siya ni Lucio para huwag siyang matumba. Noong una ay di muna makatawa si Ester. Napaka-inappropriate ng nangyari at di niya matanggap. Pero nang magtawanan na ang lahat, pati si Lucio, at sumigaw ang pangunahing abay ng—ayan na ang handa natin!—ay natawa na rin siya. Sa tawa niyang pigil.

Light lang ang kanyang makeup at maging ang gown niya ay hindi puting-puti kundi puti lang. Ang buhok niya ay nakasimpleng pusod. Ilang araw na nag-ensayo sila ni Lucio at ang mga kamag-anak dahil ayaw niyang may nawawala sa lugar.

Ayaw ni Ester na ang anumang bagay ay sumobra sa dapat. Buong buhay iisa lang ang patakaran niya: Never go out of bounds. There are certain boundaries para sa bawat tao at doon lang ang lugar mo. Kapag lumagpas ka, maaari ka nang makapanakit ng iba.

Maging sa negosyo nilang paggawa ng hand-made barong Tagalog sa bahay, di magtatagal sa paglipas ng panahon kapag minana na niya ito sa mga magulang, sa bawat embroidery na ginagawa niya ay may pagpipigil na lalo pang nagbibigay dito ng elegansya, pechera man o raya o pelaez ang disenyo, laging tama lang at walang mga sobrang burloloy.

Kailanman ay di siya umalis sa maliit na bayan nila ng San Mateo, at sa mga susunod pang mga taon hanggang sa pagtanda, kailanman ay di siya aalis doon. Halos araw-araw

Para kay B

ay nasa kanilang maliit na bahay lang sa may dulo ng bayan. Andito na lahat ng kailangan ko, saan naman ako pupunta?

Noong bata pa si Ester ay isang mapagbirong laseng-gong Uncle ang nagsabi, gusto mong malaman kung sinong mamahalin mo habang buhay? Hintayin mong bilog ang buwan at tulog na ang lahat, iyong walang istorbo maski mga aso o nagtitinda ng balot, magdala ka ng salamin sa bubong at sa reflection ng buwan sa salamin ay makikita mo kung sino siya.

Sino naman ang aakyat sa bubong, sagot niyang umirap pa sa Uncle, kundi magnanakaw o aswang? Pero naniwala siya. At totoo nga.

Doon sa bubong na iyon ninakaw ang puso niya. Isa iyong ordinaryong bubong, gawa sa galvanized iron, me mga nakapatong na gulong ng sasakyan, kalawangin at puro gurlis. Pero maski noong umuunlad na ang negosyo nila ng paggawa ng barong Tagalog at malaki na ang kinikita ni Lucio bilang OFW ay ayaw pa rin niyang umalis sa bahay na iyon. Maski nang mapilitang ipa-renovate ang bahay ay di niya pinapalitan ang bubong. Nagtataka ang mga anak niya pero walang nakakaalam ng kanyang sekreto.

Noong una, matapos magkuwento ang Uncle niya, dala-dala ang isang maliit na salamin ay nagpunta siya sa bubong. Ilang gabi. Ang laging nakikita niya ay ang sariling mukhang napahiya at ang maputlang buwan sa likuran. At ang nangungutyang hangin. Nagdalaga siya at napang-asawa si Lucio,

na nakilala niya nang magpatahi ito ng barong Tagalog upang ipang-ninong sa kasal. Driver ng mga kargamento sa Egypt si Lucio kaya laging wala pero faithfully ay nagpapadala ng pera. At faithfully ay nagbabakasyon taun-taon, dala-dala ang kahun-kahong mga lotion at chocolates. Tuwing dumarating ay nagsisiping ito at si Ester, kaya mabibilang mo ang naging bakasyon nito sa bilang ng mga anak nila. Lima.

Kapag nasa Egypt si Lucio, ang katulong ni Ester sa pag-aasikaso sa bahay at mga anak ay si Sara. Sara, tulungan mo nga ako't namamanas na naman ang binti ko! Sara, ang mga bata, paliguan na natin at darating na si Lucio! Sara, ang pulseras kong pasalubong ni Lucio, iyon ang gusto kong isuot! Sara, sino na naman ang nakialam d'on sa resibo n'ong umorder ng barong na taga-Caloocan, di ko makita!

Si Sara ang unang nagsabi sa kanya, Manang Ester, hindi buo ang tawa n'yo! H'wag mo nga 'kong matawag-tawag na Manang, nakasimangot niyang sagot, limang taon lang ang tanda ko sa'yo!

Hindi niya alam kung may itinatagong galit sa kanya si Sara. Parang iniiwasan kasi siya nito. Di makatingin sa kanya nang diretso. Kapag nagpapaliwanag ay di malinaw magsalita. Sara, kinakain mo na naman ang mga salita mo!

Maski di sinasadya madalas ay napapahiya niya ito sa harap ng ibang tao at tahimik na lang na luluhang palayo. Lalong maiinis si Ester dahil sa lahat ng ayaw niya ay iyong iisiping nakapang-api siya ng kapwa.

Para kay B

Siguro'y ayaw ni Sarang maging katulong, naiisip na lang ni Ester. Mula lola hanggang ina at mga kapatid, pamilya ito ng katulong. Anong kinabukasan ang naghihintay sa isang di nakatapos ng high school at walang ibang skills kundi magsilbi sa iba? Kaya noong bata pa ito'y layas nang layas sa kanila. Pero nagbabalik din naman dahil mahal nito ang mga magulang ni Ester. Naaalala ni Ester ang isang insidente noong disisiyete anyos siya. Sinisilip niya sa kuwarto ang ina niya habang tinuturuan nito kung anong gagawin ni Sara, na sa unang pagkakataon ay nagkaregla. Napansin siya ni Sara na nakasilip at naiyak ito sa hiya. Matagal bago napatigil ng ina niya.

Nang mamatay ang ina ni Ester ay ibinilin nitong huwag daw paaalisin si Sara. Paano niya paaalisin si Sara? Tama ang lasenggo niyang Uncle. Isang gabing umakyat siya sa bubong dahil may narinig na ingay doon, walang dalang salamin, 27 na at lima na ang mga anak sa nasa abroad na si Lucio, nakita niya ang taong kanyang mamahalin habang buhay. Si Sara.

Umiiyak itong nakatingala sa buwan habang bitbit pa ang timbang ginamit sa paglilinis ng bubong. At di alam ni Ester kung imahinasyon lang niya, pero alam niya, kumikislap ang mga luha ni Sara sa liwanag ng buwan, parang mga bituing nalalaglag.

Through the years dalawang pag-ibig ang lumulan sa puso ni Ester, at nagkasya naman doon. Pero mas ang pag-ibig sa bubong. Dahil totoo ang sabi nila, ang great love mo

hindi mo makakatuluyan. Ang makakatuluyan mo ay ang correct love.

Mula noong gabing iyon sa bubong ay di na niya kinayang makipagsiping sa asawa. Naghanap siya ng kung anu-anong idadahilan. Ang maunawaing si Lucio naman ay hindi nagreklamo.

Madalas ay tinitingnan niya nang may pagmamahal si Sara habang naglilinis ng bahay, o kaya'y nagbuburda ng barong Tagalog. Sa gabi'y hinahaplos niyang palihim ang bahagi ng barong na dinaanan ng kamay ni Sara. Madalas ay napapatingin siya sa bubong. Sa panlabas ni Ester ay walang nagbago. Pero sa loob niya ay nagpupuyos ang napakaraming unos.

Isang araw ay may nakita siyang ID picture ni Sara noong 23 anyos ito. Inosenteng-inosente at napakaganda ng nakangiting si Sara. Pina-xerox niya at saka itinago sa pinakailalim ng mga damit sa aparador. Wala namang nakikialam doon dahil sa buong kabahayan ay krimen ang me gumalaw sa mga gamit niya.

Nabangga po ng trak, sorry po, gagawa po agad kami ng arrangements para maiuwi ang bangkay.

Ganoon lang ibinalita sa kanya sa long distance call ng taga-Philippine Embassy sa Egypt ang nangyari sa asawa niya. Sa tatlong pangungusap.

Wala siyang naisagot. Natagpuan na lang niya ang sariling inaayos ang mga damit ni Lucio habang lumuluha,

Para kay B

tupi nang tupi ng mga polo't pantalon at briefs at medyas at panyo, tinatanggal ang mga gusot maski ayos na ayos naman, pinipigilang ang mga luha ay pumatak sa mga ito, ang tanging iniisip ay kung paano sasabihin sa mga anak na nasa eskuwelahan pa.

Noon bumukas ang pinto. Napatingala siya. Andoon si Sara. Isinara nito ang pinto at saka lumapit. Naupo sa tabi niya at tinulungan siyang magtupi ng mga damit ni Lucio.

Naalala mo n'ong kasal namin ni Lucio? tanong ni Ester, in an attempt na mapatigil ang pagluha niya. Tumakbo 'yung biik at nagkaputik-putik tayong lahat! Si Lucio, inalalayan agad ako para hindi ako matumba!

Natawa si Ester, hindi buo, sa sariling kuwento. Saka tumulo uli ang mga luha niya.

Hinawakan siya ni Sara sa pisngi. Parang isang basang sisiw na sumilong siya sa mga bisig nito. Hinahaplos nito ang likod niya habang umiiyak siya. Tama na, sabi nito, tama na.

Dumikit ang mukha ni Ester sa mukha ni Sara, umatras, saka hinagkan niya ito sa mga labi. Nagitla ito saglit, napaurong. Basa pa rin ng luha ang mga mata niya. Hinagkan niya uli ito at nagpaubaya na ito. Nahiga sila at habang hinuhubaran niya ito'y hinahalikan niya bawat parte ng katawan nitong natatanggalan ng saplot. Malulusog na dibdib nito, walang buhok nitong mga kilikili, pusod nitong maliit, at sa ibaba, sa gitna ng mga hita, ang simple pero hindi simpleng hiwa. Gusto niya ang liquid ni Sara, ang luha nito na saglit

na tumulo, ang laway nito, ang pawis nito, ang katas nito. Ang naaamoy niya habang hinahagkan si Sara ay ang sarili niyang amoy, na para bang while making love ay hindi rin siya sobrang lumayo, andoon pa rin siya sa kinaroroonan niya pero nakalipad na sa rurok at layo ng nakahihilong kaligayahan.

Pagkatapos ay parang batang pinatulog siya ni Sara. Nang magising siya ay wala na ito, hindi lang sa kuwarto, kundi sa buhay niya.

Hinarap niya ang mga anak at sinabing patay na ang ama nila. Through the years na wala si Sara at pinalaki niya ang mga bata sa tulong ng isang bagong katulong, she never stopped honoring her dead husband. Ang ama n'yo, laging sinasabi niya sa mga bata, mahalin n'yo ang ama n'yo na parang andito pa rin. Hindi siya nagkukulang sa paglalagay ng mga bulaklak sa tapat ng retrato ni Lucio sa may altar. At kapag nababanggit sa TV ang tungkol sa mga bagong bayaning OFW, buong pagmamalaki siyang napapangiti, saka yayakapin ang limang anak. Nagsisipag-aral na ito, nagkaka-boyfriend at girlfriend na, nagkakaroon na ng iba't ibang personalidad.

Ang napapansin niya ay ang kakaibang kilos ng ikalawang anak, si AJ. Nang magsimula itong kumembut-kembot ay napapikit siya. Nang mahuli niya itong suot ang high heels ng Ate nito ay ikinunsulta niya sa doktor. Nang tawagin siya nitong Mamita ay ipinagnobena na niya.

Para kay B

Kabayaran ba ito para sa kanyang minsang nagawa noon? O ito ba ang manipestasyon ng pinipigilan niya at di magawa? Ang kanyang anak ba ang kabaligtaran ng kanyang kapalaran?

Isang araw, katorse anyos na noon si AJ, kinausap siya nito sa kuwarto. Mommy, dalaga na 'ko!

Nilabanan ni Ester ang impulse na ayusin ang nakatiklop na bahagi ng kurtina, o kaya'y linisin ang dumi sa sahig. Hindi agad siya nakasagot.

Mommy, narinig n'yo ba 'ko?

Anak, baka ibig mong sabihin, binata ka na.

Si Mommy naman e! Pa'no ako magiging binata e nagriregla na 'ko!

Ha?

Joke lang! How I wish....

Anak....

Tsaka h'wag n'yo kong tatawaging anak, Momsy, para tayong nasa pelikula!

Basta, hindi ka babae!

Mommy, 2004 na! Nagmartsa na ang mga bakla sa Kongreso, na-reelect na si Gloria Macapagal-Arroyo, nakawalong operasyon na sa ilong niya si Michael Jackson, at nanalo na sa Miss Universe ang kaunaunahang taga-Dominican Republic na si Amelia Vega!

Ano namang koneksyon n'on?

Ibig sabihin n'on, Mommy, mamushka, mudra, mother dearest, ngayong napagod na kayo sa kata-try na i-change ako, puwede bang tanggapin n'yo na lang ako?

Anong klase ka bang bakla?

'Yung maganda.

Ibig kong sabihin, di ba sabi nila, meron daw iba't ibang klase...?

A, ibig n'yo sigurong sabihin 'yung me paminta, me efem, me pagurl, me tranny, me botomesa, me top, me beauconera, me bi. 'Yun ba, Mommy?

Ganyan ba kadami ang mga bakla?

Oo naman, Mommy!

E saan ka d'yan?

Sakop ko lahat!

Diyos ko, AJ!

Pasalamat nga kayo, Mommy, in deference sa inyo, di ko na pinapalitan ang pangalan ko e! Ang iba d'yan, Strawberry, Carlota, Mimi!

Bakit, ano bang gusto mo sana?

Wilhelmina!

Hindi ako makapapayag!

Kaya nga AJ na lang, Mommy! Plain and simple AJ!

Buti!

Pero siyempre, Mommy, pag tinatanong nila kung anong ibig sabihin ng AJ, sinasabi ko, Andrea Juanita!

Para kay B

Masakit man sa loob, isang araw, ipinagpasa-Diyos na lang niya. Tutal tanggap naman ito ng mga kapatid. Siguro sa buhay ng tao ay may isang bagay man lang na ibinibigay ang Diyos na sumobra, at dapat nating tanggapin. Sa buhay niya siguro ay iyon si AJ. Halika, sabi niya isang araw kay AJ, ako na nga ang mag-aayos ng medyas d'yan sa bra mo at laging tabingi!

Actually minsan lang naman mag-bra at magdamit-babae si AJ. Mas madalas ay nakamaong at T-shirt na kita ang tiyan. O kaya ay naka-metrosexual daw na ayos, parang me naglalakad na rainbow sa kanilang sala. Minsan naman ay lalaking-lalaki, nakamaong na pantalon at rugged na polo. Minsan suot ang mga barong na gawa nila. Araw-araw di niya alam kung ano'ng magiging kulay ng anak niya.

Sa paglipas ng mga taon ay puro bakla din ang naging mga kabarkada ni AJ, sa kanilang sala'y nagkekendengang parang mga tipaklong at nagtitiliang parang mga butiki. Pati ang nag-iisang babae sa barkada, si Bessie, ay di niya mawari kung bakla din. Maiksi ang sobrang iksing shorts na pinutol lang ng gunting, at maiksi din ang blouse na ayaw makipagtagpo sa pusod. Bakat lagi ang nipples (baktong daw ang tawag, sabi ni AJ, bakat ang utong!). O kaya me black bra na nakalitaw. Paiba-iba ang streaks sa buhok. Sa gitna ng hinlalaki at hintuturo ay may tattoo na LOVE. Ang kapal-kapal mag-makeup.

Me factory ba ng make up 'yang Bessie na 'yan?

Bakit, Mommy?

Inubos sa mukha niya!

Mommy naman e...!

Basta, ayoko sa kanya. Masamang impluwensiya! Ang landi-landi!

Mommy, ako din naman!

Maski na, lalaki ka....

Correction....

Kung kani-kanino pumapatol si Bessie at nabalitaan niya minsan, sinubukan daw nitong i-seduce si AJ. Naghabulan daw nang naghabulan sa kuwarto ang dalawa hanggang sa ang kinawakasan ay minake-over na lang ni AJ si Bessie. As if puwedeng i-make over ang ganoong klaseng babae!

Napaka-imoral talaga! Akala niya siguro papatol ka sa babae!

Mommy, di ko lang siya pinatos dahil friends kami, para na ring incest 'yun!

Anong ibig mong sabihin? Papatol ka nga? AJ, masyado ka nang promiscuous ha!

Mommy, hindi ako promiscuous. Generous lang. Di ba Christian ang gan'on? Ang katawan ko ang pinakamaganda kong asset kaya dapat sini-share ko!

Di ka ba napapagod?

Sila ang napapagod, Mommy.

Para kay B

Madalas sa mga orgy si AJ. Pagpasok pa lang sa kuwarto, naririnig na niya ang ingay ng laplapan. Ang libog ay parang wild animal na gumagapang sa sahig, umaakyat sa dingding, naglalambitin sa kisame, sumisirko sa kama, at saka titingnan ka at hahamunin. Ang gagawin ni AJ tatayo lang muna siya at di kikilos. At least kalahati ng participants ay mapapatingin. Hindi siya puwedeng hindi mapansin. Sa tanglaw ng soft light ang skin niya ay malakremang gatas, ang katawan niya ay hinubog sa gym, at ang mukha niya ay guwapo minsan, minsan ay maganda. Ang kanyang mystery, alam niya, ang kanyang pinaka-attraction. Siya ang lead star.

May mag-asawang madalas mag-imbita ng ka-threesome. Nitong huli nag-suggest ang husband na bakla naman ang kunin nilang guest star. For a change. Nagduda ang wife. Baka naman baklita na si husband dearest? Pero nang dumating si AJ, with all his alindog, guess what? Ang na-in love sa kanya ay ang putang wife! As in, tini-text siya at inaalok ng trip to Hongkong!

Masaya na sa sarili at sa ganitong buhay si AJ. Isa lang ang frustration niya, at iyon ay ang ina.

Mommy, sige na, try mo lang! Pinagsusuot niya ito ng pula dahil lagi na lang naka-paboritong dilaw. Mommy, Cory is so over! Dadalawa na lang silang nakatira sa bahay na iyon, maliban sa katulong, dahil ang mga kapatid ni AJ ay sa

Maynila na, nagtayo doon ng pagawaan ng barong Tagalog, kaya feeling ni AJ ay magagawa na nila lahat ng gusto nila. Yakag siya dito nang yakag na mag-Bora sila. Ano namang gagawin ko d'on? tutol ng ina.

Minsan ay niyakag ni AJ si Ester sa gay bar. Mommy, marami nang mga kawimenang pumupunta doon! Sa loob ay naupo talaga sila sa harapan. Ano ba naman ang mga 'yan, sabi ng ina niya habang di makatingin sa mga naglililiyad na mga dancer, parang me mga polyo! Nang mag-area ang isang macho dancer, idinudukdok halos ang hubad na harapan sa mukha ni Ester, ay sukang-sukang nag-walk out ito. Mommy naman e, sinayang ang entrance!

Ang nakikita ni AJ ay isang mundo na kung saan lahat ng mga tao ay kagaya niyang masaya at glamorosang nag-kekendengan at rumarampa, may mga butterflies sa hangin at mga petals sa kalsada, sexy music at handsome hunks. Samantalang sa isang tabi ay malungkot na nakaupo lang, walang ginawa kundi magburda, ang kanyang ina.

Gusto mo, alok ni Bessie, habang naglalagay ng itim na cutex sa kuko, mag-reach out ako sa kanya? Kausapin ko? H'wag na, sabi ni AJ, she doesn't like you. Well, I don't like her either, buwelta ni Bessie.

Alam ni Ester ang intensyon ni AJ. Para siyang nasa loob ng isang guhit na bilog, at goal ni AJ na mapalabas siya. Pero di niya makita ang dahilan kung bakit kailangan iyon.

Para kay B

Lagi niyang sinasabi sa sarili, masaya na siya dito, kung nasaan siya. Siya iyong tipo ng taong hindi kailangang pumunta kung saan-saan.

Minsang kauuwi lang ni AJ, ingat na ingat na niyaya siya nito na maupo. Dinim pa ang light. At saka isinara ang pinto. Noong huling ginawa ni AJ ang ganito ay ipinagtapat nitong bakla ito. Kaya inihanda na niya ang sarili sa sasabihin nito.

Mommy, sabi nito, me ipagtatapat ako!

Kinabahan siya. Me masahol pa ba sa pagiging bakla?

Since di ba, patuloy ni AJ, dapat wala tayong secrets as mother and daughter? Dapat lagi tayong open sa isa't isa? Me ipagtatapat ako!

Straight ka?

Mommy naman e!

E ano?

Kapapanood ko lang kasi ng *Terms of Endearment*, at doon ang mother and daughter naging honest dahil iyong anak mamamatay na sa cancer.

Me cancer ka?

Mommy, ibig kong sabihin, you never know, you know! I want to be honest gaya nina Shirley Maclaine!

Ba't di mo pa kasi sabihin!

Mommy, alam ko ang tungkol ke Sara....

For a while hindi naka-react si Ester. Parang tumanggi ang utak niya na marinig.

Kaya inulit ni AJ. Mommy, you know, 'yung about ke Sara, know ko!

Napatingin lang siya kay AJ, di pa rin makapaniwala sa sinasabi nito. Nagpaliwanag si AJ. Isang araw daw na naghahanap ito ng bestidang puwedeng i-recycle dahil may gay pajama party ay naghalungkat ito sa aparador ni Ester, at nakita sa pinakailalim ng mga damit ang xeroxed photo ni Sara.

Wala kang karapatan! 'yun lang ang nasabi ni Ester, nanginginig ang boses at pinipigilan ang sumigaw. Wala kang karapatan!

Pinagmasdan siya ni AJ habang tahimik na uli siyang nakaupo, matigas ang mukha.

Pagkalipas ng ilang sandali ay hinawakan siya nito sa kamay. At saka sa mahinang boses....Mommy, h'wag ka nang magalit. Tomboy ka, bakla ako, magugunaw ba ang mundo?

Hindi ako tomboy!

Whatever! Ang importante, maging masaya ka!

Wala kang karapatan, ulit niya. Wala kang karapatang sabihing hindi ako masaya!

Saka napatigil siya. Di rin nakakibo si AJ. Inayos ang suso nito at saka inisip ang sasabihin. Saka nagsalita uli, buong pagmamahal.

Mommy, hanapin natin siya.

H'wag na h'wag mong magagawa 'yan!

Baka gusto ka rin niyang makita, malay natin!

Para kay B

Ayoko!

Mommy....Hinigpitan ang hawak sa kamay niya.

Tanggalin mo nga 'yang bakla mong kamay!

Ay, nagsuplada!

Tumahimik uli si Ester.

Mommy, humble opinion ko lang ha, pero you deserve to be happy! After all you've done for us! Maiintindihan ng kaluluwa ni Daddy!

Matanda na 'ko no!

38 matanda na? Girl, carabao lang ang naggu-grow old!

A, basta!

Tatlong araw siyang nagkulong sa kuwarto. Narinig niyang nagdidiskusyon sa labas ng pintuan ang iba niyang mga anak na dumalaw galing Maynila, nagtataka kung ano ang nangyayari sa kanya. Baka early menopause, sabi ni AJ. Gusto niyang batukan si AJ.

Ikinuwento ba ni AJ sa mga kapatid nito? Hindi naman siguro. Kina Bessie? Minsan ay nahuli niyang nagtatawanan ang mga ito, na parang sa kanya nakatingin. Namula siya. Mommy, sabi ni AJ, ang pinagtatawanan namin si Edgar, 'yung isang friend namin, kasi ba naman naniniwala pa sa true love!

Nag-research si AJ sa Internet tungkol sa mga lesbian at natuklasang maski dyke ang karaniwang tawag sa kanila ay marami pa rin palang klase. Me mga femme na sobrang girly girl talaga kung mag-ayos para maiba sila doon sa mga butch naman na pars na pars. Meron ding andro, ayaw magbihis-

lalaki o babae, basta't kung saan sila komportable, mga tivoli o simpleng byaning lang daw sila. H'wag mong masubuk-subukang i-classify ako, banta ni Ester sa kanya, magkaka-World War 3! Wala akong kapareho!

Ikaw naman kasi, AJ, sabi ng isa sa mga barkada niya, gusto mong i-out ang nanay mo! Ano namang masama doon? tanong ni AJ. Tinanggap niya ako, dapat matanggap ko rin siya!

Iginawa niya ng account ang ina sa DowneLink, isang website ng mga gay at lesbian. Ipinost niya ang retrato at profile nito. Address nila at landline and inilagay niya dahil hindi naman nagsi-cellphone ang nanay niya at lalong hindi nag-i-email. Dinescribe niya ito as "an alluring widow with a tantalizing smile, very sensible and smart, with a prosperous textile business and 5 very attractive children". Ang retratong inilagay niya ay noong bagong kasal pa lang si Ester, bahagyang nakabukas ang bibig na parang nahiyang tumawa.

Nagalit si Ester, hindi lang dahil nasusuka ito sa description na "alluring widow with a tantalizing smile" kundi dahil mula noon ay nagdagsaan ang mga sulat at dalaw sa kanila. Iba't ibang itsura ng katomboyan ang nakita nila sa loob lang ng isang linggo—may lalaking-lalaking kamukha ni Dick Israel, may mukhang librarian at me regalo pang mga libro, may parang baklang tomboy na di mo mawari at tibs na lang daw ang itawag sa kanya, at may parang si Portia Ilagan,

Para kay B

Mommy naman e!

Ano ba ito? Ang nagdala ng pag-ibig sa kanya ay bubong, ang kay AJ ay kuko!

Wala nang bukambibig ngayon si AJ kundi ang benefits ng pagiging stick to one. Naglilibot itong suot ang T-shirt na me nakasulat na My Ass Is Reserved For Only Him. So Don't Ass Me!

Gusto niyang isiping magkakabit nga siguro ang kapalaran nilang mag-ina. Dahil mula nang malaman ni AJ ang tungkol sa kanila ni Sara ay malaki ang ipinagbago nito. Tumigil sa pakikipag-date sa kung sinu-sinong lalaki at kay Randy na lang. Biglang ang naging pilosopiya ay there is only one great love in the life of a person.

Kaya siguro nagkalakas-loob ito upang gawin ang isang bagay na naging dahilan ng mas matindi nilang away na mag-ina. Hinanap nito si Sara. Nakatira daw sa Mercedes, isang fishing village, 33 years old na, me asawa't tatlong anak.

Tumapon ang mga damit, bumagsak ang mga plato, at nakinig sa pintuan ang bagong katulong, takot na iniisip na baka paalisin na siya sa bahay na iyon dahil alam niyang walang nagtatagal na katulong doon. Ba't ka ba nakikialam! sigaw ni Ester. Ginagawa mong teleserye ang buhay natin! Anong nalalaman mo sa nararamdaman ko!

Mommy, wala na tayong ginawa kundi mag-away, masyado nang hyper ang ating relationship!

Bigla siyang niyakap ni AJ.

Ayan, napatawad na ako ni Mommy Dearest! Tinawag na akong puta!

Napabuntunghininga na lang siya.

Isang araw ay umuwi si AJ na may dalang guwapong lalaking mas matanda dito nang limang taon. Trainer daw sa gym si Randy. Ipagluto mo kami ng giniling na baboy, Mommy. Ba't giniling? Iyon kasi ang comfort food ni Randy!

Mahal na nga ba ng anak niya ang Randy na ito? Madalas daw si AJ at si Randy ay nanonood ng DVD sa pad ni Randy, o kaya ay nakikinig sa music. Pagkatapos, pag hatinggabi na, nagsusuot sila ng iba't ibang costumes. Nagkakatuwaang nagrarampahan sa pad. Pero ang isang paborito daw gawin ni Randy ay ang gupitan si AJ ng kuko. Thrilled na thrilled naman si AJ.

Minsan, nasa sala si AJ at hinihintay si Randy na nagtatagal sa banyo. Nakatuwaan ni AJ halungkatin ang drawer sa sala. Doon niya nadiskubre sa sulok ang isang pouch. Kinuha niya at binuksan. Sa loob ng pouch, Mommy, ang sweet-sweet talaga!

Ano ang nakita mo?

Love na love talaga niya ako!

Ano nga sabi?

'Yung mga pinaggupitang kuko ko, Mommy, iniipon ni Randy! Lahat!

Baka serial killer!

Para kay B

Nagulat si Sara nang makita sila pero di maitago ang saya nito. Amoy tuyong isda ang buong lugar at ang hangin ay parang naninigid sa init. Panay ang alok sa kanila ni Sara ng upuan, ng suman, ng maiinom. Nagtago ang tatlong maliliit na anak sa likuran nito, at lumabas lang nang ipakita nila ang kanilang mga pasalubong. Parang batang tumalon ang galak sa mukha ni Sara nang makita ang binili niyang mga damit para sa mga anak nito. Sana di ka na nag-abala, sabi nito, pero panay ang haplos sa mga damit, anak, tingnan n'yo ang pasalubong ng Tita Ester n'yo! Ang mamahal nito!

Kita ang pagdarahop sa lugar pero disente ang pagkakaayos ng lahat. Bawat bagay ay nasa tamang lugar. At malinis. Kasipagan at pagka-orderly na alam ni Ester na sa kanya natutunan ni Sara.

Ang laki-laki mo na, AJ! sabi ni Sara kay AJ. Isang certified nene, sagot ni AJ. Di nito nasakyan pero ngumiti ito.

Nang lumabas ang asawa ni Sara ay nagulat si Ester. Matanda ito nang mahigit 20 years kay Sara, pangit, at parang may sakit. Pio daw ang pangalan nito, at me alta presyon na madalas sumumpong. Ibinulong na ni AJ kay Ester noong papunta sila doon na in an attempt na matakasan ang kanilang kapalaran bilang lagi na lang katulong, ipinakasal ng mga magulang si Sara kay Pio. Maski walang nararamdaman para dito si Sara. Me maliit na basnig si Pio na pinanghuhuli ng isda.

Hyper hyper!

Mommy Mommy!

Pinagtatawanan mo ba ako?

Kayo pa, maaatim ko ba naman kayong pagtawanan?

Pagkatapos humupa ng lahat ay niyakap siya ni AJ, at maski nagkukumawala siya dito ay di siya binitawan. Nawala ang lamya nito at nagpakita ng tigas. Dalawin lang natin, Mommy, maski makumusta n'yo lang kung ano na'ng tayo niya. Magkita man lang kayo. Gusto niya rin kayong makita. Tanong nga nang tanong tungkol sa inyo. After all, part of the family na rin naman siya at kung buhay pa ang Lola'y iyon din ang gugustuhin niya.

Bumili sila ng magkakaternong T-shirt at salawal para sa mga anak ni Sara, saka lollipops at isang malaking pizza pie (Mommy, h'wag anchovies flavor, sawang-sawa na sila sa isda d'on no!). Sumakay sila ng kakarag-karag na second-hand car ni AJ papunta sa Mercedes. Ito na yata ang pinakamalayong lugar na narating ni Ester sa buong buhay niya.

Di niya mapigilan ang kamay niya, hawak nang hawak sa buhok niyang sanay na nakapusod at ngayon ay inilugay ni AJ, parang nawalan ng makakapitan. Mineyk-apan siya ni AJ, slight lang, pero ang pakiramdam niya ay para siyang si Bessie. Suot niya ang damit na bigay ni AJ noong nakaraang birthday niya pero alumpihit siya dahil hindi ito ang nakagawian niyang dilaw, pula ito at may ribbon pa sa dalawang manggas.

Para kay B

Nagulat si Sara nang makita sila pero di maitago ang saya nito. Amoy tuyong isda ang buong lugar at ang hangin ay parang naninigid sa init. Panay ang alok sa kanila ni Sara ng upuan, ng suman, ng maiinom. Nagtago ang tatlong maliliit na anak sa likuran nito, at lumabas lang nang ipakita nila ang kanilang mga pasalubong. Parang batang tumalon ang galak sa mukha ni Sara nang makita ang binili niyang mga damit para sa mga anak nito. Sana di ka na nag-abala, sabi nito, pero panay ang haplos sa mga damit, anak, tingnan n'yo ang pasalubong ng Tita Ester n'yo! Ang mamahal nito!

Kita ang pagdarahop sa lugar pero disente ang pagkakaayos ng lahat. Bawat bagay ay nasa tamang lugar. At malinis. Kasipagan at pagka-orderly na alam ni Ester na sa kanya natutunan ni Sara.

Ang laki-laki mo na, AJ! sabi ni Sara kay AJ. Isang certified nene, sagot ni AJ. Di nito nasakyan pero ngumiti ito.

Nang lumabas ang asawa ni Sara ay nagulat si Ester. Matanda ito nang mahigit 20 years kay Sara, pangit, at parang may sakit. Pio daw ang pangalan nito, at me alta presyon na madalas sumumpong. Ibinulong na ni AJ kay Ester noong papunta sila doon na in an attempt na matakasan ang kanilang kapalaran bilang lagi na lang katulong, ipinakasal ng mga magulang si Sara kay Pio. Maski walang nararamdaman para dito si Sara. Me maliit na basnig si Pio na pinanghuhuli ng isda.

Inistima silang mabuti ni Pio. Kinain nito halos kalahati ng pizza habang kuwento nang kuwento tungkol sa nakaraang piyesta sa Mercedes, kung saan nanalo ang bangka niya sa fluvial parade, walang panama ang mga tinamaan ng lintik na mga kalaban!

Pinunasan ni Sara ang uhog ng isang anak na humihigop ng softdrinks sa straw. Palihim na pinagmasdan sila ni Ester. Gusto niyang haplusin ang buhok ni Sara, haplusin ang buhok ng bata.

Pero ang atensyon niya ay ninakaw ni Pio. Nagwelga ang tangnang mga mangingisda, gusto ba namang labanan ang me ari ng malalaking barko, paano naman sila mananalo? Mga gunggong! Sinira namin ang piket nila at pinagbubugbog sila!

Humagalpak ng tawa si Pio. Di n'yo naitatanong, sabi nito, miyembro ako ng Citizens' Brigade. Nilalabanan namin ang mga terorista, aktibista, komunista, lahat ng ta puwera artista! Saka natawa ito sa sariling joke.

Gawa nang gawa ng paraan si AJ na sa kanya mapunta ang atensyon ni Pio, para magkasarilinan sina Ester at Sara. E kumusta naman po ang mga kalalakihan dito sa Mercedes? tanong niya kay Pio.

Ha?

Ay, ibig ko pong sabihin, parang lahat ata ng kalalakihan dito mga mangingisda? Ito po ba ang pangunahing pinagkukunan n'yo ng ikinabubuhay?

Para kay B

Tumango lang at tumawa si Pio, saka bumaling uli kay Ester. Me sasabihin sana pero bago siya nakapagsalita ay pilit na namang inagaw ni AJ ang atensyon niya.

Me sakit daw po kayo, hypertension! Maganda po d'yan ang acupuncture!

Acupuncture?

Opo. Tutusukin kayo ng karayom at saka....

Nagpapatawa ka, Totoy!

Hindi po. They call it alternative medicine and....

H'wag mo 'kong pasiklaban sa Ingles, Totoy. Di mo naitatanong, baliktoryan ako sa elementary!

Saka tumawa si Pio. Ingles, Ingles! sabi nito. Saka dumahak ito at lumura sa lupa. Nakangiwi si AJ habang pinagmamasdan ang dahak sa lupa sa gilid ng kanyang mga mata.

Nang umabot na sila ng mahigit dalawang oras at hindi pa rin magkasarilinan sina Ester at Sara ay si Ester na ang tumayo at nagsabing masyado na siguro silang nakakaabala, aalis na sila.

Nakayuko si Sara habang pinupunasan ang kamay ng mga anak pero kita ni AJ sa bahagyang kislot ng katawan nito ang reaksyon sa sinabi ni Ester. Aalis na kayo? Aba, teka, mag-uwi kayo ng daing!

Salamat dito, sabi ni Ester kina Pio at Sara habang hawak ang nakabalot na mga daing. Pasensya ka na, sabi ni Sara. At salamat d'on sa mga pasalubong sa mga bata.

Pare, sabi ni Pio kay AJ sabay akbay dito, dalaw kayo uli! Saka dumahak uli kaya parang nagtitinikling na umiwas agad si AJ.

Lumapit si Pio kay Ester at kinamayan ito. Saka lumakad na paalis sina Ester at AJ. Bahagyang lumingon si Ester. Kumakaway si Sara, nakangiti. Nakatago na naman ang mga bata sa likuran nito.

Sumakay ng kotse sina Ester at AJ at saka nag-drive si AJ. Hindi sila nagkikibuan. Parang biglang naging mas matagtag ang daan at paudlot-udlot ang mga katawan nila. Sa likurang upuan ay tumatalun-talon ang balot ng daing. Lumuluha si Ester. Pero di tumitingin sa kanya si AJ, nakatuon lang ang paningin sa daan.

Pagdating sa bahay ay nagluto si Ester, punas nang punas ng pawis sa noo. Saka matapos maihanda ang lahat sa mesa ay naglinis ng kusina. Nagpasok ng mga sinampay. Sa lahat ng ito ay tahimik lang na pinabayaan siya ni AJ.

Hindi nagtagal ay pumasok siya sa kuwarto. Isinara ito. Naupo siya sa kama. Mahigit isang oras siyang nakaupo lang doon, hindi kumikibo. Parang lahat ng litid, lahat ng organ, lahat ng laman at tubig sa katawan niya ay tumigil sa paggalaw. Saka tumayo siya. Matagal na niyang gustong palitan ang kubrekama at siguro ay ngayon na ang panahon. Pumunta siya sa aparador at kinuha ang ekstrang kubrekama doon. Iyong dilaw. Nagsimula siyang tanggalin ang lumang kubrekama sa kama.

Para kay B

Narinig niya ang mga katok. Mahihina lang. Pumunta siya sa pintuan at binuksan ito. Andoon si Sara. Tapos na daw nitong ipagluto ang mga anak at asawa. Kaya nagbiyahe itong mulang Mercedes. Inabot din ng mahigit isang oras ang biyahe dahil patigil-tigil ang bus.

Isinara ni Sara ang pinto. Nakatingin sa kanya si Ester. Pasensiya ka na kanina, sabi ni Sara. Walang anuman, sabi ni Ester. Noon pa man, hanggang ngayon, hanggang kanina nang dalawin nila si Sara, hindi alam ni Ester kung ano ang nararamdaman ni Sara para sa kanya. Awa? Napilitan lang ba ito? Ano ba sila? Paano ba sila? Pero andito ito ngayon.

Lumapit si Sara at niyakap si Ester, mahigpit na parang ayaw siyang bitawan. Mahal kita, sabi ni Sara. Gustong maiyak ni Ester.

Nagpunta sila sa kama. Itinabi ni Ester ang bagong kubrekama. Gusto pa ni Ester pagmasdan muna ang mukha ni Sara, tingnan kung gaano kaganda ang simpleng mukhang itong minahal niya nang maraming taon, pero hinahagkan na siya nito, at di na rin siya nakatiis, humahalik na rin siya dito. Nahiga sila at naglakbay sila sa katawan ng bawat isa, sa mga lugar na dati na nilang pinuntahan, destinasyong kanila lang. Pero mas agresibo si Sara ngayon, hinahanap ng nagaapuhap na mga kamay ang bawat lugar sa katawan ni Ester, pinupunan maski ngayon lang ang mga maling desisyon sa mga nagdaang taong hindi na mababawi.

Alam ni Ester kasi dinig ang ingay, sa kabilang kuwarto'y di mapakali sa kaligayahan si AJ. Kumakanta-kanta pa.

Pero nang matapos sila, habang magkatabing nakahiga, natatakpan ng kumot ang mga katawang hubad, nakita ni Ester ang lungkot sa mga mata ni Sara. Gusto niyang pawiin iyon pero alam niyang wala siyang kapasidad. Patawarin mo ako, sabi ni Sara, pero ngayon na lang natin ito gagawin. Dahil me asawa ako at mga anak. Naiintindihan ko, sabi ni Ester. Me mga anak din ako. Pero mula ngayon, sabi ni Sara, tinitimbang ang bawat sasabihin at iniisip ang mga dapat pangalagaan, magkikita tayo nang regular. Tuwing Biyernes ng hapon ay pupunta ako dito. Sasabihin ko sa asawa ko na pinapatulong mo ako sa barong Tagalog para me dagdag akong kita.

Tumango si Ester. Saka ikinuwento kung papaanong noong una niyang makitang umiiyak sa bubong si Sara ay minahal na niya ito. Napangiti si Sara. Siya, di niya malaman kung kailan niya unang minahal si Ester. Basta alam na lang niya.

Mula noon ay nagkikita sila tuwing Biyernes. Pero sa labas lang, kung saan kita ng lahat ng tao. Nauupo sila sa bakuran, nagkakape habang sa likuran nila ay ang bubong.

Hindi maintindihan ni AJ ang arrangement. Nagkikita kayo once a week pero ni wala kayong ginagawa? As in, wala?

Me mas mahalaga pa naman kesa sa pisikal, sagot ni Ester.

Para kay B

Meron? Ano?

Dapat naiintindihan mo, anak, dahil umiibig ka rin.

Oo nga, pero nagdu-do kami!

Kanya-kanya siguro tayong paraan ng pagmamahal.

Pero Mommy, what's the problem? Nagmamahalan kayo!

Me asawa siya!

E di mangaliwa siya!

Hindi niya magagawa 'yun!

E di hiwalayan niya!

Napakalaking iskandalo. Masasangkot pati mga magulang niya. At habang buhay na dadalhin ng mga anak niya.

Malalagpasan din nila 'yun! Maraming therapist d'yan!

At ako, me mga anak din ako.

Mommy, tanggap ko!

Ang mga kapatid mo....

Mommy, mas balahura pa ang mga buhay nila sa Maynila! Gusto mong isa-isahin ko?

AJ, anak, pabayaan mo na lang kami.

Pinagmasdan ni AJ ang ina. Gustung-gusto niya itong yakapin, sabihin ditong kayo, Mommy, sa buong mundo, alukin man ako ng sanlibong nakahubad na hunks, kayo sa lahat ang pinakamamahal ko! Pero ang nasabi lang niya dito, ang gusto ko lang naman, Mommy, maging masaya kayo.

Ang totoo'y masaya naman siya, naisip ni Ester. Parang sa wakas ay nakalabas na siya sa guhit na bilog, at di siya nawala.

Tuwing Biyernes. Sa bakuran. Mauupo sila ni Sara at tahimik na iinom ng kape. Hindi nila kailangang mag-usap. Sapat na ang bubong sa kanilang likuran.

Habang nakatingin sa kanila si AJ, naiisip nito, sige, di bale, total matanda na at sakitin 'yung kontrabidang husband ni Sara, mamamatay din 'yun!

Ang hindi alam ni AJ, alam ni Pio ang lahat. Alam niyang noong umalis si Ester matapos silang dalawin ay umiyak sa banyo si Sara. At pagkatapos ng isang oras ay umalis ito at nagpunta kina Ester. Hatinggabi na nang makabalik. Alam niyang tuwing Biyernes kapag umaalis si Sara para tumulong magtahi ng barong Tagalog kina Ester ay hindi talagang ganoon ang sadya nito doon. Alam niya kung bakit tuwing matapos niyang sipingan si Sara ay hindi ito nagpapahalata pero tahimik na lumuluha. Alam niyang kailanman ay di niya mapipigilan si Sara. Pero alam din niya na habang nabubuhay siya ay di siya puwedeng hiwalayan nito. At di rin nito puwedeng iwan ang mga anak.

Kaya isinumpa niya, mabubuhay siya nang matagal. Sa puntod ng kanyang mga ninuno ay ipinangako niyang hindi niya padadaliin ang lahat para kina Sara at Ester. He will outlive them all.

Para kay B

Kaya lahat ng klase ng herbs ay iniinom niya. At panay ang exercise niya. Tinanggal niya ang mga bisyo. Maingat siya sa mga kinakain. Lagi siyang nagpapahilot. Pati alternatibong paggamot na acupuncture na nabanggit ng anak ni Ester ay sinubukan niya. Nagpunta pa siya sa Manaoag at ipinagdasal ang kanyang kalusugan.

Umusad ang mga taon. Tuwing Biyernes ay nagkikita pa rin sina Ester at Sara, habang dumarami na ang mga puti sa buhok nila't lumilitaw ang mga litid nila'y nauupo pa rin sila sa bakuran, nasa likuran ang bubong na patanda na rin nang patanda. Habang si Pio naman ay palusog nang palusog.

Ano ang laban nila dito? Ang kakampi nito ay alternative medicine, teknolohiya, tradisyon at Manaoag. Ang sa kanilang dalawa ay pag-ibig lamang.

Pero matatag. Kaya tatlo silang naghihintay. Kung sino ang unang mamamatay. Kung sino ang unang makakalaya.



Bessie, ang Ikalimang Kuwento

NAKATINGIN SI BESSIE SA KAIBIGANG SI SANDY. Ipinagmamalaki ni Sandy, habang namumuwalan pa ang bibig, na 5 years na silang solid ng boyfriend na si Ernie. And going strong. Nasa isang coffee shop sila at sa lakas ng boses ni Sandy ay napapatingin ang ibang kumakain. Gusto itong supalpalan ni Bessie ng crispy donut.

Pero hindi iyon ang ginawa ni Bessie. Naghintay siya. Isang gabing umuulan ay tiniyempuhan talaga niyang palabas ng building ang sasakyan ni Ernie. Pumunta siya sa may gilid ng daan at kumaway dito. Sorry, sabi niya nang pagbuksan siya nito ng pinto, kanina pa 'ko walang mahanap na taksi, this rain talaga! It's ok, sabi ni Ernie, nakangiti ang guwapo at bland na mukha. My God, naisip ni Bessie, he must be one of the most boring creatures on earth!

Basa ako, sabi ni Bessie, saka kunwari ay di niya maidikit ang puwit sa upuan. Ang short short mini niya ay lalong naging short. Inabutan siya ni Ernie ng maliit na tuwalya habang pilit iniiwas nito ang tingin. Sa'n kita ihahatid? tanong nito.

Kinuha ni Bessie ang tuwalya, at ang kamay ni Ernie, at inilagay sa hita niya.

Kung limang taon mang napanindigan ni Ernie ang umiwas sa tukso, di nito inakalang ang makakaharap sa gabing ito ay si Bessie.

Agad bumigay si Ernie at sa kotse mismong iyon sa nakababang upuan ay nagkukumahog na nag-apuhapan sila ng damit at laman habang sa labas, ang papalakas na ulan ay katok nang katok sa bintana na para bang inuusisa ang ginagawa nila. Nang matapos sila ay ni hindi ininda ni Bessie ang ulan. Lumabas siya ng kotse at abot-tenga ang ngiting tumakbo para pumara ng taksi.

Saan? tanong ng driver. Hulaan mo, sagot ni Bessie na nagri-retouch ng lipstick.

Tinawagan agad ni Bessie sa cellphone ang kaibigang si AJ at nagkuwento. Me shortcut na tawag sa mga kagaya mo, sabi ni AJ. Ano? tanong ni Bessie. Puta, sagot ni AJ.

Inaasahan na ni Bessie ang mangyayari kinaumagahan. Sa coffee shop ding iyon habang nagli-late breakfast siya ay kinonfront siya ni Sandy. Magkasama kayo kagabi ni Ernie, hindi ba? Answer me! Hindi siya sumasagot, nakatingin lang kay Sandy. Pero sumunod pala sa kanila si Ernie, na hindi

Para kay B

pumangit ang pangit nang itsura. May 20 na siguro. Naka-T-shirt at puruntong shorts. Me suot na cap na me nakasulat na Awesome Me. May hawak na maraming envelope.

Pagkatapos ng performance ay nakatingin pa rin ito sa kanya. Inabutan niya ng leaflet. Ang husay mo, sabi ni Lucas. Para kang tunay na artista. Bata pa'y frustrated actress na si Bessie, and one of the few moments when she really sincerely feels good is when she is acting. Flattered, bumaling siya sa katabing broccoli at sinabing magsi-CR lang siya, hahabol na lang siya.

Naiwan sila ni Lucas. Iniisip ni Bessie, kakayanin ko bang makipag-sex dito, puro tiniris na tagihawat ang mukha? Sabagay, hindi pa'ko nakakatikim ng pangit. At saka kung tunay akong artista, maski ano dapat kaya ko!

Hindi tumatanggap ng No for an answer si Bessie kaya hindi nagtagal ay sakay na sila ni Lucas ng taksi. Hindi ko kasi dinala ang kotse ko, sabi ni Bessie. Nakatali sa trunk ng taksi ang bisikleta ni Lucas, at protesta ito nang protesta na kelangan na nitong bumalik sa opisina. Isa daw itong messenger sa isang paper company. Tingin nang tingin ang driver ng taksi kay Bessie kaya nagtaray si Bessie, bakit, mamang driver, hindi ka pa ba nakakatikim ng litsugas?

Sa pad ni Bessie ay nahihiyang tumayo lang sa gitna ng sala si Lucas, hawak ang tinanggal na cap at ang mga envelope. Nakakalat sa sahig at sofa ang mga damit, sapatos, bag, books, magasin. Feel at home, sabi ni Bessie, saka hinila si

Bessie lahat ng sama ng loob sa karelasyong walang kuwenta, asshole, salawahan at fucking shit! Secretly pinagtatawanan ni Bessie ang lahat dahil alam niyang kailanman ay hindi mangyayari ang ganito sa kanya.

Pinaglalaruan lang ni Bessie ang pag-ibig—babae, lalaki, me edad, walang edad, sa ibabaw ng tren, sa ilalim ng mesa, Amerikano, Aprikano, thong lang ang suot, naka-leather o naka-jutes, burara o hulugang pag-ibig, lahat nasubukan niya. Sa trabaho niya bilang real estate agent, walang open house na hindi niya napatunayang siya ang totoong open house. Bukod kina AJ ay kung saan-saang grupo siya sumasali —save the trees, protect the child, feed the whales—para maka-meet ng iba't ibang lalaki. Naririnig niyang tinatawag siyang nympho sa likuran niya pero ang sagot lang niya, nympho n'yo!

Na-meet niya si Lucas isang hapon.

Sumali siya noon sa isang environmental group na nagmamartsa sa kalsada. Tatlo silang babaing walang suot kundi gulay. Siya ay litsugas. Paminsan-minsan ay titigil ang martsa at magpi-perform sila ng skit. Ang litsugas, sabi ni Bessie, ay punung-puno ng sustansya, pero ayaw nating kainin at sa halip ay puro tayo junk food! Go veggie, sagot naman ng pechay, pangalagaan ang environment! Go organic, susog naman ng broccoli.

Noon niya napansin si Lucas, nakanganga sa kanya. Sakay ito ng bicycle at talagang nakanganga. Lalo pang

Para kay B

Isa pa! sabi ni Lucas.

Inuuto mo na'ko ha, sabi ni Bessie, pero gusto rin niya. Sa tingin niya ay medyo nagiging attractive na si Lucas, dahil napuno na ng glow ng paghanga sa kanya ang mukha nito. Virgin pa kaya ito? Mahusay ba ito sa kama? Ang laki ba ng kamao nito ay siya ring laki ng nasa ibaba nito? Ito ba 'yung tipong matapos labasan ay humahalinghing? O nangunguyupos na lang na parang naupos na kandila?

Lumapit siya at huhubarin na sana ang T-shirt ni Lucas pero umurong ito. Aba, sabi ni Bessie, di ka ba kumakain ng litsugas? Akin ka na a! Ibinigay ka na sa akin ng environment!

Maganda daw siya, sexy, kanais-nais, tsaka natutuwa nga si Lucas na dinala pa siya ni Bessie sa pad nito, pero ang gusto lang ni Lucas ay panoorin ang performance niya. Aba, naisip ni Bessie, nireject ang beauty ko! Sabagay mas madaling maghanap ng lover kaysa fan.

Tumayo si Bessie at kinuha ang isa pang libro. Lesbian naman siya ngayong nagmo-monologue. Bakit, kayo lang ba ang me karapatang umibig? The love that dares not speak its name is the most powerful love of all! For my love transcends boundaries and reaches out to the unloved, the unsure and the unloving!

Matagal bago nahihiyang nagkuwento tungkol sa sarili si Lucas. Taga-San Ildefonso daw ito, isang maliit at backward na town. Pero lumayas matapos mag-high school at

Lucas na maupo at uminom ng beer. Nagkuwento si Bessie tungkol sa childhood dream niyang maging artista. Bigyan mo ako ng libro, sabi ni Bessie, o kaya play, o maski na ano, any time maiaarte ko 'yan!

Sige nga, nahihiya pero excited na sabi ni Lucas.

Gusto mo? tanong ni Bessie. Saka kumuha siya ng libro sa sahig, binuklat ito hanggang me nahanap. Saka tumayo siya at habang hawak ang libro ay iniarte ang binabasa sa Ingles. Taas-noong naglakad, at maski nakasuot-litsugas ay maiimagine mong naka-gown at ang buhok ay parang bombilya. Isa siyang reyna na naghahanda na para papugutan ng ulo ng minamahal niyang hari. Habang nakikiusap sa hari, ang boses niya ay may taginting na masarap sa tenga, at ang bawat liyad at unat ng katawan niya ay maraming sinasabi. Ang pad ay na-transform niya into the chambers of a palace.

Nakanganga si Lucas, at napansin na naman ni Bessie na lalo itong pumapangit kapag nakanganga.

Permanente na ba sa'yo 'yan? tanong ni Bessie sa gitna ng performance niya.

Alin? tanong ni Lucas.

'Yang nakanganga. Well, whatever. Saka nagpatuloy si Bessie. Inilagay ng reyna ang kanyang ulo sa guillotine. Tanggap na niya. Nabuhay siya nang dahil sa pag-ibig, at mamamatay siya nang dahil sa pag-ibig.

Hangang-hangang pumalakpak si Lucas. Proud na proud na sumaludo si Bessie.

Para kay B

Isa pa! sabi ni Lucas.

Inuuto mo na'ko ha, sabi ni Bessie, pero gusto rin niya. Sa tingin niya ay medyo nagiging attractive na si Lucas, dahil napuno na ng glow ng paghanga sa kanya ang mukha nito. Virgin pa kaya ito? Mahusay ba ito sa kama? Ang laki ba ng kamao nito ay siya ring laki ng nasa ibaba nito? Ito ba 'yung tipong matapos labasan ay humahalinghing? O nangunguyupos na lang na parang naupos na kandila?

Lumapit siya at huhubarin na sana ang T-shirt ni Lucas pero umurong ito. Aba, sabi ni Bessie, di ka ba kumakain ng litsugas? Akin ka na a! Ibinigay ka na sa akin ng environment!

Maganda daw siya, sexy, kanais-nais, tsaka natutuwa nga si Lucas na dinala pa siya ni Bessie sa pad nito, pero ang gusto lang ni Lucas ay panoorin ang performance niya. Aba, naisip ni Bessie, nireject ang beauty ko! Sabagay mas madaling maghanap ng lover kaysa fan.

Tumayo si Bessie at kinuha ang isa pang libro. Lesbian naman siya ngayong nagmo-monologue. Bakit, kayo lang ba ang me karapatang umibig? The love that dares not speak its name is the most powerful love of all! For my love transcends boundaries and reaches out to the unloved, the unsure and the unloving!

Matagal bago nahihiyang nagkuwento tungkol sa sarili si Lucas. Taga-San Ildefonso daw ito, isang maliit at backward na town. Pero lumayas matapos mag-high school at

di na nagbalik doon. Nag-aral ng journalism sa Maynila. Hanggang third year lang. Solo flight dahil matagal nang patay ang tiyahing nag-ampon. Bedspacer ito sa isang maliit na kuwarto sa Sampaloc. Naranasan na nito ang dalawang araw na walang makain. Nakatingin ito sa cellphone ng isang naglalakad sa Recto, natutuksong isnatsin iyon. Kapag gutom ka pala, sabi nito, maski ano puwede mong gawin. Pero di nito ginawa. Noong ikatlong araw nang magkaroon ito ng konting perang pinautang ng kapwa bedspacer ay bumili ito ng kanin at pinalagyan ng libreng sabaw.

Kung anu-anong trabaho ang pinasukan ni Lucas, mula waiter at salesman hanggang typist sa Recto at ngayon ay messenger, hindi lang para mabuhay, sabi nito, kundi dahil nangangalap ito ng kuwento. Kung si Bessie gustong maging iba't ibang tauhan, ito naman ay gustong makalikha ng iba't ibang tauhan.

Aba, gusto mo palang maging writer! Ano'ng gusto mong isulat?

Mga kuwento, sabi ni Lucas.

Ingles ba ang susulatin mo?

Tagalog, sabi ni Lucas.

Ay, sabi ni Bessie, h'wag kang gagamit ng mga nababasa kong mahihirap na Tagalog ha! Nagpupuyos! Nililok! Bantulot! Iginugupo! Ano ba 'yun!

Ibig lang sabihin ng iginugupo, sabi ni Lucas, natalo! Pero mas wasak!

Para kay B

Ba't kasi hindi mo sa Ingles isulat? Maski di mo naiintindihan ang sarap basahin. Devastate. O di ba? Conjure. Proposition. Ang sarap pakinggan!

Sa Tagalog ko lang kaya e, sabi ni Lucas. Pero sige, ilalagay ko ang mga salitang 'yan sa mga isusulat ko. Pero sa paraang maiintindihan mo pa rin!

Gusto ko love stories ha? sabi ni Bessie. Love stories ang isulat mo!

Kinuha ni Bessie ang cap ni Lucas at binasa ang nakasulat doon. Awesome Me. Kahanga-hangang Me, sabi ni Lucas. Natawa si Bessie. Toast! sabi niya sabay abot ng baso ng beer kay Lucas, para sa frustrated actress, at sa frustrated writer!

Nagbitiw si Lucas bilang messenger at ito na ang naging driver, alalay, handyman, at kung anu-ano pa ni Bessie. Nilinis nito mula kisame hanggang sahig ng buong pad. Ni-repair lahat ng mga sirang electric fan, air-con, plantsa, venetian blinds. Binigyan ito ni Bessie ng mga damit na galing sa naiwan ng kung sinu-sinong lalaking inuwi niya sa pad. Lumipat ito sa bakanteng kuwartong katabi ng CR. Dahil ayaw tumanggap ng suweldo ay inaabut-abutan niya ito ng pera na hindi naman gaanong kalakihan dahil kuripot si Bessie. Artehan mo na lang ako, sabi nito.

Sa harap ni Lucas si Bessie ay naging isang emperatris at isang alipin, amasona, Mangyan, bilanggo, pilay, iba't ibang Nanay—Nanay na patay na pero nagpapakita pa rin, Nanay na itinakip ang sariling katawan sa anak upang huwag itong

tamaan ng bala, Nánay na naghahalungkat ng mga tirang pagkain sa basurahan para ipakain sa mga anak. Pero sa lahat ng mga ito, ang paborito ni Bessie ay ang mga character na umiibig nang bawal—sa kapatid, o sa kapwa babae, o sa gitna ng isang community ng mga taong nakalimutan na kung paano umibig. Isang bagay lang naman ang nagpapatakbo sa buhay ng isang tao e, madalas niyang sabihin. Libog. At mas masarap 'yung bawal.

Sino ako ngayon? minsan ay pahuhulaan niya kay Lucas. Inaabot sila ng magdamag. The actress and her one-man audience. Bawat galaw at salita ni Bessie ay kumakapit si Lucas. Na para bang akay-akay niya ito papasok sa isang maganda at mahiwagang mundo, kung saan artista si Bessie, at writer si Lucas.

Kung me photographic memory lang ako, sabi ni Bessie, mas madali kong maiaarte lahat ng mga librong 'yan! Wala namang gan'on e, sabi ni Lucas. Meron, sabi ni Bessie, me nakilala ako noong bata pa 'ko, titingnan lang niya tapos maaalala na niya lahat! Para siyang laging me dala-dalang battalion of memories!

Nag-expand ang mga games ng pag-arte ni Bessie hanggang sa mga lalaking iniuuwi nito gabi-gabi. Minsan ay mahinhin siya, ay naku naman, ay please h'wag d'yan, you're too fast naman! Minsan ay malandi, nakaliyad ang mga suso habang hinahawi ang buhok ng lalaki, anong masarap sa enrollment? tanong niya dito. Ano? tanong ng lalaki. Pasukan na! sabi ni

Para kay B

Bessie sabay buka ng legs. You never know what she would become every night. Waitress, teacher, OFW, sirkera, o isa sa pinaka-favorite niya, isang ex-nun na naghahanap ng love life. Ang hindi lang nagbabago ay ang kanyang pangalan. Lagi, siya si B.

Pinasasali niya sa mga pagpapanggap na ito si Lucas. Loka, sabi niya kay Lucas, kung gusto mong maging writer dapat kaya mong umarte! Sa harap ng mga ka-date ay pinagpapanggap niya si Lucas na isang baklang bugaw, o kaya ay Bisayang co-teacher, o addict na kapatid, o piping pari. Flattered si Lucas dahil ginagawa siyang kasabwat ni Bessie.

Minsan ay naitanong ni Lucas kay Bessie kung ba't walang picture ng pamilya nito sa pad. Nagkibit-balikat lang si Bessie. Magtatanong pa sana si Lucas tungkol sa pamilya ni Bessie pero iniba na nito ang usapan. Alam ko na, sabi ni Bessie, saka inilabas mula sa closet ang isang lumang laptop. Ayan, sabi nito, magsulat ka d'yan ng iba't ibang characters na gagampanan ko! Gandahan mo ha!

Binuksan ni Lucas ang laptop. Hinaplos nang buong pagsamba ang keyboard. Saka hinagkan. Natawa si Bessie.

Mula noon gabi-gabi ay maririnig ang takatak takatak tikatik tikatik ng laptop, at naiisip ni Bessie habang tinatanggal sa kanyang hita ang nakadantay na balbuning binti ng lalaking kasiping, nagkamali ba siyang naipahiram ang laptop? Hanggang toilet ay gustong dalhin ito ni Lucas.

Minsan mula sa kuwarto ni Bessie ay lumabas ang kadate niya na may naka-plaster lang na dahon (ang drama nila ni Bessie noon ay Adam and Eve). Pumunta ito sa kusina para kumuha ng beer sa ref. Ni hindi ito pinansin ni Lucas na patuloy sa pagta-type, nakangiti. Me wirdo d'on sa kusina, sabi ni Adam kay Eve, na sa kama'y walang saplot na nakahilatang naghihintay na tikman ni Adam ang kanyang forbidden fruit.

Nakikipag-make love ang mga daliri ni Lucas sa mga letra sa keyboard. Dahan-dahan muna, kina-caress bawat letra, saka parang mga tubig sa fountain na bibilis nang bibilis ang pagtalun-talon ng mga daliri niya, hinahanap ang mga tauhan at kuwento sa pagitan ng mga letra.

Hindi niya alam kung kailan nagsimula. Basta't natagpuan na lang niya ang sariling paminsan-minsan habang nagta-type ang lumalabas ay ang pangalan ni Bessie. Madalas ay nakatangang pinagmamasdan niya si Bessie habang natutulog, ini-imagine na hinahagkan niya ang tattoong LOVE nito sa kamay. Inaamuy-amoy niya ang mga nakakalat nitong pinaghubarang damit. Maging utot siguro nito ay mabango para sa kanya.

Naging curious siyang malaman kung bakit laging iniiwasan ni Bessie mapag-usapan ang pamilya nitong nasa Australia. Minsan ay narinig niyang kausap nito ang ina sa cellphone pero nang ipapasa na ng ina sa ama ang tawag ay biglang pinatay ni Bessie. Me galit ba ito sa ama? Me isyu ba

Para kay B

ang dalawa? Lumala ang suspetsa ni Lucas isang gabi nang i-feature sa TV ang tungkol sa mga amang nangri-rape ng kanilang anak. Biglang pinatay ni Bessie ang TV. Niyaya si Lucas na magdamag silang maglasingan. Pero hindi ito nagkuwento tungkol sa sariling buhay. At nangako si Lucas sa sarili na rerespetuhin iyon at di na magtatangka pang alamin.

Hep, hep, sabi ni Bessie isang gabi, halika nga! Nagbibihis si Bessie dahil may darating na bisita. Dinala siya nito sa sulok ng kuwarto at saka prinangka. Nagkakagusto ka sa'kin ano? Hindi agad nakasagot si Lucas. Alam mo naman, Lucas, ayoko ng nai-in love! Ayoko ng mga commitment at relasyon! Gusto mo mag-sex na lang tayo?

Umiling si Lucas. Gusto niyang sabihin ke Bessie na papayag lang siyang mag-sex sila kapag mahal na siya nito. Gusto niyang sabihin ditong kaya niya itong turuang umibig. Kung pinatigas man ang puso nito ng mga nakalipas na karanasan, siya si Lucas, ay magtitiyagang paghilumin ang mga sugat na iyon.

Pero walang lumabas na mga salita sa bibig niya. Basta friends lang tayo ha? sabi ni Bessie. Tumango si Lucas, pero iniisip niya, balang araw, magsusulat ako para sa'yo, at magugustuhan mo, hindi lang ang sinulat ko, pati ako!

Iniharap ni Bessie ang likod kay Lucas para tulungan niyang i-zipper ito. Saka inabutan siya nito ng pera. Mag-Jollibee ka muna. Balik ka mga twelve na.

Pero di umalis si Lucas. Umistambay siya sa may fire exit. Nakita niyang dumating ang date ni Bessie. Six-footer na basketbolista. May bitbit na bote ng wine. Pa-bounce bounce ang steps habang naglalakad papunta sa pad. Inayos pa ang buhok. Naghanap ng basurahan at iniluwa doon ang chicklet na nginunguya. Bumalik sa pintuan ng pad, inamoy ang sariling kili-kili, saka nag-doorbell.

Naupo lang magdamag sa may fire exit si Lucas, palo nang palo sa mga bisig dahil sa makukulit na lamok. Di niya maintindihan ang sarili. Ayaw naman niyang maka-sex si Bessie hangga't di pa siya gusto nito. Pero bakit ngayon ang nakikita niya ay ang basketbolista na panay ang halinghing habang mapusok na kinakabayo ng pawisang si Bessie?

Pagkalipas ng may isang oras ay nakita niyang nagpupunas ng pawis na lumabas ang basketbolista at umalis. Tumayo siya at gamit ang susi ay pumasok sa pad. Bangag na nakahilata sa sofa si Bessie. Walang damit pang-itaas. Nakapalda lang na maiksi. Kita na walang panty.

Parang namalikmatang nakatingin lang si Lucas sa mga suso ni Bessie. Saka sinapok niya ang sarili. Kumuha siya ng tuwalya at tinakpan si Bessie. Saka ito binuhat at inihiga sa kama sa kuwarto. Kinumutan. Pinatay ang ilaw at saka isinara ang pinto.

Bumukas uli ang pinto. Nagtatakbuhan silang pumasok ng apat niyang pinsan. Seven years old pa lang si Lucas noon. Game nila iyon. Unahan sila sa pagyakap sa Tiyahin niya,

Para kay B

na ina ng mga pinsan niya at umampon sa kanya nang sabay na mamatay ang mga magulang niya sa isang plane crash. Nakahiga ang Tiyahin niya sa katre. Dahil mahiyain at saka hindi naman siya tunay na anak, laging nahuhuli si Lucas at mapapatayo na lang sa may pintuan. Beee, kakantiyawan siya ng mga pinsan, walang kayakap si Lucas!

Alas dos na, sabi ng relo sa dingding. Nagsimulang magligpit si Lucas sa sala. Inilagay niya sa sulok ang high heels ni Bessie. Dinala niya sa sink ang mga baso at boteng wala nang laman. Amoy na amoy sa hangin ang nakaraang sex. Nakita niya sa sahig sa tabi ng sofa ang gamit nang condom. Pinulot niya ito. Tumutulo pa kaya dali-dali niyang sinalo ng kabilang kamay upang huwag pumatak sa carpet. Saka niya flinush sa toilet. Naghugas siya ng kamay at pinagpatuloy na rin ang paghuhugas ng mga baso.

Matapos maghugas ay sinilip niya si Bessie na himbing nang natutulog. Iniisip niya kung hanggang kailan niya laging mapaglalabanang haplusin ito sa pisngi at saka halikan. Itong napakagandang babaing ito, na iniisip ng iba na masama. Pero alam niya, sa pinakaloob na pagkatao ng babaing ito, ayaw nga lang nitong ipakita sa iba, nagtatago ang isang busilak na puso.

Pumunta siya sa kuwarto niya, nagbihis at nahiga na para matulog. Writer? naririnig niya pang sinisigaw ng tiyahin niya, anong mapapala mo sa pagiging writer? Nakasiksik siya sa sulok, 12 years old at hawak ang mga papel na kung

saan gabi-gabi ay nagpupuyat siya sa tulong ng flashlight upang isulat ang kanyang mga kuwento. Ang ina niya, noong buhay pa ito, ay isang sakiting romance novelist na maski noong baby pa lang si Lucas ay laging nagsasabi sa mga tao na magiging writer si Lucas paglaki. Kasi pinauunan daw niya dito madalas ay mga libro.

Kaya nang lumaki si Lucas sa piling ng malupit na Tiyahing nag-ampon ay natutunan niya agad ang kapangyarihan ng mga letra. Kapag kinagagalitan ay nagpupunta siya sa bakuran at sa pamamagitan ng patpat na kahoy ay nagsusulat siya ng mga letra sa lupa, pinagkakabit-kabit ang mga iyon hanggang sa mabuo niya ang mga salitang pag-ibig, pagkamuhi, pagtakas. Mga salitang hindi nagtagal ay naging mga kuwento.

Minsan noong binata na si Lucas ay inagaw ng kanyang tiyahin ang kanyang mga sinulat at itinapon sa basurahan. Palamunin ka lang dito! sigaw nito. Mabuti pa ngang pumunta ka ng Maynila't huwag ka nang magbalik!

Ngayon, sa pad ni Bessie ay pinipilit ni Lucas kalimutan ang lahat. Hanggang makatulog siya.

Maaga siyang gumising kinaumagahan. Nagluto. Naglinis ng kusina. Dinala sa washing machine ang maruruming damit. Nang mapadaan siya sa kuwarto ni Bessie ay nakita niyang may binabasa ito in bed. Printout ng isang love story na sinusulat niya at di pa tapos. Kinuha siguro nito sa mesa.

Para kay B

Nag-panic si Lucas. Paano kung di magustuhan ni Bessie? Hindi pa niya naaayos iyon! Hindi siya mapakali habang patuloy sa paglilinis ng kusina. Hindi nagtagal ay lumabas si Bessie para mag-breakfast. Naghintay si Lucas na may sabihin si Bessie pero diretso lang ito sa pagtitimpla ng kape. Pumunta si Lucas sa kuwarto ni Bessie para ito naman ang linisin. Nakita niya sa basurahan ang kanyang sinulat.

Hindi agad nakagalaw sa pagkakatayo si Lucas, hawak ang vacuum cleaner. Pumasok si Bessie. Lucas, magbihis ka na! Late na'ko!

Sa open house ng bagong condo units ng agency ay nagkakaipun-ipon ang mga kasamahang agents ni Bessie habang tinitingnan ang mga ibinibenta ni Bessie, na sa mesa ay nakaladlad na parang mga putahe sa isang piyesta ng mga broken-hearted. Itong singsing na ito, wedding ring ng isang taga-Marinduque. Me kabit pala ang OFWng asawa sa Dubai! Ito namang bracelet, sa isang tinedyer na preggie at kelangan ng pera! Ito namang koleksyong ito ng mga hikaw at kuwintas, sa kabit ng isang senador. Hihiwalayan na siya ni Your Honor kaya ready na rin siya to move on!

Naku, sabi ng isang kapwa agent, baka matulad naman ang fate namin sa mga me ari ha!

Mas mamalasin ka, sagot ni Bessie, kung gagastos ka nang malaki sa boyfriend mo tapos me katext palang iba! At

least ito mura! In case you don't know, bumaba na ang value ng boyfriends ngayon!

Tawanan.

Di ko naman maintindihan tayong mga Pilipino, patuloy ni Bessie, we keep marrying and buying houses! E di ba natin alam, broken relationships, broken homes!

Tawanan uli. Satisfied sa sarili, nakangiting tumingin si Bessie sa di kalayuan, sa pila ng mga nagpapa-register. May client na guwapong mukhang Bombayin doon. Ilang segundo lang ay di na nakatiis si Bessie. Nilapitan ang guwapo.

Sa gilid ng mga mata niya ay kita ni Lucas na nakikipagflirt si Bessie. Hindi nagtagal ay lumapit si Bessie kay Lucas at binulungan ito sabay kindat sa ibang mga kasamahan. Dito ka muna Lucas ha? Ikaw na ang bahala d'yan sa items ko. Babalikan na lang kita mamya!

Maghapong naghintay si Lucas, nakatayo sa isang tabi kung saan di siya makakaistorbo, naaasiwang patingin-tingin lang sa mga kasamahan ni Bessie habang hawak ang bag ng mga items. Nagsara na ang open house at nagsiuwian na ang mga kasamahan ni Bessie ay malungkot pa ring nakatayo si Lucas.

Kinaumagahan ay inobserbahan siya ni Bessie habang nagluluto siya ng breakfast nila. Galit ka ba? tanong nito. Umiling si Lucas. Oy, galit! Umiling uli si Lucas. Me gift ako sa'yo, sabi ni Bessie.

Singsing iyon. Plain lang na silver. Hindi maintindihan ni Lucas kung nagbibiro si Bessie o ano. Walang meaning

Para kay B

'yan, sabi ni Bessie. Regalo ko sa'yo dahil mabait ka sa'kin! Saka isinuot ni Bessie ang singsing kay Lucas. Di naiwasan ni Lucas ang mapangiti.

Singsing iyon na nakuha ni Bessie nang libre sa earned points ng kanyang credit card. Ibebenta rin sana niya at palalabasing pag-aari ng isa na namang broken-hearted, kaya lang parang hindi naman masyadong saleable. Pero proud na proud ngayong suot ni Lucas, na sa paghuhugas ng plato ay isang kamay na lang ang ginagamit para huwag itong mabasa.

Amused na amused si Bessie kay Lucas. Hinila niya ito sa dining table. Maupo ka d'yan, sabi niya. Kumuha siya ng gunting at nagsimulang gupitan ng buhok si Lucas. Mas bagay sa'yo ang maiksi!

Tumingin si Lucas sa salamin. Sabi ko sa'yo e, sabi ni Bessie, gumuwapo ka! Saka dali-daling hinila si Lucas. Lalabas tayo! sabi niya.

Me niluluto ako!

Sa daan na tayo kakain! Magbi-beach tayo! Matagal na'kong di nakakakita ng dagat!

Mabilis na mabilis mag-drive si Bessie, high na high na akala mo'y nakahitit ng jutes. Si Lucas naman ay takot na nakakapit sa pintuan ng kotse. Lalong natatawang binilisan ni Bessie. Lucas, adventure 'to!

Magdadapithapon na nang makarating sila ng Batangas. Nagkaligaw-ligaw sila dahil gusto ni Bessie ay isang remote

na beach na halos di pa nararating ng mga turista. Agad-agad nitong tinanggal ang damit hanggang sa naka-bra at bikini na lang ito. Nagtampisaw sa dagat habang sigaw nang sigaw. Iniisip ni Lucas kung saan ilalapag ang mga gamit nila. D'yan na lang sa buhangin! sigaw ni Bessie. Halika na!

Nagtanggal ng T-shirt si Lucas at saka lumusong. Nakipagpatagalan si Bessie sa kanya sa ilalim ng tubig. Nakipaghabulan. Pumangko sa kanyang likod. Ang feeling ni Lucas, dito sa remote na lugar na ito, na walang ibang tao, hindi namin kailangang magpanggap na kung sinuman kami.

Maya-maya ay umahon si Bessie, kukuha daw ng beer sa kotse. Pero bago siya nakarating doon ay biglang bumuhos ang malakas na ulan. Napatigil si Bessie. Napatayo lang sa gitna ng buhanginan, habang binabasa ng ulan.

Nagtaka si Lucas. Umahon siya sa dagat at nilapitan si Bessie. Nakatayo pa rin si Bessie sa ulan, hindi gumagalaw, parang me pinaglalabanang emosyon sa mukha. Di malaman ni Lucas kung ulan, o mga luha iyon, sa mukha ni Bessie. Kung anuman iyong masakit na biglang naalala ni Bessie, hindi alam ni Lucas. At kailanman ay hindi niya malalaman. Pero sa mga sandaling ito, habang nakatingin kay Bessie, alam niyang siya lang ang puwedeng makahawak dito.

Hinawakan niya si Bessie at dali-daling yumakap ito sa kanya. Tulungan mo ako, Lucas, bulong nitong parang nagmamakaawa. Bago nakasagot si Lucas ay nawalan na

Para kay B

sila ng panimbang at natumba sa buhanginan. Tumama ang mga mukha nila sa buhangin. Nagtatawang tumaas ang ulo ni Bessie, lumuluha pa rin. Nagkatinginan sila. Hinagkan niya si Bessie at nalasahan niya ang pinaghalong ulan, luha at buhangin.

Gusto niya itong hilahin papunta sa gilid ng resort, doon sa kubli. Pero gusto na nito dito, ngayon. Kaya sa ilalim ng papalakas na buhos ng ulan habang dumidilim na ay nagpatong ang mga katawan nila, pumasok ang buhangin sa bibig ni Lucas, nakisabay ang mga hingal ni Bessie sa tikatik ng ulan. Hinaplos ni Lucas nang buong pagmamahal ang mukha ni Bessie pero mapusok nitong hinila ang mukha ni Lucas at kinuyumos ng halik, na parang galit ito. Mahal kita, sabi ni Lucas sa utak niya paulit-ulit, na para siyang tauhan sa mga nobela, sa mga pelikula, sa mga palabas sa TV. Pero ang naririnig lang ni Bessie ay ang malakas na pagbuhos ng ulan.

Nang matapos sila ay nakahigang sumandal si Bessie sa dibdib ni Lucas. Kung mamamatay ako, naisip ni Lucas, sana ngayon na.

Magsulat ka, sabi ni Bessie with unusual tenderness in her voice, alam kong magiging writer ka.

Para sa'yo, sabi ni Lucas sa sarili uli niya, magiging writer ako para sa'yo. Saka tinanong niya si Bessie. Kanina, habang nakatayo tayo sa ulan, bago tayo… me sinabi ka…?

Ano 'yun? sabi ni Bessie. Wala 'yun! Ikaw talaga! Halika na nga!

AS IN? TANONG NI AJ KAY BESSIE HABANG NAKAPILA SILA sa isang sinehan sa mall.

As in! sagot ni Bessie.

Complete with buhangin and all? Naku ha, para kayong sina Deborah Kerr at Burt Lancaster sa *From Here to Eternity.*

Ano ba 'yang mga references mo, bakla, ang luluma!

Dako ba? Namimilog ang mga mata ni AJ.

Kumindat lang si Bessie.

Paano kung mabuntis ka? Di kamo kayo gumamit ng safety!

Sa movies lang nabubuntis ang tao sa one-night stand ano!

E baka lalong umasa 'yung tao!

E di umasa! Whatever!

Napatingin si AJ sa ibang nakapilang nakikinig sa usapan nila. Anytime gusto n'yong mag-comment, sabi ni AJ, taas lang ang kamay ha? Imbyerna!

Natatawa si Bessie na tiningnan sa di kalayuan si Lucas. Bumibili ito ng soft drinks at chips.

Alam mo, mare, balik ni AJ kay Bessie, di ko talaga maintindihan kung ba't ka nagustuhan nang ganyan ni Lucas. Ginagawa mong alipin!

Hindi sumagot si Bessie kaya si AJ na rin ang sumagot sa sariling tanong. Sabagay, ang mga writer talaga masokista! Ano ba naman 'tong pilang 'to, ang tagal-tagal! Wala namang

guwapo! Puro babae, nagkakandarapa ke Keanu Reeves, di ba nila alam gay 'yun?

Ikaw naman lahat na lang gay!

Totoo! 80% ng Hollywood actors closet gay! 'Yung natitirang 20% pumapatol! Kaya ang mga actress, crisis!

Nga pala, AJ, di ako puwede bukas. Pakisabi na lang happy birthday ke Edgar. Me bisita ako.

Sino na naman?

Si Brigs.

'Yung brat na anak ni Colonel Moncayao? 'Yung colonel na me pending case dahil me mga pinatay na aktibista? Don't tell me nakikipag-date ka pa rin d'on!

Umusad ang pila. Nagkibit-balikat si Bessie.

Ba't hindi? sagot ni Bessie. If I know type mo lang.

Stick to one na 'ko no! Tsaka ayoko sa mga me topak!

Bumalik si Lucas dala ang mga pinabili nila. Ipinakilala ito ni Bessie kay AJ. Interesadong-interesado si Lucas makipagkuwentuhan kay AJ. Gusto daw nitong maintindihan ang character ng mga bakla. Baka magamit nito sa sinusulat.

Ginawa pa 'kong subject! sabi ni AJ. Prangkahin nga kita, sabi kay Lucas, gusto mo ba talagang maging writer? Ang writer sa Pilipinas walang nagbabasa, walang rumerespeto, at walang pera!

Nakangiti lang na tiningnan ni Lucas si AJ. Tsaka kung ang gusto mong isulat ay 'yung puwedeng i-portray ni Bessie,

bakit short story? Sinong nagbabasa ng short story ngayon? Dapat script para magawang pelikula!

Pag short story akin lang, sagot ni Lucas, walang ibang makikialam.

Wala na 'kong sinabi, sabi ni AJ.

June 27, 2006. Sa sala ng pad ni Bessie. Ang brat na anak ni Colonel Moncayao, si Brigs, 27 years old. Matipuno. Me bigote at goatee. Importer ng smuggled luxury cars. Si Bessie suot ang standard outfit niyang maiksing mini at putol na T-shirt. Nag-iinuman sila habang sa kusina ay nagliligpit si Lucas, inaabala ang sarili para huwag siyang tawagin nina Bessie.

Unang naispatan ni Bessie si Brigs nang mapanood niya ito sa isang basketball game sa La Salle. Hiningi niya sa kaibigang nagdala sa kanya sa game ang number nito. Nag-send siya sa cellphone ni Brigs ng kanyang half-naked picture.

Ang ginawa ni Brigs, zinoom ang picture at sinend sa teammates. Nagsisigawan sila na nag-cheer. Lumapit si Bessie at saka proudly ay tinanong kung sa scale of 1 to 10 ay ano siya. 11! sigawan ng team.

Hindi kagaya ng ibang ka-date na tumatagal lang ng isa o dalawa, ikaapat na date na ito ni Bessie kay Brigs. Kumuha si Bessie ng Ecstasy sa bag niya at lumunok. Saglit na pinakiramdaman ang epekto nito. Saka kontentong humilig sa sofa.

Para kay B

Lucas! tawag ni Bessie. Halika dito!

Lumapit si Lucas. Upo ka d'yan, sabi ni Bessie. D'on na lang ako sa....sabi ni Lucas.

Upo ka d'yan sabi e, sabi ni Bessie na natatawa.

Naupo si Lucas. Dumukwang si Brigs at kinuha bigla sa ulo ni Lucas ang cap nito. Sir, protesta ni Lucas. Isinuot ni Brigs ang cap. Nagtangka si Lucas na bawiin ito. Sir....

Hayaan mo na siya, sabi ni Bessie, sabay hila kay Lucas. Inabutan ito ng drinks. Inis na dinown ni Lucas ang buong baso.

O, kita mo, Brigs baby, sabi ko sa'yo ok 'tong si Lucas e! Saka inabutan ni Bessie ng Ectasy si Brigs. Tumanggi ito. Wala daw ito sa kondisyon ngayon.

Anong kondi-kondisyon? tanong ni Bessie. Saka idinuldol ang pill kay Brigs. Kaa-asthma attack ko lang kaninang umaga, sabi ni Brigs. Tago mo na 'yan!

One, sabi ni Bessie, na anyong itatapon sa basurahan ang pill, two....

Akina nga! sabi ni Brigs. Saka nilunok ang pill.

Anong gusto n'yong gawin ko? tanong ni Bessie sabay tayo. Gusto n'yong sayawan ko kayo? Ginagawa ko lagi 'to sa Daddy ko noon! Mahilig 'yun e!

Pagkalipas ng ilang sandali ay napansin ni Lucas na pinagpapawisan si Brigs, parang wala sa sarili. Nakahawak ito sa dibdib, na parang nagsisikip. Saka bigla itong bumulagta at natumba sa sahig. Natanggal ang cap.

Napatingin si Bessie. Brigs? Hindi na gumagalaw si Brigs. Lumapit si Bessie. Brigs?

Hindi pa rin gumagalaw si Brigs. Ito talaga! sabi ni Bessie sabay sipa kay Brigs. Hoy! Walang iwanan!

Pero di na talaga gumagalaw si Brigs. Naalarma na si Bessie. Pinakinggan ang heartbeat ni Brigs. Saka takot na bumaling kay Lucas.

Oh, my God, napatay ko ata siya!

Ha?

Na-OD ata siya!

Paanong...?

Anong gagawin ko? Tulungan mo ako!

Dalhin natin sa ospital!

Ayoko! Huhulihin ako! Gusto mo ba akong mahuli?

Hindi!

Tumayo si Bessie, tarantang nagpalakad-lakad, nag-iisip kung ano ang gagawin.

Saka huminto. Tulungan mo ako, buhatin natin siya. Dalhin natin sa kotse!

Itatapon natin siya? di makapaniwalang tanong ni Lucas.

Takot na takot na lumapit si Bessie. Tutulungan mo ako, di ba, Lucas? Sabi mo mahal mo ako. Itatapon natin siya sa malayong lugar!

Di pa rin makagalaw si Lucas.

Sabi mo gagawin mo maski ano!

Para kay B

Tumango si Lucas maski natatakot. Kukuha ako ng kumot!

Pero bago nakapunta sa kuwarto si Lucas ay tumunog ang doorbell. Lalong nataranta si Bessie, nanlalaki ang mga mata at pinagpapawisan na. Napatingin kay Lucas. Mga kasamahan ni Brigs! Kailangan natin siyang itago!

Binuhat nila si Brigs, si Lucas sa mga balikat at si Bessie sa mga paa. Binuksan ni Lucas ng kabilang kamay ang closet at saka ipinasok nila doon si Brigs. Parang biglang nandiri ditong binitiwan ito ni Bessie. Habang nasa loob siya ng closet ay hinila ni Lucas si Brigs papasok.

Muling tumunog ang doorbell. Tarantang napalingon si Bessie, di malaman kung tatakas o sasama sa loob ng closet. Saka dali-daling isinara ang closet maski nasa loob pa si Lucas. Ini-lock ito.

Narinig ni Lucas ang pag-click ng lock at nagtaka siya, hawak pa rin si Brigs.

Madilim sa loob ng closet maliban sa siwang ng liwanag. At halos siksikan sila ng katawan ni Brigs sa gitna ng mga nakasabit na damit. Naaamoy niya ang katawan nito. Pinagpapawisan na si Lucas.

Trying to be casual, binuksan ni Bessie ang pinto. Pumasok ang dalawang kasamahan ni Brigs, sina Carlo at Jun. Diretso agad ang mga ito sa ref, nagbukas ng beer at nagtanong kung nasaan si Brigs.

A, me kinuha lang sa labas sandali, sabi ni Bessie, kinokontrol ang panginginig ng boses. Saka di mapakaling napasulyap sa closet.

Sa loob ng closet, takot na takot na di makahinga si Lucas. Di niya maitaas ang ulo dahil sa sikip. Nakadikit sa kanya ang katawan ni Brigs at naririnig niya ang usapan sa labas. Bessie, ba't namumutla ka? Marami ka na bang natira?

Sa loob ng closet ay iniiwasan ni Lucas mapatingin kay Brigs. Pero di siya nakatiis. Unti-unting dumako ang mga mata niya dito.

Nakalungayngay nang patagilid ang ulo nito. Nakapikit ang mga mata. Saka maski madilim ay nakita ni Lucas na dumilat ito at kumindat sa kanya. Napamulagat si Lucas. Ngumisi si Brigs. Pare, kumusta?

Shocked na shocked na napatayo si Lucas kaya nauntog ang ulo sa closet. Tumaas ang kamay ni Brigs para hawakan siya kaya takot na takot na napaurong siya, pilit na binubuksan ang pinto. Bessie, buksan mo! Bessie!

Paano ka magiging writer, sabi ni Brigs, multo lang takot ka na?

Nagtatawang pumunta si Bessie sa closet at inunlock ito. Halos matumbang lumabas si Lucas, kasunod si Brigs na tawa nang tawa nang malakas. Matatakutin pala 'tong kaibigan mo, Bessie!

Napatigil si Lucas, di alam kung tama ang narinig. Bumaling siya kay Brigs. Nagpahid muna ito ng pawis sabay

Para kay B

kuha sa inabot sa kanyang beer ni Jun. Nag-high five ang dalawa. Ok a, pare! sabi ni Jun.

Nakatingin pa rin si Lucas kay Brigs. O, sabi ni Brigs kay Lucas, upo na! Tapos na ang palabas! Saka tumingin kay Bessie. Maski ano pala talaga gagawin nito para sa'yo!

Sabi ko sa'yo e, sagot ni Bessie, na tumabi na kay Brigs. Hindi makapaniwalang sa kanya naman napatingin si Lucas. Ok ba ang acting ko? sabi ni Bessie. Pang-award ba?

Saka inulit na kunwari'y takot na takot, Oh my God, napatay ko siya! Lucas, tulungan mo ako!

Nagtatawang inalok ni Bessie si Lucas. O inom ka. Namumutla ka pa! Galit na tiningnan lang ni Lucas si Bessie. Di inabot ang baso.

Ikaw naman, Lucas, dunggol ni Bessie kay Lucas, napikon agad. Acting lang ano! Saka uminom si Bessie.

Asthma, pare! sabi naman ni Brigs na natatawa. Asthma!

Puwede ka nang artista, pare! sabi ni Carlo kay Brigs.

Aba, dapat! sabi ni Bessie. Kakandidato ata siya!

Pero pinaka-ok, sabi ni Brigs sabay baling kay Lucas, ang acting mo, pare! Natural! Totoo kasi e!

Saka inakbayan niya si Lucas, na umiiwas. Writer ka nga ba, pare? sabi ni Brigs. Ibig sabihin matalino ka. Ako, bobo daw! Saka tumawa si Brigs. Napahinto. Dahil nakita ang suot na T-shirt ni Lucas. Teka, damit ko 'yan a! Ba't mo suot 'yan?

Binigay ko, sabi ni Bessie. Tumayo si Lucas, walang sali-salitang hinubad ang T-shirt at saka itinapon kay Brigs.

Sumalpak ang T-shirt sa nagitlang mukha ni Brigs. Nagtagpo ang mga kilay ni Brigs. Tumayo siya, galit na hinila si Lucas, at sinuntok ito sa tiyan.

Halos natumba ang nabiglang si Lucas. Brigs, sabi ni Bessie, sabay hawak kay Brigs. Sa lahat ng ayoko, sabi ni Brigs, 'yung kinukuha ang akin! Nagbago na si Brigs. Ang palangising Brigs kanina ay mabalasik na ngayon. Kita na ang takot maski sa mukha ni Bessie. Upo ka d'yan! sigaw ni Brigs kay Lucas.

Hindi gumalaw si Lucas. Natatakot siya pero di siya gumalaw. Hinila siya ni Bessie para maupo pero di pa rin siya gumalaw. Nakatingin siya sa cap niya, na nasa sahig. Hinablot ni Brigs si Lucas at saka sinuntok sa mukha. Tumapon ang dugo.

Maski duguan at humahapdi ang mukha ay galit na titingnan ni Lucas nang masama si Brigs at saka tumalikod siya. Pinulot ang cap niya. Lumakad papunta sa kuwarto. Hinarang siya ni Carlo. Hep, hep! Saka hinablot siya ni Jun at itinapon kay Brigs. Tumapon ang cap. Bumagsak si Lucas kay Brigs. Binigwasan siya uli ni Brigs. Napapikit si Lucas sa sakit.

Intindihin natin si Brigs. Ang ama niyang Colonel, na may mahabang listahan ng mga naipapapatay na mga aktibista at oposisyunista, ay nakademanda ngayon sa kasong murder ng isang union leader, at tinitira siya sa front pages ng mga diyaryo dahil sa umano'y extrajudicial killing spree nito. Alam niyang malulusutan naman niya ang kaso pero tinik pa rin sa

Para kay B

lalamunan. Kaya ang binabalingan niya pag-uwi ay si Brigs. Extrajudicial na hindot nila! isisigaw niya habang binubugbog si Brigs. Mga putang komunista sila! Intindihin natin si Brigs. Naghahanap lang siya ng mapaglalabasan ng galit niya.

Sinuntok uli ni Brigs si Lucas. Muli, naglakbay na parang kidlat ang sakit sa katawan ni Lucas. Takot na si Bessie. Ngayon ay totoo na ang takot niya. Idinuldol ni Brigs ang baso kay Lucas. Inom! May edge ng topak at tuwa sa kanyang boses.

Uminom si Lucas. Kabababa pa lang niya ng baso ay sinuntok na siya uli ni Brigs. Bumulwak ang nainom ni Lucas. Sumama ang dugo. Tumalikod si Bessie upang di makita ang nangyayari. Bumangon si Lucas at hinarap si Brigs. Ba't ka ba galit? Anong nagawa ko sa'yo?

Bakit, tanong ni Brigs, kelangan bang me dahilan para karinyuhin ang isang tao? O, inom pa! Di gumagalaw si Lucas. Inom!

Uminom si Lucas. Sinuntok uli siya ni Brigs. Iniisip ni Lucas, sana mamanhid na lang ang katawan niya, para wala siyang maramdaman. Di na siya hinayaan ni Brigs na bumagsak. Sinalo agad. Sinuntok. Humaplit uli ang sakit.

Sabihin mo nga, sabing nagtatawa ni Brigs, extrajudicial! Inipon ni Lucas lahat ng lakas niya at saka niya sinuntok si Brigs. Tumapon ito paatras. Aba, sabi ni Brigs habang nakabulagta sa sofa, nakangisi. Extrajudicial lang pala ang magpapatapang sa'yo!

Hinawakan ng dalawang kasamahan ni Brigs ang nagpupumiglas na si Lucas. Tumayo si Brigs. Inilapit ang mukha kay Lucas. Putang ina mo! singasing ni Lucas kay Brigs. Tama ka, pare, sabi ni Brigs. Saka sinuntok siya uli nito. Hindi bumagsak si Lucas dahil di siya binibitiwan ng dalawang kasamahan ni Brigs.

Habang binubugbog siya at maski pahina nang pahina ay patuloy na sinasabi ni Lucas, putang ina n'yo! Putang ina n'yo!

Sa lahat ng ito, walang ginawa si Bessie, takot na takot na nakasiksik sa sofa. Sa paglipas ng mahabang panahon ay iisipin ni Bessie kung bakit wala siyang ginawa. Dahil nga ba sa takot niya kay Brigs? Dahil ba sa nabanggit minsan ng ama nito sa kanya ang posibilidad na mag-produce sila ng pelikula at siya ang gawing artista? Epekto ba ng drugs? O dahil masama lang talaga siyang tao?

Bata pa man ay hindi na bago sa kanya ang sex, o ang violence. Ito ang katotohanan ng kanyang buhay at maski hindi siya gumalaw, sa kanyang silid noong bata pa siya, 9 years old at namimilog sa takot ang mga matang nakatingin sa pintong anytime ay bubukas, o noong dalagita na siya, sa mga kalsada kung saan nami-mick up siya ng ka-date, nangyayari ito. Sanay na siya.

At one point habang binubugbog nina Brigs si Lucas ay bumaling sa kanya si Brigs at nagtanong, boyfriend mo ba 'to? At sumagot si Bessie, hindi a! Nakita niya ang mga mata

Para kay B

ni Lucas na duguan, nakatingin lang sa kanya. Nanunumbat? Nagpapatulong? Whatever.

Naging blur na ang lahat para sa kanya. Pinaglaruan nina Brigs si Lucas, pinuluputan sa leeg ng T-shirt ni Brigs at saka ginurlisan sa bisig sa pamamagitan ng basag na baso. Nang hindi na ito makagalaw sa pagkakalugmok sa sahig ay isa-isang inihian. Parang mga fountain ang ihing tumatalon at naghahanap ng madidikitan sa katawan ni Lucas. Pero ang nakikita lang ni Bessie ay ang makapal na ulap na nagdaraan sa harapan niya. Sa tuwing may ayaw siyang makita, noong bata pa man siya, kapag pumapasok sa kuwarto niya ang ama niya, hinahayaan niya lang na magdaan ang makapal na ulap sa harapan niya at natatanggap na niya ang lahat.

Naramdaman na lang niyang hinila siya nina Brigs. Lumabas sila ng apartment at halos wala siyang kamalayan nang mag-joyride sila sa imported car ni Brigs sa buong Kamaynilaan, nagpapatugtog ng stereo nang malakas, nagsisigawang hinahamon bawat makasalubong.

Nang magising siya'y nakaupo siya sa bangketa, iniwan siguro nina Brigs doon. Pero maayos na ang pakiramdam niya. Umaga na. Nanunuyo ang lalamunan niya. Pinulot niya ang nakitang bote ng mineral water sa may basurahan at ininom. Saka siya tumayo.

Saglit siyang tumayo sa labas ng pad. Wala siyang marinig na ingay.

Sa loob ng pad, nasa sahig pa rin si Lucas, duguang nakahandusay sa gitna ng mga kalat, wasak ang isang mata, pero may malay na at nakatingin sa kanya.

Dali-daling lumapit si Bessie. Ikaw naman kasi! sabi niya, saka aalalayan sanang makabangon si Lucas. Pero tinabig siya nito. Nanghihina pero galit. Mapanghi.

Lucas....

Saka sinubukan niya uli itong tulungan. Sa natitira pang lakas ng mga kamay nito'y muling tinulak ni Lucas si Bessie palayo.

Grabe ang mga sugat mo, kelangan nating gamutin!

Ayaw pa ring magpahawak sa kanya ni Lucas.

Tsaka ang panghi-panghi mo, kelangan kitang punasan!

Tinutulak pa rin siyang palayo ni Lucas.

Helpless na napaupo na lang si Bessie sa harap ni Lucas, nakatingin lang dito. Lumipas ang ilang sandaling ganoon lang sila, nakaupo si Bessie na nakatingin kay Lucas, na nakahandusay at ayaw magpagalaw. Nakakalat ang dugo at basag na baso sa sahig. Sa dingding at sa carpet ay may tilamsik pa ng dugo ni Lucas. Ang closet na pinagtaguan kanina nina Lucas at Brigs ay nakabukas pa.

Nagtangka uli si Bessie na hawakan si Lucas at gamutin. Dahil sa panghihina o sa pagod ay di na ito nagprotesta pa. Pero di ito tumitingin sa kanya. Sorry, paulit-ulit na sabi ni Bessie habang nililinis at ginagamot ang mga sugat ni Lucas,

Para kay B

sorry. Namamaga ang kaliwang mata nito at di niya alam kung paano pipigain doon ang gamot. Kumislot ang katawan ni Lucas dahil sa kirot.

Nilagyan niya ng bandage ang mga sugat at saka niya pinunasan ng mainit na basang tuwalya ang dugo sa iba't ibang parte ng katawan ni Lucas. Nawala ang dugo pero hindi ang panghi. Hindi nagtagal ay pinatigil na siya ni Lucas. Tumagilid ito at pagkalipas ng ilang minuto'y napansin niyang nakatulog na ito.

Pinagmasdan niya ito nang matagal, parang baby na nakabaluktot sa sofa. Saka tumayo siya at tumingin sa labas ng bintana. Pinagmasdan niya ang mga building sa labas, na padami nang padami. Ang maputlang langit na puno pa rin ng usok ng mga pabrika. Ang ulilang kalapating nasa bubong dahil nawaglit sa mga kasamahan.

Saka nagbalik siya sa tabi ni Lucas at natulog sa paanan nito. Nang magising siya kinaumagahan ay wala na si Lucas.

Mula noon lahat ng librong basahin niya ay nawalan na ng kahulugan. Ang gusto niyang pumalakpak ay si Lucas. Namatay na ang laptop at nawalan na ng silbi ang mga pag-kukunwari. Nilinis niya nang nilinis ang kuwarto ni Lucas pero maski di pa natatapos ay napagod na siya at napatigil na lang. Naghanap siya sa mga ospital, sa mga presinto, sa mga paupahang kuwarto sa Sampaloc at sa mga building kung saan me nakalagay na Wanted Messenger sign, sa mga dyaryo at organisasyon ng mga baguhang manunulat, sa Internet at

mga open house, sa lugar kung saan niya unang inabutan ng leaflet si Lucas.

Hindi na siya naka-function na gaya ng dati dahil para bang tinanggal ng pagkawala ni Lucas lahat ng kasamaan sa kanyang katauhan, at ngayo'y di na niya alam kung ano siya, kung sino siya.

Isang araw, habang sinu-sort out niya ang mga package na galing sa mga broken-hearted na nagpapadala ng mga ibebenta sa Internet, nakita niya sa gitna ng pile ang isang singsing na silver. Ang singsing na binigay niya kay Lucas.

Kinuha niya ito at pinagmasdan. Sa tagiliran ng singsing ay may nakaukit na letrang B. Ngayon lang niya ito nakita, pinagawa siguro ni Lucas nang di niya nalaman.

Binali-baligtad niya ang sobre pero walang return address. At wala ring voucher na gaya ng sa iba.

Karma, sabi ni AJ. Gusto niya itong suntukin. Pero alam niya, totoo ang sinabi nito.

Minsan, habang magkasama sila ni AJ sa gay pride parade sa Malate, nagtititiling sinabi nito na nakita daw sa crowd si Lucas, nakatingin kay Bessie. I swear, girl, sa'yo lang siya nakatingin na para bang lahat ng mga bakla't tomboy at transgender at transsexual sa paligid ay wa exist!

Dali-daling hinanap ni Bessie sa mga tao si Lucas. Wala naman. Imagination mo lang ata, bakla, puta ka!

Para kay B

Sa mga paghahanap ni Bessie kay Lucas ay nagsimula siyang makita ang mga kababayang kagaya nito, at hindi niya alam pero doon nagsimula ang kanyang politicalization—mga bedspacer na nagsisiksikan sa napakainit at madagang kuwarto, mga messenger na nagpipiket dahil kulang sa minimum ang sahod, mga waitress, street sweeper, basurero, mga sumisilong sa imburnal kapag bumabagyo at mga inang naghahanap ng tirang pagkain sa mga basurahan upang ipakain sa mga anak. Hindi na ito mga tauhang kailangang gampanan. Mga totoong tao na.

May nagbalita sa kanya na nakita daw minsan si Lucas sa isang rally ng urban poor laban sa eviction ng mga squatter. Nagsimulang makimartsa uli si Bessie, umaasang pagbaling sa kaliwa ay andoon na si Lucas, suot ang cap nito, pinatatawad siya.

Ang Pilipinas ay isang napakalaking bunganga ng pagkagutom at napapanganga siya sa pagtataka kung bakit ngayon lang niya ito nakita, at ngayon lang niya naiintindihan finally ang mga sinasabi ni Lucas noon tungkol sa gutom. Naging mas sincere na ang pagsali niya sa mga NGO na tumutulong sa mga kababayan. Siguro, sa bawat isang kababayang natutulungan niya, mas nalalapit siya sa pagpapatawad ni Lucas.

Isang araw ay natagpuan niya ang sariling kasama ng isang volunteer group na tumutulong sa mga nasalanta ng bagyong Elsa sa San Ildefonso. Natatandaan niyang sinabi ni

Lucas na dito ito lumaki. Baka sakali, maisipan kaya nitong magbalik?

Pagkatapos ng maghapong pagtulong sa napakaraming biktima sa loob ng mga tent ay lumabas siya't pagod na napatayo na lang sa lumang tulay. Sa di kalayuan ay may mga paang naglalakad palapit sa tulay. Hinabol ni Bessie ang kanyang paghinga habang pinupunasan ng hand towel ang pawisang noo, iniisip kung saan kaya sa bayang iyon dating nakatira si Lucas. Ang mga paang naglalakad ay tumigil, nakarating na sa kabilang dulo ng tulay.

Ang ulap sa langit ay hindi na gaanong madilim. Mahina na ang hanging humahampas kay Bessie. Napatingin siya sa kabilang dulo ng tulay. Nakatayo doon ang isang lalaking hindi niya kilala pero kilala natin. Si Jordan.

Sa mga kuwento ang tawag sa ganito ay coincidence. Nagtatagpo ang dalawang tauhan nang walang dahilan, pinagtiyap lang ng pagkakataon. Napakarami namang lugar sa buong Pilipinas na nangangailangan ng pagtulong ni Bessie, bakit dito pa sa San Ildefonso? Napakarami namang araw sa kalendaryo para umuwi si Jordan, bakit ngayon pa?

Pero may dahilan.

Fourteen years ago ay lumayas sa lugar ding ito si Jordan. Tumayo siya sa ibaba ng mismong tulay na ito at nangako sa isang dalagita. Paglaki mo'y pakakasalan kita. Pero kinaumagahan ay lumayas siya at isinumpang kailanman ay di na babalik. Araw-araw sa Maynila ay ayaw siyang patahimikin ng

Para kay B

masasakit na alaala, kaya gabi-gabi ay buong determinasyong binubura niya ang mga ito. Pag may nagtatanong tungkol sa nakalipas ay wala siyang matandaan. Lahat ng relationship niya ay hindi nagtatagal dahil puro pang-ngayon lang. Kapag nagtanong na ang babae tungkol sa nakalipas, o kaya'y nagpahiwatig tungkol sa kasal, iniisplitan na niya.

Mula working student ay nagpursige siya hanggang maging copyreader, tapos ay newspaper columnist, finally ay staff ng isang congressman. Kasama siya sa isang team na ang trabaho'y linisin ang maruming image ng Congressman. Nagpupuyat siya sa kalilinis sa maruming mukha ng Congressman sa photoshop, o kaya'y sa pangit na speech na gawa ng ghost writer nito, o kaya'y sa accounting ng pinasobrahang budget para sa isang proyekto. Sa isang miting sa hotel tungkol sa darating na eleksyon ay nakita niya uli si Irene.

Hindi totoong hindi niya ito natandaan. Nang banggitin nito ang San Ildefonso, ang cheap watch at ang lumang tulay, nasilip niya, isang maliit na hiwa lang, ang iniiwasang nakalipas. Pero sinabi niyang di niya maalala si Irene. Nasaktan ito pero nagpatuloy sa pagtatangkang ipaalala sa kanya ang lahat.

Nag-make love sila sa hotel. Habang nakapatong sa kanya si Irene ay parang isang malaking bugso ng energy na nagbalikan lahat ng mga kinalimutan niya—ang dugo ng ina niyang tumapon sa kanya, ang laway ni Mrs. Ignacio, ang rally

sa tulay. At strangely, ang naramdaman niya ay relief. Mula saan? Hindi niya alam.

Pero mula noon ay hindi na siya natahimik. Habang kausap ang mga kasing-corrupt na ka-deal ng Congressman, o kaya'y habang nagpi-present sa media, maski maraming taong kaharap, biglang babalik ang alaala ng mapusok na gabing iyon sa hotel, at sa gayo'y maglalakbay ang init sa buong katawan niya at kasabay nito'y babalik ang iba pang mga alaala. Nakikita na niya ngayon kung gaano kahungkag ang buhay niya bilang isang taong walang nakalipas. Hinanap niya si Irene sa mga hotel, ospital, presinto, na para bang ang hinahanap din niya'y ang kanyang nawawalang pagkatao.

Isang araw na sukang-suka na siya sa trabaho'y nagpunta siya sandali sa hotel lobby for some fresh air. Naupo siyang malayo sa mga tao. Napansin niyang may nakatingin sa kanyang isang payat at maputing babaing may 32 years old na. Pula ang tali sa buhok at pula ang mga kuko.

Lumapit ito at nagpakilala. Si Elena daw ito, ina ni Irene. Pinipilit niyang maalala kung may nasabi si Irene noon tungkol sa ina nito pero wala siyang matandaan. Sa halip, ang naalala niya ay ang sariling ina, kinukumutan siya, kinakantahan siya, tinakpan ang katawan niya upang huwag siyang mabaril. Nakaramdam siya ng pagnanasang yakapin ang babaing itong kaharap niya.

Gawin mo, sabi ni Elena. Ho? tanong niya. Alam ko, sabi ni Elena, gusto mo akong yakapin. Saglit siyang nagbantulot,

Para kay B

saka niyakap si Elena. May ibinubulong ito sa kanya. Nakinig siyang mabuti. Magbalik ka ng San Ildefonso, sabi nito. Kung gusto mong mahanap si Irene.

Pagtigil pa lang ng kotse niya sa bukana ng San Ildefonso ay bumulaga na sa kanya ang maraming improvised tents, kung saan nagsisiksikan ang pami-pamilyang biktima ng bagyong si Elsa. Ang wish niya noon na masunog ang San Ildefonso ay natupad na. Pero tubig, hindi apoy. Grabe ang naging pananalanta ng bagyo dahil na rin sa kinalbong kagubatan, at sa tabi ng mga tent ay may mga aktibistang naglagay ng streamer na kumokondena sa lumber concession na pag-aari ngayon ng anak ni Mayor Ignacio na si Andy.

Nagkakagulo ang mga nakapila dahil dumating na ang magpapamudmod ng relief goods. Si Mrs. Ignacio, malaki ang itinanda pero itim pa rin ang buhok, naka-wheelchair na nagmamando sa mga alalay, tumatapon ang masaganang laway. Nag-iisa na lang siya sa buhay dahil matagal nang namatay ang asawa. Ang anak namang si Andy ay nasa piling ng asawa nitong di kasundo ni Mrs. Ignacio. Pinipilit maalala ni Jordan ang kanyang galit kay Mrs. Ignacio. Pero wala na siyang maramdaman. Iyon man ay nabura na niya. Bago siya makita nito ay umalis na siya.

Pumunta siya sa puntod ng mga magulang. Humingi siya ng tawad sa kasalanan niya ng pagkalimot. Habang pinapalis ang mga dumi sa ibabaw ng nitso ay pinigilan niya

ang maiyak. Saka ñapatigil siya sa ginagawa at napatanga na lamang.

Sa lumang simbahan ay nakasara na't di na ginagamit ang dati niyang maliit na kuwarto. Ibinalita sa kanya ng sakristan na kamamatay lang ni Fr. Zuñiga at sa katunayan ang funeral procession nito ay kaaalis pa lamang. Namatay daw si Fr. Zuñiga habang tumutulong sa isang biktimang tinamaan ng yero. Inusyoso ng mga taumbayan ang bulsa sa kanyang pantalon at ang kanyang kahita sa sakristiya pero walang nakakitá sa kaputol ng buhok. At ang kanyang Walkman ay basa't ayaw umandar, kaya wala ring nakapagpatunay kung totoo ngang hanggang kamatayan ay itinatago pa rin niya ang lumang-lumang recording ng boses ng isang babae.

Dali-daling humabol si Jordan hanggang makarating sa lumang tulay. Humampas ang malakas na hangin at nilanghap niya iyon, hanging matagal din niyang kinalimutan.

Nakita niya sa ibaba, naglalakad na ang prusisyon buhat-buhat ang kabaong ni Fr. Zuñiga. Hindi ganoon karami ang nakipaglibing. Nakaramdam si Jordan ng awa sa pari.

Bababa na sana si Jordan pero noon niya napansin, nakatayo sa kabilang dulo ng tulay, ang isang babae. Si Bessie.

Dalawang taong naghahanap. Si Jordan kay Irene, at si Bessie kay Lucas. Parehong nagsisisi. At kung gusto natin, puwede nating ma-imagine na lahat sa palibot nila, sa harapan at sa mga tagiliran nila, pati ang prusisyon at ang kabaong

Para kay B

ni Fr. Zuñiga, ang langit at ang mga punong niyog, ay wala. Maliban sa kanilang dalawa.

Here is the proposition. Me quota ang pag-ibig, gaya ng alam nating lahat. Sa bawat limang tao'y isa lang ang magiging masaya. Tapos na ang mga kuwento nina Sandra, Erica at Ester. Puro sila hindi naging masaya sa huli. Pero me dalawa pang natitira, sina Irene at Bessie. At me isa pang slot. Sino sa kanilang dalawa ang magiging masaya?Kapalaran ba ang magdidikta, ang mga tauhan ba mismo, o ang writer? Bilang pagsunod sa mga patakaran ng ating makabagong mundo, sa kasong ito ang magpapasya ay ang mambabasa. Kagaya sa mga reality show ngayon, puwede ninyong i-text ang inyong mga boto. Sino ang makakahanap? Si Jordan? O si Bessie? Meron kayong isang buwan. Sapat-sapat nang panahon upang ang isang love story ay mabuo, o magwakas. Text JRDN o BES sa Smart 2344, o Globe 2366. Ang makakatanggap ng pinakamaraming boto ang papalaring magkaroon ng masayang ending.





Ang Totoong Kuwento sa Totoong Kuwento

Sa lamlam ng mga kandila, dahil brownout, ay magkaharap sa coffee shop ng Travelers Inn sina Sandra at ang Writer. Maganda, sabi ni Sandra, sabay soli sa Writer ng manuscript na nasa envelope. Kababasa lang niya ng limang kuwentong sinulat ng Writer—ang mga kuwento ng pag-ibig nina Irene, Sandra, Erica, Ester at Bessie. At kung papaanong sa quota ng pag-ibig ay isa lang sa kanilang lima ang magiging masaya.

Pero parang hindi fair, sabi ni Sandra.

Ano ang hindi fair? tanong ng Writer. Dahil kaaalis lang ng bagyong si Elsa ay walang gaanong customer sa hotel. Umuulan pa bagamat di na malakas. A few weeks ago ay nag-check in doon ang Writer upang magsulat. He found himself

interviewing Sandra and including her story sa limang love stories na sinusulat niya.

Noong una ay ayaw magkuwento ni Sandra. Matagal nang tapos, sabi niya. Kung gan'on, sabi ng Writer, mas madali mo nang maikukuwento. Tumanggi pa rin si Sandra. Hinamon siya ng Writer na baka kaya ayaw niyang ikuwento ay dahil di pa siya nakaka-move on. In the end, pumayag na rin si Sandra dahil hirap na hirap na rin naman siyang wala man lang maski isang taong mapagsabihan. Hiniling lang niya kay Lucas na kapag ipa-publish na ay palitan ang mga pangalan.

Hindi mo ba nagustuhan ang pagkakasulat ko sa kuwento mo? tanong ng Writer. Nagustuhan, sagot ni Sandra. Para ngang mas maganda pa kesa sa tunay na nangyari e.

Ang totoo, may feeling si Sandra na lumabas siyang hindi masyadong matalino doon sa kuwento. At sobrang malungkot ang kinawakasan. Sa totoo'y hindi naman siya naging ganoon ka-helpless. Pero naiintindihan niya ang trabaho ng isang manunulat. Kinakailangang gawing mas dramatiko ang lahat.

Maganda rin 'yung kuwento nina Irene, patuloy niya. Totoo rin ba sila?

Umiling ang Writer.

Napansin ko lang, patuloy ni Sandra, puro babae ang may kuwento. At saka maraming umuulit-ulit. Laging me iniiwan. Laging me naghahanap. Laging me isang lalaking

Para kay B

binubugbog habang ang babae ay nakatingin lang at walang magawa.

Hindi ba ganoon naman ang love stories, sagot ng Writer, sinasalamin ng isa ang bawat isa, kaya umuulit ang lahat? Ang gusto kong malaman, ba't mo sinabing hindi fair?

'Yung kina Bessie at Jordan, sagot ni Sandra, ba't kelangang isa lang ang magiging masaya sa huli? Ba't me contest pa?

Maski naman sa tunay na buhay, sagot ng Writer, ilang love stories ba ang nagwawakas nang masaya?

Pero iba't iba naman ang ibig sabihin ng masaya, sagot ni Sandra. Sa kanya-kanyang paraan e naging masaya rin naman sina Erica at Ester dahil nakatagpo sila ng katahimikan at lakas ng loob.

Ikaw, naging masaya ka ba sa huli? tanong ng Writer.

Saglit na nag-isip si Sandra, napatungo habang ang mukha ay marahang hinahaplos ng liwanag ng kandila. Saka tumango. Tiningnan sa mga mata ang Writer. Tanggap ko na. Maybe gusto kong malaman kung anong nangyari ke Kuya Lupe, kung safe ba siya. 'Yun lang ang gusto kong masigurado, ang ipinagdarasal ko lagi, na sana'y ligtas siya. Pero tahimik na ang buhay ko.

Totoo. Through the years sa mukha ni Sandra ay may naka-settle nang kapayapaan. Pero me lungkot pa rin sa gilid ng mga mata.

Nag-alok ang Writer. Kung gusto mong mahanap siya, si Lupe, baka makatulong akong hanapin siya.

Ayoko, agad na sagot ni Sandra. Baka di ko makaya.

Napatingin ang Writer kay Sandra. Di niya maarok ang iniisip nito. Nakatingin ito sa dilim ng kalsada.

Saglit na namagitan ang katahimikan sa kanila. Saka bumaling uli si Sandra sa Writer, ipinatong ang kamay sa kamay nito. Naging matapat ako sa'yo, sabi ni Sandra. Ngayo'y ako naman ang tapatin mo. Sino ka?

Akò si Lucas, sagot ng Writer.

Bahagyang ngumiti si Sandra. Alam ko. Saglit nitong pinagmasdan sa lamlam ng kandila si Lucas, saka nagpatuloy. Malungkot ka. Dinamay mo kaming lahat sa lungkot mo.

H'wag kang magagalit, patuloy ni Sandra, pero hindi pa tapos ang sinulat mo. Hindi pa hangga't hindi mo tinatapos ang kuwento n'yo ni Bessie.

Bago nakasagot si Lucas ay dumating na ang asawa ni Sandra, si Ruben, kasama ang anak nilang si Belinda, para sunduin ito. Masayang yumakap at humalik si Belinda kay Sandra. Kontentong pamilya sa panahong itong ayon sa radyo ay mukhang nagpalit ng isip ang bagyong si Elsa at babalik na naman daw ng Maynila.

Kipkip ang manuscript, lumabas ng hotel si Lucas at pinagmasdan ang siyudad. Sa dilim ay may mangilan-ngilang nagmamadaling makauwi. May dalawang batang nalugmok

Para kay B

sa may poste dahil sa rugby. May matandang babaing vendor ng sigarilyo na nakatulog.

Habang sakay ng dyip pauwi ay pinag-iisipan niya ang mga sinabi ni Sandra. Naging unfair nga ba siya kina Jordan at Bessie? Mali ba ang teorya niya ng quota sa pag-ibig? Dinamay nga ba niya ang kanyang mga tauhan sa kanyang lungkot?

Limang taon na ang nakalilipas, ang panghi-panghi at hinang-hinang naglakad siya sa kalsada habang tumutulo ang dugo mula sa kaliwang mata at parang sinasaksak ang buong katawan. Pero mas matindi doon ang lungkot ng realisasyong hindi na siya bahagi ng buhay ni Bessie. Kaya humingi siya ng tulong sa mga salita. Habang nanginginig sa lamig at gutom na nakasiksik sa bangketa, habang hinahampas ng ulan na gusto siyang itaboy, parang dasal na inulit-ulit niya sa utak ang mga salitang piniperform ni Bessie sa pad nito noon—proposition, salvation, buhok na parang bombilya, a battalion of memories, babaing umibig sa kapwa babae, conjure.

Inaapoy ka ng lagnat nang matagpuan kita, sabi ni Manang Belen kay Lucas nang magkamalay siya sa loob ng maliit na bahay sa may riles ng tren, ang bahu-baho mo!

H'wag kang mag-alala, patuloy ni Manang Belen, hilot ako. Inutusan nito ang katulong na si Inday na magpakulo ng tubig. Nilinis ang mga sugat ni Lucas at tinapalan ng dahon. Nilagyan ng bandage ang kanyang kaliwang mata. Pinainom

siya ng mainit na sabaw na bumubulwak-bulwak dahil sa nagdaraang tren. Sino ba 'yang Bessie na 'yan? tanong ni Manang Belen. Di maganda ang ginawa niya sa'yo! Kalimutan mo na siya!

Paano? naisip niya. Ngayon lang, habang nakahiga, pagbaling ng kanang mata niyang walang bandage, nakikita niya si Bessie na lumuluha sa beach. Paano niya makakalimutan ang pinagsamang lasa ng ulan, luha at buhangin?

Ano ba kasing napakaespesyal sa babaing 'yan? tanong ni Manang Belen. Ginto ba ang puke niya?

Madaldal si Manang Belen. Ito ang anak ko, kuha ito noong 12 years old pa lang siya, pero nasa Australia na siya ngayon, me asawa at dalawang anak. Itong kuwarto mo ang dati niyang kuwarto. Siya ang sumusustento sa'kin. Di ko naman talaga kelangang manghilot. Libangan lang. Kaya lang ayaw akong tigilan ng mga me sakit! Manang Belen, ang balakang ko! Manang Belen, ang leeg ko! Akala mo mamamatay na! Ipanood n'yo lang ng TV, mawawala na 'yan! Karamihan kasi ng sakit ng tao, inimbento lang niya. Me ref d'yan, bahala ka na pag nagutom ka. Mahilig kasi akong lumabas mamasyal. Ano namang gagawin ko dito sa bahay, buruhin ang sarili? Mamaya ituturo ko sa'yo ang banyo. Naku, kelangan lang maaga pa mag-igib na ng tubig! Kaya nga sabi ko d'on sa ibang nagpapahilot, hoy, tubig na lang ang ibayad n'yo sa'kin! Ito naman, kita mo 'tong maliit na globe na 'to? Padala 'to ng anak ko mula Australia. Para

daw pag nalulungkot ako, paikutin ko lang nang paikutin at saka ko hanapin ang Australia. Wirdo 'yang anak kong 'yan! Kagaya ko!

Kapag pinaikot ko nang pinaikot ang globe na 'yan, naisip ni Lucas, at saka biglang ituturo ko ang daliri ko, isang lugar lang ang makikita ko, ang pad ni Bessie.

Uma-umaga ay pumipila ang mga pasyenteng nagpapagamot kay Manang Belen. Ginawa niyang katu-katulong si Lucas kaya si Inday, anak ng kapitbahay, pumupunta na lang sa araw para maglinis at maglaba. Pupunasan ni Manang Belen ng langis ang pasyente, hihilutin, tatapalan ng dahon, at saka sasabihan, o ayan, umuwi ka na at manood ng TV! May makulit na pasyente, si Mang Igme. Sandali, sandali, sasabihin nito, Manang Belen, para saan 'yan? Mang Igme, lagi ko 'tong ginagawa san'yo, pero lagi n'yo pa ring tinatanong! Magpapaubaya nang magpahilot si Mang Igme, pero pagkatapos ay bigla na namang sasabihin, dito masakit, h'wag d'yan! Kanina, sabi mo dito! isasagot naman ni Manang Belen. Lumilipat-lipat ang sakit e! isasagot ni Mang Igme. Ikaw ang hilot, dapat alam mo!

Hay, sabi ni Manang Belen nang makaalis na si Mang Igme, sana mamatay na lang ang matandang iyon! Masagasaan ng tren! Saka tatawa si Manang Belen, kita ang dalawang ngiping kulang.

Iyon ang hindi maintindihan ni Lucas kay Manang Belen. Minsan ay napakabait at minsa'y napakataray. Minsan

kuripot at pati kahulihulihang sentimo sinisingil sa pasyente, at minsan naman ay biglang sasabihin, sige, h'wag mo nang bayaran, pasa-load mo na lang ako mamaya kung magkanong kaya mo. Tutal me anak naman akong sumusustento sa'kin. Kinupkop nito si Lucas, binigyan pa ng lumang cellphone, pero ang mga ligaw na pusang walang makain ay itinataboy. Siyam ang buhay ng mga pusa ano! katwiran nito. Kaya nilang mabuhay maski di natin tulungan!

Me mga ugali din itong hindi kanais-nais. Umiiskwat para umihi maski saan, kaya ang panghi-panghi ng bahay. Sa bisig ay laging me marka ng banig na pinaghigaan. Gusto kasing sa sahig natutulog dahil mainit daw. Ayaw ding magbra maski ang laki-laki ng mga suso. Minsan, naiisip ni Lucas, gaano kaya iyon kabigat?

Rodelio ang pangalan ng asawa ni Manang Belen pero Cruz ang tawag ng lahat dito. Karpintero. Fifteen years ago ay pinatay ito ni Manang Belen. Gumamit si Manang Belen ng isang luma nang martilyo at pinukpok nang pinukpok sa ulo si Cruz hanggang kumalat ang utak nito sa sahig at patay itong humandusay. Dinukot ni Manang Belen ang mga mata nito. Nang di makaya ng mga kamay ay gumamit ng kutsara. At saka inihalo sa dinuguan, na siyang nakahain sa mesang nakita ng anak na dose anyos nang ito'y umuwi mulang eskuwelahan. Tatlong taon siya sa ospital bago nakulong ng sampu pang taon sa Correctional. Hanggang ngayon ay hindi maipaliwanag ni Manang Belen kung ba't niya nagawa

iyon. Walang bisyo si Cruz at hindi nambabababae. At mahal na mahal siya. Pero kapag tinatanong siya kung nagsisisi ba siya sa nagawa niya, ang laging sagot niya ay No regrets!

Natutunan niya ang mga salitang iyon sa TV, kung saan lagi siyang nakatutok sa mga teleserye. No regrets maski na ang kaisa-isa niyang anak ay lumaking hindi siya kailanman pinatawad at sa Australia na tumira nang magkaroon ng unang pagkakataong makalayo. No regrets dahil nakakapag-text naman siya sa mga reality show at pumipila sa mga game show. Sa TV, ayon sa kanya, lahat ng nangyayari ay me dahilan. Pag me nakita kang baril, alam mong puputok. Pag me umiyak, alam mong me nang-aapi. Ang nawawalang ina nahahanap, ang sugat naghihilom. Lahat ng bagay nagwawakas. Hindi gaya sa tunay na buhay, nakakabuwang!

Tuwing Biyernes ay dinadalaw ni Manang Belen ang puntod ni Cruz. Bakit Biyernes? tanong ni Lucas. Biyernes daw kasi nang ikasal sila. Paano kayo nagkagustuhan? pangungulit ni Lucas. Aba, sabi ni Manang Belen, hinipuan ako sa kaliwang suso! Sabi ko, hoy, Cruz, bastos ka, magtatampo 'yung kanan! Ayun, pagkatapos ng tatlong linggong hipuan ikinasal kami!

Nagtirik ng kandila si Manang Belen at nagdasal. Hinaplos nang buong pagmamahal ang ibabaw ng nitso. Sorry Cruz, ha, sabi niya, wala ka tuloy makita sa langit!

Minsan, isang hatinggabi, nagising si Lucas dahil binabangungot si Manang Belen. Sigaw nang sigaw—tama na,

anak, tama na! Ginising niya ito. Pinagpapawisan itong nagpunas ng mukha, saka kinuwento ang napanaginipan. 'Yung anak ko, dose anyos daw uli, ikot nang ikot, ayaw tumigil sa pag-ikot. Sabi ko, anak, tama na, mahihilo ka! Ayaw pa ring tumigil! Umiiyak na ako'y ayaw pa ring tumigil! Tapos nagising na ako! 'Yang mga panaginip namang 'yan, walang kuwenta, di mo maintindihan! Paano naging bata pa uli ang anak ko e hayu't me asawa na nga't mga anak?

Ba't ho di n'yo dalawin ang anak n'yo sa Australia? tanong ni Lucas.

Ayoko doon, sagot ni Manang Belen, wala ka namang makikita kundi mga kangaroo.

E ba't ho hindi umuuwi ang anak n'yo at pamilya niya?

Ayaw ng anak ko sa Pilipinas. Hindi daw safe maglakad sa kalsada. Magtaksi ka naman mahu-hold up ka! Saka di kami magkaintindihan, me punto ang Ingles niya.

Hayaan n'yo ho, sabi ni Lucas sabay yakap kay Manang Belen, ako na lang muna ang anak n'yo!

Sus, sabi ni Manang Belen na natutuwa pero kunwari'y tumututol at tinanggal pa ang pagkakayakap niya dito, anak, anak! Sige na, matulog na tayo't bukas me papakilala ako sa'yo!

Akala niya'y babae na naman na irereto sa kanya ni Manang Belen. Hindi pala. Sa likuran ng simbahan ay nirirehearse ni Charlie, 43, ang isang grupo ng mga kabataan para sa gagawing cultural skit sa rally sa darating na Linggo.

Para kay B

Ang isa'y gumaganap na corrupt politician, at ang isa nama'y Inang Pilipinas, yakap-yakap ang mga anak habang pinala-layas sa tirahan. Hirap na hirap si Charlie mapaarte si Inang Pilipinas. Hindi kasi nito maiwasang tuwing nagdi-deliver ng lines ay tumaas ang isang kamay at mapatingala sa langit.

Lumalabas na peke, sabi ni Charlie kay Inang Pilipinas. Hayaan mo lang sa side mo ang kamay mo.

Ang dali-dali ba't di niya magawa? puna ni Manang Belen, putulin na lang kaya 'yung kamay? Na agad sinaway ni Lucas. Totoo naman e, sabi ni Manang Belen. Kung sa TV 'yan tinanggal na 'yan ng direktor!

Muling nag-perform si Inang Pilipinas, nanginginig tuloy ang kamay na pilit di pinagagalaw. Naalala ni Lucas si Bessie. Kung si Bessie iyon…

Kapag tulog na si Manang Belen at wala na ang mga pasyente, nagpupuyat si Lucas sa pagsusulat. Maiikling kuwento ng pag-ibig para kay Bessie. Ito ang dala-dala niya isang umaga upang ipabasa kay Charlie. Pero nang hingin na ito ni Charlie ay nahihiyang ayaw nang ipabasa ni Lucas. Natawa si Charlie. Inalok siya ng beer.

Nasa Canada ang asawa ko at dalawang anak, sabi ni Charlie nang pansinin niya ang retrato ng pamilya nito sa dingding. Immigrants kasi doon ang parents ng asawa ko. Pero uuwi din ang mga 'yun dito. Saka nagtangka uli si Charlie na kunin ang dala niyang mga sinulat. Muli, tumanggi si Lucas.

Naglabas ng laptop si Charlie. I-type mo ang pangalan ng isang taong galit ka, sabi nito. Nagtaka si Lucas. Basta gawin mo, sabi ni Charlie. Akala ko ba gusto mong tulungan kitang magsulat?

Nagdaan sa utak ni Lucas ang mga pangalan nina Brigs, ng Tiyahin niya, ni Bessie. Saka tinype niya—Brigs. Ngayon, sabi ni Charlie, mula sa punto de bista ni Brigs, idescribe mo ang sarili mo. Ang itsura mo. Ang nararamdaman mo. Ang mga pangarap mo.

Nagsimulang mag-type si Lucas, dahan-dahan sa simula, saka pabilis nang pabilis.

Nakalimutan na niyang andoon si Charlie. Dinescribe niya mula sa punto de bista ni Brigs kung paanong siya, si Lucas, ay tatanga-tanga, alipin ni Bessie, ampon, pangit at walang magkagustong babae, nag-iilusyong maging writer, karapat-dapat ihian.

Nang matapos siya ay hindi na niya alam kung gusto pa niyang mabuhay. Inalok siya ni Charlie ng beer at lumagok siya. Saka ibinigay niya dito ang mga nasulat niyang kuwentong kanina'y ayaw ipabasa. Amoy na amoy niya ang alak sa hininga ni Charlie habang nagbabasa ito.

Masyado kang tense, sabi nito. Ha? tanong niya. Masyado kang tense magsulat. Dapat relax lang.

Sa loob ng sumunod na mga taon ay nagsulat nang nagsulat ng love stories si Lucas sa pinahiram na laptop ni Charlie. Kung gaano siya karaming magsulat ay ganoon

din karami ang mga binubura niya. Kaulayaw niya ang mga delete. Nagpupuyat siya sa kababasa ng mga librong hiniram sa library, hinahanap ang kaluluwa ng bawat kuwento, pilit dinidiskubre kung bakit buo ang mga iyon at ang mga sinusulat niya ay hindi.

Pinagtiyagaang basahin ni Charlie ang lahat. Bawat pangungusap, bawat paragraph kinu-cross out nito ng ballpen saka nilalagyan ng mga puna sa margin. Mas matino ang mga obserbasyon nito kapag lasing.

Isang gabing nag-iinuman uli sila sa tindahan sa may riles ng tren ay inamin ni Charlie na ikinahihiya nito sa mga kasamahan ang bisyo pero wala itong magawa. Ayaw umandar ng dugo ko pag hindi nasasayaran ng beer! Kaya lagi itong napupuna at nadidisiplina ng mga kasamahan pero inuunawa din naman ito. Tumawa ito nang malakas. Binalingan si Lucas. Ipikit mo ang mga mata mo! Ha? sabi ni Lucas. I-imagine mo, sabi ni Charlie, lahat sa paligid base lang sa naririnig mo.

Narinig ni Lucas ang ingay ng paparating na tren at naimagine niya ang mga sakay, nakalungayngay ang mga ulo sa may bintana, may desperasyon ng kahirapan sa mga mukha, bitbit ang supot ng pan de sal para pagsaluhan ng mga anak. Di nagtagal ay na-imagine na niya pati ang iniisip ng mga pasahero—ang anak na dumadaing ng sakit ng tiyan pero saan kukunin ang pambili ng gamot, ang inang OFW na naglalakad sa lamig ng yelo, ang kapatid na dinukot ng mga

sundalo sa dilim ng gabi, ang graffiti sa pader na nagsasabing ang bansa natin hanggang ngayon ay kontrolado pa rin ng mga dayuhan.

Tumigil si Lucas. Ang gusto kong isulat ay love stories! sabi niya. Dahil 'yun ang magugustuhan ni Bessie? tanong ni Charlie. Tumango si Lucas. Ok lang naman 'yun, sabi ni Charlie. So long as aware ka na in the end, love is inevitably connected with ideology. What we do, even falling in love, is a political act.

Ngumiti lang si Lucas—pipi, bulag at pilay nang dahil sa pag-ibig.

Kuwentista talaga 'yang si Charlie, sabi ni Manang Belen nang mabanggit niya si Charlie dito. Ang totoo niyan, iniwan na 'yan ng asawa't mga anak, di na babalikan! Kaya 'yan laging naglalasing! Ayaw kasi ng asawa niya sa mga akti-aktibista! Gusto n'on maginhawang buhay sa Canada!

Sabagay, patuloy ni Manang Belen, mapa-presidente man ng Pilipinas o mapa-writer, kanya-kanya tayong ilusyon!

Hinanap niya sa library ang mga nasulat na short stories ni Charlie pero maski doon ay walang kopya. Matagal na 'kong tumigil magsulat, paliwanag ni Charlie, nauubos ang panahon ko dito sa work ko sa mga kabataan. Ok lang, patuloy nito, mas mahusay naman akong teacher kesa writer!

Isang taon pa ang lumipas bago uli nakita ni Lucas si Bessie. Proofreader na siya noon sa isang diyaryo at papasok

na sana sa trabaho. Nagmamartsa si Bessie sa gay pride parade sa Malate kasama ni AJ, na naka-suot Cleopatrang may bit-bit na plastic na ahas. Ang mga bakla, tomboy, transgender at transsexual na nagsasayawan sa kalsada ay naka-costume bilang sina Dyesebel (naglalakad), Tina Turner (napasobra sa kapal ang mga labi), Darna (bungi), Melanie Marquez, Katrina Halili, Diyosa. Si Bessie lang ang walang papel na ginagampanan, naka-simpleng T-shirt at shorts. Pero mas gumanda ito at sumeksi.

Napatanga si Lucas, hindi na pansin ang napakaraming taong nagsasalimbayan sa harapan niya. Nakatingin lang siya kay Bessie. Lalapitan ba niya ito? Pero hanggang sa makalayo ito'y di siya gumagalaw.

Noon muling naramdaman ni Lucas ang hapdi ng umibig nang walang kapalit. Puwede sana niyang piliing talikuran na lang ang sakit na ito at magtago sa kanyang mga sinusulat na kuwento, kung saan lahat ay puwede niyang gawing laging masaya. But he has too much integrity for that. Sa halip, pinili niya ang makabilang sa binansagan niyang community of broken-hearted warriors, na nagtatawagan ng Bro, meaning broken-hearted, o kaya ay Capital S, meaning Sawi, namamasyal sa mga mall keeping a brave smile, nag-tuturo sa mga eskuwelahan, nagtatrabaho sa mga call cen-ter dala-dala ang kanilang mga pusong nangangailangan ng repair. Hindi sila madaling makilala pero me mga sign. Kalungkutang nagtatago sa gilid ng mga mata, minsan ay

natatakpan ng muta, o ng natuyong luha. Hesitance sa mga hakbang, parang nagpapandanggo, pero actually, di alam kung lalakad pa uli at magpapatuloy mabuhay, o basta tatayo na lang. Ang pinakamadalas na sign ay ang tawa—sumobra sa taginting, humaba sa dapat, pero may nakatagong iyak na humihingi ng tulong. Dumarami ang signs kapag Tuesday, ang araw ng mga sawi. Bakit Tuesday? Isang araw ay mag-iimbento si Lucas ng kuwento.

Pero sa ngayon, lahat muna ng kuwento ay para kay Bessie. Every word. Pag natapos na niya ang lima niyang kuwento ay mawawala rin ang sakit, at saka siya magpapatuloy mabuhay.

Si Charlie ang nagsabi sa kanya. May balita ang ilang kasamahan sa diyaryo na iyong dalawang journalist na natagpuang patay—na ang suspects ay mga tauhan ni Colonel Moncayao—ang nagsuplong sa kanila ay si Bessie. Ginagamit siya ng colonel.

Napakadaling magawa ni Bessie iyon dahil labas-pasok siya sa iba't ibang grupo at nakikipagrelasyon kung kani-kaninong lalaki.

Ikinuwento din ni Charlie ang ilan pa sa mga nagawa ni Colonel Moncayao—nagpasunog sa isang squatters area na matagal nang nagkakapit-bisig laban sa eviction, nagpadukot noon sa isang karibal sa eleksyon, nag-iimplement ng umano'y medical missions at educational fora pero actually ay nagmamanman at naninira sa mga pinaghihinalaang oposisyon. Walang kaluluwa ang colonel na 'yan! sabi ni Charlie.

'Yung Colonel siguro pero hindi si Bessie, naisip ni Lucas. Nagkakataon lang siguro dahil malapit ito kay Brigs. Hindi na uli inungkat ni Charlie ang tungkol kay Bessie.

Nang dumating ang birthday niya ay binigyan siya ng editor nila ng coupon—tatlong araw na complimentary stay sa Travelers Inn. Doon niya ipinagpatuloy ang kuwento nina Irene, Erica at Ester. Isinama rin niya ang totoong kuwento ni Sandra, at ang totoong kuwento nila ni Bessie. He decided to be honest sa mga nangyari, knowing Bessie won't mind. Matutuwa pa nga si Bessie na ito'y ginawa niyang isang tauhan. Pag nagustuhan ni Bessie ang mga kuwento'y saka niya papalitan ang mga pangalan nila bago i-publish.

Binuo niya ang teorya niya tungkol sa quota ng pag-ibig upang mapagkabit-kabit ang limang kuwento. Kuwento ng limang broken-hearted na babaing bawat isa ay magugustuhang i-perform ni Bessie. Ang inilagay niyang title: PARA KAY B.

Noong malapit na siyang matapos ng first draft ay pinagmasdan niya ito. Saka binalikan niya mula sa simula at lahat ng pangalan ng mga tauhang babae, pangunahin man o ekstra lang, ay pinalitan niya at sinimulan lahat sa mga letra ng pangalan ni Bessie.

Bumalik siya sa bahay sa may riles ng tren at isang taon pang paulit-ulit na nirevise ang lahat. Humihinga siya, kumakain siya, tumatae siya—minsan ay iniisip na ang kanyang mga kuwento ang pinakamaganda sa buong mundo,

at minsan naman ay pinakapangit. Kapag walang masulat, tatayo siya sa harapan ng paparating na tren, iniisip na buti pa ang tren na ito, walang isip pero me pupuntahan, ako, saan nga ba ako papunta? Sa librong *1001 Arabian Nights*, gabi-gabi ay nag-iimbento ng kuwento para sa Hari ang prinsesang si Scheherazade upang huwag itong mapugutan ng ulo. Ang pakiramdam niya'y ganoon din siya. Gumawa siya ng limang kuwento para kay Bessie at ngayong natapos na niya ito'y parang nalalapit na rin ang araw niya ng pagbitay.

Gumawa siya ng kopya at dinala kay Charlie. Wala ito sa bahay. Matagal na itong tumigil sa pagiging lasenggo at mas buhos na ang panahon ngayon sa advocacy work. Sa dingding nito'y may bagong retrato—malalaki na ang dalawang anak nitong kasama ng asawang naka-pose sa tapat ng isang mall sa Canada.

Maganda pero bitin, sabi ni Charlie sa kanya kinaumagahan habang pinagsisilbihan siya ng kape at naghahanda ito para pumunta sa isang rally for truth. Walang closure. May hindi ka pa kasi nari-resolve. Sa sarili mo, hindi d'on sa mga kuwento.

Ba't siya maniniwala kay Charlie? Siya me natapos na sinusulat, ito wala. Dinala niya ang manuscript sa Travelers Inn kay Sandra at sa tanglaw ng kandila, habang kaaalis lang ng bagyong si Elsa, gan'on din halos ang sinabi nito. Maganda. Pero parang hindi fair. Dinadamay mo lang kami sa lungkot mo.

Para kay B

Gulung-gulo ang isipan niya nang makauwi ng bahay. Mag-aalas otso na. Nakabihis at paalis na si Manang Belen. Hindi na naman nag-bra at nakalawlaw ang malalaking suso. Mapanghi na naman ang banyo. Buti inabutan mo'ko, sabi nito. Kumain ka na ba? Me dinuguan sa ref. Dalawang araw ako sa Maynila. Me reunion kami ng dalawa kong dating kasamahan sa Correctional. 'Yung sinabi ko sa'yo noon na pinatay 'yung kabit ng asawa niya, at saka 'yung isang pumatay naman d'on sa officemate niya!

Magri-reunion ang mga murderess? naisip ni Lucas. Tapos, patuloy ni Manang Belen, pipila kami sa Wowowee bukas. Me special presentation dahil birthday ni Piolo Pascual. Baka makapagpa-picture pa kami!

Saka tumayo lang si Manang Belen, nakangiting nakatingin kay Lucas. Nahulaan ni Lucas na me sekreto pa itong ibinibitin ang pagsasabi. Ano ho 'yun? tanong ni Lucas.

Hulaan mo, sabi ni Manang Belen. Walang maisip si Lucas.

Nakangiting inilabas ni Manang Belen ang itinatagong plane tiket. Padala ng anak ko, sabi nito. Bisitahin ko daw sila sa Australia!

Pinipilit ni Manang Belen ipakita na wala lang sa kanya ang balita. Pero na-excite si Lucas. Siyanga ho? Ang saya-saya ko para sa inyo, Manang Belen! H'wag kayong iiyak!

Anong iiyak? Muta itong nakikita mo. 'Yung anak ko sa Australia, maski bente singko anyos na 'yun, 'yun, baka 'yun

pa ang umiyak pag nakita ako! Ewan ko ba, mapipilitan ako nitong iwan ang mga pasyente ko! Sa susunod na linggo na 'tong tiket e! 'Yang anak kong 'yan, di man lang ako kinunsulta kung kelan ako mas libre!

Saka dahil daldal pa nang daldal habang naglalakad ay nadulas tuloy sa hagdan si Manang Belen at muntik nang mahulog. Puking ina, sabi nito, saka napakapit kay Lucas. Natahimik ito. Saka niyakap si Lucas. Naipit si Lucas sa malulusog nitong dibdib. Makikita ko na ang anak ko, mahinang sabi nito kay Lucas. Saka naramdaman ni Lucas ang init ng luha nito sa kanyang leeg.

Masayang pinagmasdan ni Lucas si Manang Belen habang naglalakad ito paalis. Saka bumalik sa loob si Lucas at nilinis ang banyo para mawala ang panghi. Kumain siya. Naghugas ng mga pinagkainan. Ang totoo'y iniiwasan lang niya ang humarap sa laptop. Pero di rin siya nakatiis at kinuha ang laptop. Dinala sa sala.

Binuksan niya ito habang iniisip, bakit kelangang maging ganito kakumplikado ang pagsusulat? Bakit hindi puwedeng gaya na lang sa tunay na buhay, hindi kailangang lahat ng bagay pinaliliwanag, nakakakilos ang tao maski walang dahilan, wala lang, maglasing ka man o pumatay ng asawa, no regrets, sa ending ay puwedeng bigla na lang magpalit ng isip ang isang anak at ang mundo ng ina ay 360 degrees na babaligtad.

Para kay B

Nagsimula siyang mag-type upang subuking baguhin ang ending ng kanyang mga kuwento. Walang lumalabas. Bumuntunghininga siya at tumigil. Tahimik ang buong lugar, na unusual sa gano'ng oras. Siguro'y naubos na ang paninda ng mga magbabalot. Siguro'y nakatulog na ang mga batang pinalo ng ina.

Noon niya narinig ang boses. Ganito lang ba? tanong ng boses ng babae, matinis na mataas. Kung sino ka man, ganito lang ba? Please make it last. Please make it....

Bigla niyang isinara ang laptop. Luminga siya. Wala namang tao. At sa palibot ay wala pa ring ingay. Bumalik ang tingin niya sa laptop.

Saka niya nakita, sa harapan, nakatingin din sa kanya, si Erica. Nakaputing-puti, may bulaklak sa ulo, nakalugay ang mahabang buhok, dala-dala ang amoy ng hanging-dagat.

Pinagsarhan mo 'ko ng laptop, sabi nito.

Luminga siya sa paligid, ipinikit ang mga mata, saka tumingin uli. Andoon pa rin si Erica. Pinitik ni Erica ang mga daliri nito sa may mata ni Lucas na parang sinasabing hoy, totoo ako!

Bago nakahuma si Lucas ay nakarinig siya ng parang pinagsabay-sabay na ingay at nang tumingin siya ay nakita niyang nagsulputan na rin sina Irene, Sandra, Ester at Bessie. Nakatayo sila lahat sa sala, nakaharap sa kanya. Si Ester ay nakasuot ng paborito nitong dilaw. Si Sandra ay ang uni-

porme sa hotel. Si Irene ay moderno ang suot pero mas daring ang tank top at maiksing-maiksing mini ni Bessie.

Tumayo si Lucas at kumuha ng tubig sa ref. Uminom. Hoping that by doing so ay mawawala ang mga nakikita niya.

Pero pagbalik niya sa tapat ng laptop ay nandoon pa rin ang limang babae. Sinusundan ng tingin ang mga kilos niya. Hinihintay siya. Naupo siya. Tumingin lang sa harapan niya.

Magtitinginan na lang ba tayo dito? tanong ni Irene. 12.5 minutes na kami dito a!

Napatingin sa kanya si Lucas. Saka sa iba pang mga babae. Ano bang gusto n'yo? tanong ni Lucas. Pag-ibig, sa kanto ay sabi ng babae sa lalaking ayaw magmahal. Sukli, sabi ng kumakain ng isaw. Load, sabi ng ale sa dyip, pasahan mo ako ng load.

Huminga nang malalim si Lucas at inulit ang tanong. Ano bang gusto n'yo?

Hindi kami masaya, sagot ni Bessie.

Hindi ka ba nag-workshop? sabi ni Irene. Lahat ng kuwento dapat me closure! Ba't ako walang ending? Lahat na lang kami iniwan, o nang-iwan!

Ako, sabi naman ni Erica, bonggang dramatic nga ang ending, me pa-hangin hangin effect pa, pero ginawa mo namang inutil forever si Jake! Anong great love story d'on? Maski hindi ko makatuluyan si Jake, basta gusto ko happy ending!

Para kay B

Ayokong ma-politicalize! sabi ni Bessie. Rally, rally, how boring! Gusto ko lang maging masaya sa huli. Ba't hindi na lang kami ni Jordan ang magkatuluyan? Tutal nagkita na kami sa bridge!

Masaya ka! sigaw ni Irene kay Bessie. Agawin pa kaya ang akin!

E di ba iniwan mo na? sagot ni Bessie. Sinimangutan lang siya ni Irene.

Ba't sila lahat, sabad ni Erica, nanggaling sa totoong lugar. Ako, Maldiaga! Ha! What's that?

Akala ko ba ending lang ang gusto n'yong ipabago? tanong ni Ester. Ang dami n'yong reklamo, alam n'yo namang hindi tayo mga totoo. Gawa lang tayo sa mga letra!

Oo nga, sabi ni Sandra.

Tse! sagot ni Erica, sabay baling kay Lucas. H'wag kang makinig sa kanila!

Nainis kay Erica na binuhat ni Ester ang isang silya, dinala sa may bintana at naupo doon. Doon sa kita niya ang bubong ng kabilang bahay. Humuhuni siya ng isang lumang awitin.

Saka huminto saglit si Ester at tumingin kay Lucas. Ito ang madalas kong kantahin sa mga anak ko pag pinatutulog ko sila, sabi ni Ester. Pero di mo ginamit sa kuwento. Pero ok lang.

Bago nakasagot si Lucas ay nagsisisigaw na si Erica. H'wag mong hawakan 'yan! Sinasaway ni Erica si Irene.

Hawak ni Irene ang maliit na globe, kinuha sa kuwarto ni Lucas. Bigyan n'yo ako ng ten minutes, sabi ni Irene, mamememorya ko lahat ng bansa dito.

Bitiwan mo sabi! sigaw ni Erica.

Wirdo, sabi ni Irene kay Erica, sabay lapag ng globe sa mesa.

Ako, sabi ni Sandra, ayoko nang ipa-revise ang ending ko.

Ako rin, sabi ni Ester sabay tayo sa pagkakaupo sa may bintana, kontento na 'ko sa ending ko. Nagpunta siya sa aparador at nagsimulang ayusin lahat ng mga damit doon, tinutupi ang mga T-shirt at pantalon, sinasalansan ang mga panyo at briefs.

E di h'wag kayong magpa-revise, sabi ni Erica sabay linga, ba't hindi flat ang screen ng TV dito? Wala ba ditong camera? Excited—Baka kinukunan tayo, parang sa reality show!

Tigilan mo nga 'yan! sabi ni Irene kay Ester, na patuloy na nagtutupi ng mga damit. Ano ka, OC?

Inilabas ni Ester ang dila kay Irene na parang sinasabing belat!

Ganito ang nagdaraan sa isip ni Lucas sa mga oras na ito—kapag nawala pala sa confines ng narrative ang mga tauhan ay nagiging mas totoo at lumalabas ang tunay na ugali, mas complex at hindi na simpleng kagaya ng kinakailangan para madaling masakyan ng mambabasa. Si Ester, ang pinakamatanda sa kanila, ay may pagka-childish pala. At gaya ng makikita mamaya, madumi ang bibig. Si Erica ay spoiled

Para kay B

brat, demanding at KSP. Si Bessie ay confused pa rin, nagbalik sa dating ugali bago siya na-politicalize. Si Sandra lang, ang pinaka-sensible, ang halos di nagbago.

Ba't ba ayaw mong pa-revise ang ending mo? tanong ni Erica kay Ester. Dumampot si Erica ng potato chips at nagsimulang ngumuya.

Wala ka nang pakialam doon, sagot ni Ester.

Atrebida! sabi ni Erica. Saka humarap kay Lucas. Ayoko ng pangalang Erica, parang sinasabing umire ka.

Nagtawanan ang lahat sa pangunguna ni Bessie. Ang tawa ni Ester ay pigil.

Pinandilatan sila ni Erica.

Wala bang tubig dito? sabi ni Sandra sabay punta sa ref. Nauhaw ako sa inyo!

Hawak na ni Sandra ang isang basong tubig. Alam n'yo ba, sabi ni Irene, na ang tubig daw na iniinom ng tao ay me 1.3 mg na bacteria sa bawat tonelada? Ibig sabihin, kung ang Pilipinas ay may populasyon ng 70 milyon, at bawat Pilipino ay kumukunsumo ng isang litrong tubig bawat oras, sa isang araw ay kumukunsumo tayo ng 132 milyong mg ng bacteria.

Napatanga ang lahat kay Irene.

Hindi na ako nauuhaw, sabi ni Sandra sabay lapag ng baso.

Sige nga, hamon ni Bessie kay Irene pero ang pinariringgan ay si Ester, kung talagang magaling ka, every

hour every night sa buong mundo, ilang lesbian ang nagpopompyangan?

Hindi kita papatulan, sabi ni Ester kay Bessie, dahil 'yang pekpek mo pakawala! Isa siyang pekpek na me pakpak!

Napamaang si Lucas. Ang Ester na sinulat niya ay disente magsalita, pigil ang mga kilos. Isa kang, patuloy ni Ester kay Bessie, 100% certified pokpok! Sa tatlong salitang iyan lang masa-summarize ang buong existence mo—pekpek, pakpak, pokpok!

Tuwang-tuwang nagtatatalon si Erica. Ayan, naglalabasan na ng baho! Ay, exciting, para tayong nasa Pinoy Big Brother! Basta ako, Lucas, gusto ko ako ang manalo ha?

Isa ka pa, sabi ni Ester, pa-demure demure ka pang parang si Snow White pero ang utak mo kasingliit lang ng utong mo!

Napanganga si Erica sa narinig, hawak pa ang potato chips. Pero mabilis ding naka-recover. Ibinaba ang potato chips at inayos ang bulaklak sa buhok. If I know type mo lang ako, sagot ni Erica. Saka pinungayan ng mga mata si Ester, gaya noong mga natutunan niya sa TV.

Tama naman siya e, sabi ni Sandra. Spoiled brat ka!

Grateful na tiningnan ni Ester si Sandra.

Aba, nagkampihan! Ikaw, sabi ni Erica kay Sandra, imoral! Saka bumaling siya kay Irene, at ikaw naman, irrelevant! Na-in love ka sa isang memory! Hello!

Para kay B

Saglit lang nasaktan sa narinig si Irene. Defiantly tumingin kay Erica, saka kinalabit si Lucas. Me suggestion ako. Patayin mo na lang kaya si Erica? Tutal 'yung kapartner niya parang patay na rin. E di dalawa silang gulay nakaupo d'on sa beach!

Pakangkang! sigaw ni Erica kay Irene.

Burikak! buwelta naman ni Irene kay Erica.

Ikaw din burikak, baling ni Erica kay Bessie.

Buti na 'yun, sagot ni Bessie, kesa frigid na gaya ni Ester.

Ikaw addict, sabi ni Ester kay Bessie.

Si Sandra lang ang hindi sumasali sa murahan. Lumutang sa hangin ang mga salita at di na alam ni Lucas kung kanino nanggagaling at kanino patungkol.

Wirdo!

Nympho!

Tivoli!

Pekpek na nangangagat!

Pachukchak!

Babaing bakla!

Tatlo ang utong!

Virus!

Bampira!

Manyakis!

Saka napatigil sila. Ba't puro kami babae dito na nagsusumbatan? Dahan-dahang bumaling sila kay Lucas, na nakaupo pa rin sa harap ng laptop niya.

Ikaw naman, sabi ni Irene kay Lucas, fake!

Di ka totoong writer! sabi ni Erica.

Teka, teka... sabi ni Lucas.

IRENE: Pumayag kang tawaging Writer ni Sandra pero ano na bang mga nasulat mo?

ERICA: Pina-revise mo lang ang mga sinulat mo d'on sa lasenggong si Charlie!

IRENE: Pati mga linya pina-translate mo sa kanya sa Ingles! Dahil gusto mong ma-impress si Bessie! Ginawa mong Taglish!

ERICA: Pati ang title, bakit para kay B lang? Ang dami namang letra sa alphabet!

IRENE: Kaya mo kami sinulat dahil gusto mong matanggap ka pa rin ni Bessie!

ERICA: Ginawa mo akong di marunong magmahal gaya ni Bessie!

SANDRA: Ginawa mo kaming sawi lahat, dahil sawi ka rin! Ikaw ang totoong Capital S!

IRENE: Ako, pinakalimutan mo kay Jordan dahil gusto mong makalimutan si Bessie. Pero di mo magawa. Kaya sa kuwento mo dinaan! Five stories lahat, 173 pages, 36,646 words!

Para kay B

ERICA: Pinagsasabong mo kami para isa lang ang maging maligaya!

IRENE: Ito kasing si Bessie e, kaya lahat kami nagsa-suffer!

BESSIE: Hindi ako 'yun. Tauhan lang ako. Pero me isa akong gustong sabihin sa'yo, Lucas, noon pa.

Napatingin ang lahat kay Bessie. How dare you, sabi ni Bessie kay Lucas, imply na ni-rape ako ng father ko? What do you know about my loneliness? Hindi lahat ng babaing sexually aggressive naging biktima!

Napamaang si Lucas. Walang nakakibo. Ako, sabi ni Ester para maputol ang awkwardness, nagpapasalamat ako at binigyang-buhay mo ako, ang mga anak ko at si Sara. Si AJ, totoong tao siya, di ba?

Tumango si Lucas. Di ko alam kung sino'ng nanay niya sa tunay na buhay, sabi ni Ester, pero minahal ko na rin siyang parang tunay kong anak!

Na-touch si Lucas at napangiti.

IRENE: *(kay Ester)* H'wag ka nang pumapel d'yan!

BESSIE: Oo nga! Ang dapat mong gawin, fight for your rights as a lesbian!

ESTER: *(habang inaayos ang nagusot niyang manggas)* Hindi ako lesbian!

ERICA: *(kay Ester)* Hoy, babaing-pompyangera-ng-kapwa-babae-pero-hindi-lesbian, alam mo bang ipokrita ka?

SANDRA: *(pinagtatanggol si Ester)* Hindi siya ipokrita! Karapatan niya kung ano'ng gusto niyang itawag sa sarili niya!

Sandali! Sandali! sigaw ni Lucas. Sandali! Napatingin sa kanya ang mga babae.

Aaminin ko, sabi ni Lucas, hindi ko talaga alam kung paano baguhin ang ending n'yo!

IRENE: Kasi nga fake ka!

ERICA: Kasi lalaki ka! Paano mo malalaman ang nararamdaman naming mga babae?

IRENE: Ang lalaki kasi, dala-dalawa ang ulo pero walang utak!

ERICA: Ang ginagamit kasi sa pag-iisip, 'yung ulo sa ibaba!

Nagtawanan ang limang babae. Saka nagkatinginan uli. Ba't hindi na lang tayo ang magsulat ng sarili nating ending? suggestion ni Erica. Oo nga! excited na sagot ni Irene. Nagdududang nagkatinginan sina Sandra at Ester pero excited na hinila na sila ng tatlo pang babae papunta sa sulok. Nagbulungan sila doon kaya walang marinig si Lucas.

Para Lang B

Bumuntunghininga si Lucas at saka humarap uli sa laptop. Frustrated na binuksan ito. Pero kinutuban siya. Dahan-dahang bumaling sa kaliwa. Nakatayo doon ang isang matangkad na babaing ang buhok ay parang bombilya. Hello! nakangiting sabi ni Mrs. Baylon. Saka inilapit ang mukha. Pag nakinig ka sa kanila, walang mangyayari sa sinusulat mo!

Napanganga si Lucas. Napakaingay na bumukas ang banyo at napatingin doon si Lucas. Parang model sa runway na lumabas si AJ, naka-evening gown na pula at may tiara sa ulo. Nag-quarter turn pakaliwa, saka pakanan, saka habang iniilawan ng malanding spotlight ay kumendeng palapit kay Lucas. Di man ako kasingganda ng mga Nanay n'yo, sabi nito, di man ako kasingkinis ng mga Ate n'yo, h'wag kayong paka-sisiguro dahil isa lang naman ako sa mga pinatuwad ng Tatay at Kuya n'yo! Ako si Katrina Halili, ang humahalili sa mga Nanay at girlfriends n'yo, from the pink city of Marikina!

Naglabasan na sina Jordan, Elena, Jake, Sara, ang matandang babae sa Maldiaga, si Mayor Ignacio, si Siony na madrasta ni Irene, si Brigs at si Colonel Moncayao, ang Congressman na boss ni Jordan at ang iba pang mga tauhan ng mga kuwento ni Lucas. Napunong parang circus ang sala.

I love you, paulit-ulit na sabi ng matandang babae sa Maldiaga. I love you! Saka napatigil. Wala ba akong ibang linya kundi I love you?

Wala ba akong linya sa ending kundi Maldiaga? tanong ni Jake.

Ba't ako, sabi ng bodyguard ni Mayor Ignacio, lagi na lang akong minor character?

Lagi kaming masama, sabi ni Mayor Ignacio, basta politician o military, masama! Oo nga, sang-ayon naman ni Colonel Moncayao at ng Congressman.

Kami namang mga ina, reklamo ng ina ni Sandra, laging mabait!

Ako, sabad ni Elena, patay!

Napatingin si Sara sa umpukan nina Ester sa sulok. Buong kasabikang hinanap ng mga mata niya si Ester. Pero focused si Ester sa discussion. Lalapit sana dito si Sara pero lumabas na si Pio, mas malusog pa sa malusog. Possessively hinawakan nito si Sara.

Wala nang nagawa si Sara.

Pumasok ang isang call-boy na naka-bikini, may dala-dalang chocolates and roses. Nalilitong napatingin ito sa lahat. Napatingin din ang lahat sa kanya. Hindi ba ito ang nobelang *Biyak na Pag-asa*? tanong niya. Hindi! mabilis na sagot ni Erica. Sorry nang sorry na umatras at nawala ang call-boy. Hindi na siya nakikita ay naririnig pa rin ang kanyang sorry.

Pagkalipas ng ilang saglit ay natapos sa kanilang ginagawa sina Irene, Sandra, Erica, Ester at Bessie. Binigay ni Erica ang hawak na papel kay Lucas, sabay sulyap nang mabilis kay Jake. Parang gulay na nakatayo lang si Jake. Lumapit dito si Erica at buong pagmamahal na hinawakan ito.

Iniwasan naman ni Irene ang mapatingin kay Jordan, galit pa rin dito dahil di siya nito natandaan noon. Pero napansin niyang malanding lumapit dito si Bessie. Hi! sabi ni Bessie kay Jordan, sabay angkla ng bisig dito. Ang init dito ano? Gusto mong sa labas muna tayo?

Hoy! sigaw ni Irene kay Bessie, d'on ka sa kuwento mo! Saka hinila si Jordan palayo.

Naiwang mag-isang nakatayo si Bessie, parang biglang dinaanan ng ulap sa harapan.

Naawa si Irene. Gusto mo, sabi ni Irene sa kanya, ito na lang si Jake ang sa'yo na? Tutal di naman marunong magmahal itong si Erica!

Anong hindi! sagot ni Erica sabay kapit lalo kay Jake.

Di ko rin siya type ano! sabi ni Bessie kay Erica. Parang na-OD!

Tse! sagot ni Erica.

Nakahanap naman si Ester ng tiyempo na lumapit kay Sara. Buong pagmamahal na napatingin si Sara kay Ester. Pero humarang si Pio. Walang nagawa ang dalawa.

Noon nakita ni Ester si AJ.

AJ?

Mamita?

Anak!

Nagtitiliang nagyakap ang dalawa. Puta ka! sabi ni Ester kay AJ. Mas malaki pa 'yang boobs mo sa'kin!

Hinanap ni Lucas ng tingin si Sandra. Nakatayo itong medyo malayo kina Ruben at Belinda, patingin-tingin sa banyo, kung saan lumabas ang mga tauhan. Sa lahat ng mga tauhan ng nobela ay si Lupe lang ang di lumitaw.

Lumapit si Lucas kay Sandra. Hinihintay mo pa rin si Lupe, naaawang sabi ni Lucas kay Sandra. Saglit na parang natauhan si Sandra. Napahawak sa sariling bisig. Di malaman kung anong isasagot kay Lucas. Saka umiling na parang naluluha. Bumalik kina Ruben at Belinda.

Naaawa pa ring sinundan siya ng tingin ni Lucas. Saka ibinalik ni Lucas ang tingin sa papel na hawak. Napakunot ang noo niya. Hindi naman ito revised ending a! sabi niya.

Hindi kami magkasundo e! sabi ni Bessie.

Hindi naman kami ang writer e, sabi ni Irene. Ikaw.

E ano ito?

Demand letter, sagot ni Erica.

A Demand Letter for Lucas
from His Lead Characters
Written on this day of our Lord,
the 13th of August, 2008.

Kami, ang mga pangunahing tauhan ng nobela ni Lucas, ay naririto ngayon upang ipahayag na kami ay may mga puso at damdamin din. May mga

Para kay B

karapatan din kaming kagaya ng mga tunay na tao. Lucas has been too self-centered in creating us. Nanaig ang lungkot niya kay Bessie. Hinawaan niya kami. He did not allow us to breathe. He imposed on us his theory on love. Isa lang sa lima? Ba't hindi kalahati man lang? At the same time we also feel na hindi lang dapat love story ang maging kuwento namin. People's lives are more complex than that. We feel oppressed and demand our rights. Pero kung hindi kaya ni Lucas na baguhin ang buong kuwento namin, at least baguhin niya man lang ang mga ending namin.

SGD,
Irene, Sandra, Erica, Ester at Bessie

Hindi malaman ni Lucas kung anong iisipin matapos basahin ang demand letter. Napatingin siya kina Erica. Ba't n'yo kelangang gawin 'to?

Ayaw mo? tanong ni Erica, sabay baling sa mga kasamahan. Gusto n'yo, maghanap na lang tayo ng ibang writer?

Teka, teka, sabi ni Lucas, payag na ako! Pero me mga kondisyon din ako!

Ha? tanong ni Irene. Bakit?

Bilang writer e me mga karapatan din ako! sabi ni Lucas.

E kami din naman, sabi ni Pio, maski di kami mga bida, me karapatan din kami! Saka siya dumahak, kaya sabay-sabay na nag-atrasan sina Irene, Sandra, Erica, Ester at Bessie.

H'wag ka nang manggulo dito, saway ni Erica saka bumaling uli kay Lucas. Anong gusto mo?

Ang Mga Demands ni Lucas.

1. Hindi puwedeng basta-basta susulpot ang mga tauhan.
2. Karapatan niyang pagbigyan din ang sariling kuwento.
3. May karapatan siyang ~~baguhin~~ i-edit ang kung anumang sa tingin niya ay hindi nakapagpapaganda sa kuwento.
4. Kanya ang final say.

Parang iisa ang sinabi! sabi ni Irene. Oo nga, sang-ayon ni Erica. Nagpalitan ng tingin ang limang babae. Sige, sabi ni Irene, payag na kami!

Binuksan uli ni Lucas ang laptop. Isaksak mo sa kuryente at baka maubusan ng battery, sabi ni Erica, madelete kami!

Basta ako, sabi ni Ester, tanggap ko na ang ending namin. H'wag mo nang i-revise. Nakatayo na siya ngayon kasama nina Sara at ng nakasimangot na si Pio, napapalibutan ng

Para kay B

kani-kanilang mga anak. Kagaya sa kuwento, magpapatagalan na lang silang tatlo.

Ngumiti si Lucas kay Ester.

Saka bumaling naman kay Sandra. Hinila niya ito sa tabi para huwag marinig nina Ruben at Belinda. Me naisip ako, sabi ni Lucas. Puwede kong gawing sa huli'y hindi pala kayo magkapatid ni Lupe, ampon lang pala siya. Para magkatuluyan kayo.

Napaisip si Sandra, natukso. Pumuslit sa mga mata nito saglit lang ang tuwa. Matutupad na rin ang pag-ibig nila ni Lupe! Pero napatigil siya, may bigla ring naisip. Ibig bang sabihin noon, tanong niya kay Lucas, wala si Belinda? Saka sumulyap ito sa anak.

Magkakaroon kayo ng anak ni Lupe, sabi ni Lucas, pero siyempre iba na. Hindi si Belinda. Maski iyong mga anak ninyo ni Ruben, siyempre wala na rin.

Umiling si Sandra. Ngumiti at sinabing ok na ang story niya. Thank you.

Isa-isang pumasok ang mga tauhan sa kuwarto, nagtutulakan, ang iba'y kumakaway pa kay Lucas ng pamamaalam, ang matandang babae'y panay uli ang sabi ng I love you! Pinakahuling pumasok ang limang pangunahing tauhang babae. Actually ang pinakahuli ay si Erica, hinanap ang camera, kumaway dito at saka taas noong pumasok.

Muling natahimik ang buong kapaligiran. Mag-isa na, ipinatong ni Lucas ang mga kamay sa keyboard. Pero walang

lumalabas sa utak niya. Nakaupo lang siya doon, parang estatwa.

Napabuntunghininga siya. Sumandal sa upuan. Noon niya nakita, nakatayo doong nakatingin lang sa kanya, ang tauhang si Lucas. Naka-T-shirt ito at puruntong shorts. Suot ang cap na me Awesome Me. Hawak ang isang bungkos ng mga envelope na idi-deliver.

Walang imikang nagkatinginan lang sila. Tumunog ang paparating na tren sa labas, sa dilim ng gabi ay may siguradong pinanggalingan at may siguradong pupuntahan. Naisip ni Lucas kung sino ang mas kilala niya, ang sarili niya o ang tauhang si Lucas? Gusto niya itong tanungin—magtatagal ka ba, sasamahan mo na ba ako habang buhay, ituturo mo ba sa akin ang daan sa tuwing ako'y maliligaw, ipakikilala mo na ba ako sa wakas sa sarili ko?

Pero nang humakbang si Lucas para lumapit sa tauhang si Lucas ay umurong ito, at saka nawala.

Saglit na napatingin lang si Lucas sa harapan niya.

Lucas... narinig niya.

Pagbaling niya ay andoon na uli si Bessie. Lumapit ito. Hindi ka makapagsulat? tanong nito. May ibang tenderness sa boses nito, na wala kanina.

Baka hindi talaga ako marunong, sabi ni Lucas.

Marunong ka, sabi ni Bessie.

Natatakot ako, sabi ni Lucas. At ngayon ay ayaw nang umalis ng lungkot. Kagaya ng naramdaman niya noong

Para kay B

kalalayas pa lamang niya sa pad ni Bessie. Kagaya noong nakahiga siya sa mga bangketa at kumakapit lang sa alaala ng mga pagtatanghal ni Bessie. Ang mga araw at gabi, ang mga salita, ang lahat ay para kay Bessie lamang.

H'wag kang matakot, sabi ni Bessie.

Paano kung hindi pa rin niya tanggapin?

H'wag mo munang isipin 'yun, sabi ni Bessie. Basta isulat mo lang.

Napatingin si Lucas kay Bessie. Suddenly he felt a warm tenderness towards this person, sa nilalang na ito na siya ang may likha. Nagpunta si Bessie sa likuran ni Lucas at nagsimulang masahehin siya sa noo. Just do what you feel is right, sabi ni Bessie. Nakaramdam si Lucas ng kaginhawahan at napapikit. Patuloy na minamasahe ni Bessie ang kanyang noo. Saka tumigil si Bessie, humarap kay Lucas at hinagkan siya sa mga labi.

Ilang segundo. Ulan, luha at buhangin. Tumulo ang mga luha sa nakapikit na mga mata ni Lucas.

Kumalas si Bessie. Bumukas ang mga mata ni Lucas, basa pa ng luha. Malungkot na ngumiti sa kanya si Bessie. Saka tumalikod ito at pumasok sa kuwarto.

Humarap si Lucas sa laptop at nagsimulang magsulat.

Ang Revised Ending Na Sinulat ni Lucas.

Nakatayo sa magkabilang dulo ng tulay sina Jordan at Bessie, mga tauhang may sariling damdamin at pag-iisip. Wala nang

quota ang pag-ibig. Hindi na kailangang mag-text para manalo ang isa lang sa kanila. Sila na ang magpapagalaw sa kanilang mga kapalaran.

Nagkatinginan sina Jordan at Bessie. Dumaan ang flicker of recognition sa mukha ni Bessie. Sa ibaba ay papalapit na ang tugtog ng funeral procession ni Fr. Zuñiga.

Excuse me, sabi ni Bessie. Di ba ikaw 'yung ... ? Pinaalala ni Bessie na sa kanilang mga paghahanap sa mga presinto at ospital ay madalas silang magkasabay ni Jordan. Natawa si Jordan. Oo nga, sabi niya.

Bessie, sabi ni Bessie. Ang hinahanap ko ay si Lucas.

Jordan, sabi ni Jordan. Ang hinahanap ko ay si Irene.

Di ko pa rin makita, sabi ni Bessie. Ako rin, sabi ni Jordan. Sa dami ng mga writer sa Pilipinas, sabi ni Bessie, saan ko hahanapin ang mokong na 'yun! Writer siya? tanong ni Jordan. Me kilala akong writer. Kasali sa isang NGO na nag-file ng kaso laban sa dating boss ko. Pinai-evict kasi ng boss ko ang mga squatter sa lupa niya.

Kinabahan si Bessie, nabuhay ang pag-asa.

Pero sorry, sabi ni Jordan, Charlie nga pala ang pangalan niya.

Disappointed na ngumiti lang si Bessie. Nasa tapat na nila ang prusisyon. Excuse me, sabi ni Jordan. Saka bumaba siya ng tulay para habulin ang prusisyon. Naiwan si Bessie, gustong maiyak. Pinagmasdan niya saglit ang prusisyon, saka siya bumalik sa tent.

Nakisabay si Jordan sa prusisyon. Wala na halos siyang kakilala sa mga nagpuprusisyong nakapayong maski wala nang ulan. Maliban sa isang malungkot na nakayukong naglalakad. Si Irene.

Gustong hablutin ni Jordan si Irene, ikulong sa mga bisig niya at saka hingan ng tawad. Nagdaraan na sila ngayon sa ilalim ng arko ng dalawang kerubin. Pero nang lumapit siya kay Irene, pagkakita sa kanya'y galit na umiwas ito ng tingin. Wala silang imikang sabay na naglakad. Pero sorry nang sorry ang aspaltadong kalsadang tinatapakan nila.

Matapos ang libing at nang maglakad nang pauwi si Irene ay sinundan pa rin ito ni Jordan. Nasa lumang tulay na sila ngayon kung saan nangako noon dito si Jordan.

Hindi na nakatiis si Irene. Hinarap si Jordan at parang espadang halos sundutin ito ng payong. How dare you leave fourteen years ago nang walang paalam! How dare you deny knowing me nang magkita tayo d'on sa hotel! Laro mo ba itong ginagawa sa mga babae?

Nagpaliwanag si Jordan, humingi ng tawad habang umiiwas sa payong. Huli na, sabi ni Irene. Natikman ko na 'yang katawan mong noon ko pa pinagnanasaan! Saka tumawang mapakla si Irene. Tatalikod na sana. Hinawakan siya ni Jordan. Mahal kita, sabi ni Jordan.

Mahal kita, iyon ang paulit-ulit na sinasabi ni Jordan kay Irene sa mga sumunod na araw, habang sinusundan niya ito sa bawat sulok at lugar sa buong San Ildefonso, na para bang

sa kaiikot nila ay gumagawa silang dalawa ng mapa ng pag-ibig. Sa mga sapa, burol, simbahan, gubat. Hindi tumitigil si Jordan. Kaya upang mapatigil siya ay hinarap siya ni Irene at sinabi sa kanya, habang nakatingin ang langit at ang mga punong niyog, sige, patatawarin kita, kakausapin kita, kung magagawa mo ang ipagagawa ko. Maski ano, sabi ni Jordan.

Naaalala mo ang 20 words na ni-recite mo sa'kin noong bata pa 'ko? tanong ni Irene. I-recite mo siya sa akin, walang labis walang kulang. Patatawarin kita.

Saka tumalikod si Irene. Napatanga si Jordan. Wala siyang maalala maski isang salita. Sa tagal ng naging ugali niya ng pagbubura ng mga alaala ay hirap siya ngayong makaalala. Pinuntahan niya ang mga dating lugar—ang simbahan, ang sementeryo, ang dati nilang tirahan ng mga magulang niya. Hindi nagtagal ay may naalala siyang ilang salita. Nanay—tama, iyon ang huling salita. At dugo, at five-centavo coin. Pero ano pa ang iba?

Sa loob niya ay natatawa si Irene sa ginagawang pag-papahirap kay Jordan. Pero ang totoo'y nahihirapan din siya. Gusto niyang isiping wala na siyang nararamdaman para dito, na nakalimutan na niya ito, pero mas matinding makaalala ang puso kaysa utak.

Paminsan-minsan ay nakikita niya si Jordan, litung-litong nakaupo lang sa bakuran ng simbahan, nag-iisip, o kaya'y nakatingala sa langit, hinahanap doon ang maiilap na mga salita. Pinipigilan ni Irene ang sarili na lumapit. Magdusa ka,

iniisip niya. Maranasan mo rin ang sakit na naranasan ko. Pero para na ring sa sarili ni Irene pinatungkol ang mga salita.

Isang umagang nakahiga si Irene ay di niya alam kung nananaginip siya o mababaw lang ang kamalayan. Pero parang naririnig niya ang ihip ng hangin sa bintana, at ang kalampag ng pintong isinara ng kanyang matanda nang ama na lalabas atang kasama ng kanyang madrasta. Pagkatapos ay parang may naramdaman na lang si Irene na malamig na bagay sa kanyang kamay. Nagmulat siya ng mga mata. Andoon ang ina niya, nilalagyan ng red cutex ang mga kuko ni Irene. Inay....

Ngumiti si Elena kay Irene. Yumukod ito at hinipan sandali ang mga kuko ni Irene para matuyo ang cutex, saka tumingala uli kay Irene. Ngumiti uli. Nakaramdam si Irene ng malakas na bugso ng pagmamahal sa ina at gusto niya itong yakapin. Tumangu-tango si Elena. Saka tumayo ito at unti-unti, parang isang alaala lang na sandaling nagkahugis, nawala ito.

Naramdaman ni Irene ang mainit na luha sa kanyang mga pisngi. Saka tumayo siya. Sumakay sa kanyang kotse at hinanap si Jordan. Wala ito sa simbahan, sa lumang bahay, sa me tulay. Nakita niya ito sa may arko ng dalawang kerubin. Nakatayo lang doon na parang nawawala.

Napatingin si Jordan nang makita si Irene. Sorry, sabi ni Jordan, di ko maaalala lahat ang 20 words. Lumapit si Irene. Pero mahal kita, sabi ni Jordan. Pako, sabi ni Irene.

Ha? tanong ni Jordan. Isa sa 20, sabi ni Irene, at damit. Nanay, sabi ni Jordan. Dugo, five-centavo coin, aso. Papag, dugtong ni Irene, sako.

Nang magyakap at maghalikan ang dalawa'y tumunog bigla lahat ng relo sa buong San Ildefonso, na para bang ang buong bayan ay biglang nakalaya. Napatingala uli ang mga magsasaka, at mga nagpuputol ng kahoy sa gubat, at nanay sa mga bahay. Maski si Mrs. Ignacio, na nakaupo sa kanyang wheel chair, ay may naramdamang mahinhing ihip ng hangin na humampas sa kanyang harapan. Ihip ng hangin ng pagpapatawad.

San Ildefonso? tanong kay Bessie ng host. Tumango si Bessie. Sa TV ay iniinterbyu siya at ang dalawa pang NGO volunteers na tumulong sa mga nasalanta sa San Ildefonso. Nakamaong pants at T-shirt si Bessie na may nakasulat na Fight Poverty!

In the course of the interview ay mababanggit ng kasamahan ni Bessie na mahusay si Bessie umarte, at minsan sa mga relief operations nila ay nagpi-perform ito para maibsan ang hirap ng mga tao. Sample nga, kantyaw ng host. Sample! Sample!

Nahihiya pa noong una si Bessie pero pinagbigyan din ang host. Pinerform niya ang monologue ng isang babaing umibig nang bawal. Pero nakakatatlong sentences pa lang siya ay napatigil na. Nakatingin lang sa camera na parang

lulunukin siya nito. Saka biglang sinabi niya, Lucas, asan ka ba? Andaya-daya mo, puntahan mo 'ko!

Sa editing room ng TV station ay napapanood ito ni Erica. Mas lalo pang gumanda si Erica ngayon. Nakaupo siya hawak ang isang mug ng coffee. Touched na touched siya sa babaing ito, si Bessie, na tumutulong sa mga kababayan while nursing a broken heart. Hanggang ngayon kapag nakakakita siya ng mga love story sa palibot, kumikirot pa rin ang puso niya in the realization na a long long time ago, natuto siyang umibig. Pero may ibang balak ang kapalaran, at siguro'y iyon ang in the end ay mas mabuti para sa lahat.

Isang hapon noon, isang taon na ang nakalilipas, nakaupo si Jake sa veranda habang may kinukuha lang sandali sa loob si Erica. Biglang humugong ang hangin. Ang wala pa ring maramdamang si Jake ay biglang may narinig na boses, mahina at hindi maintindihan. Napatingin siya sa pinanggagalingan ng boses. Sa dagat.

Naglakad si Jake, parang hinihila ng boses na dala ng hangin. Habang papalapit nang papalapit sa dagat ay unti-unting lumilinaw ang boses. Boses ng isang matandang babae. I love you, sabi nito. I love you. Lumusong si Jake sa dagat. Patuloy pa rin ang boses.

Saka parang may kung anong humigop sa kanya. Nawala siya sa ilalim ng dagat at nang bumulusok uling paahon ay nasa sapa na siya, sa Maldiaga. Ang lugar na noon pa niya hinahanap. Napangiti siya. Kinupkop siya ng mga tagaroong

kapareho niyang walang damdamin at ngayo'y mapayapa na siyang nabubuhay doon, kumakanta ng mga theme song tungkol sa pagtatayo ng building, at walang maalala.

Walang makapagsabi kina Erica at Mrs. Baylon kung nasaan si Jake. Basta nawala na lang ito. Hindi nagtagal, still nursing her broken mother's heart, nagsimulang magduduwal si Mrs. Baylon. Nagkatinginan sina Erica at ang dalawang balong kaibigan ni Mrs. Baylon. Nang malaman nilang buntis si Mrs. Baylon ay gusto pa sanang mag-claim din ng paternity ng dalawang kaibigan, dahil baka mga husband nila ang responsible, pero pinandilatan sila ni Mrs. Baylon. Nakontento na lang silang maging mga ninang.

Sa pagkawala ni Jake, lalo pang tumindi ang sakit na naramdaman ni Erica. Hindi siya makontento maski anong pag-alo ang gawin ni Mrs. Baylon. Ang nagligtas sa kanya ay ang TV. Sa tulong ng kaibigang si Mary ay nagbalik siya sa pagiging TV host. Nang mapaharap siya uli sa camera ay parang magic na natanggal lahat ng sakit.

Nagpapayo siya tungkol sa pag-ibig at nagpatuloy naman sa pagtawa ang mga manonood. Naglagay siya ng bagong portion sa show, kung saan nagku-costume siya ng iba't ibang produktong sponsor ng kanilang show, kaya ang nagbibigay ng payo sa mga manonood ay isang toothpaste, o kaya ay tabletas.

Isa sa mga napatawa niya ang may-ari ng TV network, isang batambata at guwapong executive. Tumawa ito nang

Para kay B

tumawa mula boardroom hanggang executive lounge hanggang sa lobby, kung saan nagkakaipon ang mga pinararangalang loyal employees, at sa may buffet table ay nakatayo si Erica. Nilapitan niya si Erica at pinasalamatan sa gift of laughter nito.

Ang naalala ni Erica habang nakatingin sa executive ay si Jake. Nakikita niya sa mga kilos nito, sa mga pagsasalita nito, sa tawa nito, si Jake. Ganito ba kung ganoon ang pag-ibig? naisip ni Erica. Is it just a matter of memory?

Nang magtapat ng pag-ibig ang executive ay ginawa niya rin dito ang mga ginagawa noon kay Jake—ang pagsasabi ng I love you habang nakakiling ang mukha sa direksyon ng camera. Tawa nang tawa ang executive. Maski nasa mga party sila, o kaya'y nagsa-shopping sa mall, pakiramdam ng executive ay para silang nasa isang reality show.

Ikinasal sila sa simbahang punung-puno ng mga bulaklak hanggang sa kisame. Pinangunahan ang mga abay ng buntis na buntis na si Mrs. Baylon, na dahil sa laki ng tiyan lahat ay humuhulang triplets ang isisilang niya. Tawa nang tawa ang executive dahil sa harap ng pari ay tatlong beses ni Ericang inulit ang I do—tatlo kasi ang camerang nakatutok sa kanila.

Matapos ang kasal, maski napakaganda ng panahon ay biglang kumulog at kumidlat, at nag-brownout sa simbahan. Suot ang kanyang puting-puting wedding gown ay napatakbo sa labas si Erica at napatingala sa langit na pinupunit ng

kidlat. Saglit na pumasok sa mukha ni Erica ang di maintindihang lungkot. Halika na, sabi ng TV executive sa likuran niya. Nakangiting sumama si Erica.

Ipinalabas bilang special feature sa TV ang kasal nina Erica at ng executive, at maraming Pilipino sa lahat ng antas ng kabuhayan mula squatter areas hanggang exclusive subdivisions ang na-inspire na umibig kung hindi pa umiibig, at umibig muli kung ilang beses nang nauntog. Nagpa-sponsor ng isang libreng mass wedding ang TV executive at nagpakasal sa TV studio, isang mainit na hapon, ang dalawang daang pares ng lalaki at babaing puro nakaputi, kaya para bang biglang nagkaroon ng 200 na bersyon ni Erica. Sa mga ikinasal ay may mga matagal nang nagsasama, may ngayon lang nagkakilala pero na-love at first sight daw, may gusto nang maghiwalay pero na-inspire to give it another chance, at may ayaw naman talagang magpakasal pero sayang naman dahil libre. Umaapaw ang pag-ibig sa buong Pilipinas.

Pero hindi iyon naramdaman ni Lucas. Tatlong araw na siyang hindi nanonood ng TV. Nagkukulong kasi siya sa kuwarto, tinatapos ang kanyang mga kuwento.

Sa mga gabing wala siyang masulat, naglalakad siya paikut-ikot sa harap ng pad ni Bessie, pinagmamasdan ang pagbukas ng ilaw doon, at ang pagsara. Nai-imagine niya ang ginagawa ni Bessie, at doon siya humuhugot ng lakas. Pero di pa siya magpapakita. Magpapakita lang siya kapag handa na siya.

Para kay B

Isang araw ay natapos niya ang mga kuwento.

Bigla siyang nawalan ng lakas. Maghapong nahiga, yakap lang ang manuscript. Isang araw ang lumipas bago niya natagpuan ang sariling sakay ng dyip, kipkip ang manuscript.

Bumaba siya sa harap ng pad nina Bessie. Para siyang may sakit na hirap ihakbang ang mga paa. Tiningnan lang ng receptionist sa desk ang envelope at saka inilagay na ito sa pigeonhole. Napatigil si Lucas. Hiningi uli ang envelope. Binura ang pangalan at address niya doon.

Ibinalik ng receptionist sa pigeonhole. Napatigil uli si Lucas. Hiningi uli ang envelope. Bumuntunghininga ang receptionist. Isinulat ni Lucas sa ibaba ng envelope—Awesome Me, mina-mouth pa ang mga salita habang nagsusulat. Pinagmasdan niya ang nasulat. Napasimangot siya. Saka binura din ito.

Ibinalik niya ang envelope sa receptionist. Sigurado ka? tanong nito. Tumango si Lucas. Ibinalik ng receptionist sa pigeonhole ang envelope. Sinundan iyon ng nakakaawang tingin ni Lucas.

Saka siya tumalikod at naglakad na para maghanap ng dyip pauwi. Kung makakalakad pa siya. Kung makakauwi pa siya. Dahil pagsama-samahin man lahat ng NGO's at volunteer groups sa buong Pilipinas ay di makakayang bigyan ng relief ang pinaghalu-halong kaba at takot at panghihinang nararamdaman niya.

Kinaumagahan nang magising si Bessie ay tiningnan niya ang mga sulat at packages sa kanyang mesa. Nakita niya ang makapal na envelope ng manuscript. Nagtaka siya. Ano ito? Matagal na niyang tinigilan ang kanyang Internet rummage sale kaya karamihan sa mga package na natatanggap niya ay humihingi ng donasyon para sa mga nasunugan o nasalanta, o kaya'y mga build-a-house o feed-a-child. Araw-araw sa kanyang bansa ay padami nang padami ang mga nangangailangan ng tulong, na para bang ito ay naging isa na lang napakalaking relief center.

She should feel blessed, she reminded herself. Pero alam niyang hindi totoo. Sa gabi kapag isinasara na niya ang ilaw sa pad, hinihintay niyang makita uli si Lucas, nakaupo sa sofa, nakangiti sa kanya, inuudyukan siyang mag-perform uli.

Malungkot na naupo siya sa may bintana at binuksan ang envelope. May manuscript sa loob. LIMANG KUWENTO NG PAG-IBIG SA GABING MAARAW, sabi ng titulo. Napakunot-noo siya. Sino naman ang magpapadala sa kanya ng love stories sa panahong ito ng sobrang kahirapan at kagipitan sa buhay?

Ibinaba niya ang manuscript. Napakadami pa niyang kailangang gawin. Tatayo na sana siya. Pero napansin niya sa ibaba ng page, maliit lang at handwritten ang pagkakasulat. PARA KAY B. Parang may sumundot sa kanyang alaala.

Kinuha niya uli ang manuscript at nagsimula siyang magbasa. Sa page 4 ay nakita niya ang mga salitang San

Para kay B

Ildefonso. Napakunot ang noo niya. Ang kuwento ay tungkol sa isang Irene, isang batang may photographic memory, na pinangakuan ng kasal ng isang tinedyer. Photographic memory? Kinabahan na si Bessie. Sa page 7 ay may salitang nagpupuyos. Saka sa mga susunod pang pahina—nililok, bantulot, conjure.

Napangiti si Bessie, ngayon ay di na mapakali. Tumayo siya, naupo, lumakad, naupo uli na parang ang buong pagkatao ay gustong mag-perform, maging iba't ibang tauhan pero sa wakas ay maging iisa lang. Tiningnan niya uli ang manuscript at hinaplus-haplos ang mga salita. Pinipigilan niya ang maiyak pero may sariling buhay ang whatever na mga luha, malaya at masaganang tumutulo, pinalalabo ang mga binabasa niyang letra.

WAKAS

ANG TOTOONG NANGYARI.

Katatapos lang basahin nina Irene, Sandra, Erica, Ester at Bessie ang revised ending ni Lucas sa kanyang mga kuwento. Umaga na at sa labas ay buong siglang umaarangkada na ang tren, inaanunsyo ang isang bagong umaga, dala-dala

ang mga pasahero nitong kung saan-saang lupalop makikipagsapalaran. Gusto ko na siya! sabi ni Erica, habang ibinabalik ang manuscript kay Lucas. Naiyak ako sa sarili kong kuwento! Saka bumaling kay Sandra. Sabi ko sa'yo, Sandra e, ayaw mo kasing pabago 'yung sa'yo!

Ngumiti lang si Sandra.

Salamat, Lucas, masiglang sabi ni Irene. Masayang nagsimula si Lucas isulat sa ibabaw ng envelope ang pangalan ni Bessie. Of course, patuloy ni Irene, nakabasa na ako ng mas maganda pa dito.

Napatigil si Lucas sa pagsusulat, biglang pinanghinaan ng loob. Ibigay mo na kay Bessie, sabi ni Sandra sabay hawak sa bisig ni Lucas. Maganda na siya. Oo nga, sabi ni Ester.

Sorry, sabi ni Irene, ang taklesa ko kasi, in fairness actually maganda siya!

Pero tuluyan nang nawalan ng lakas ng loob si Lucas. Paano kung itapon lang uli ito ni Bessie gaya noon? Paano kung sa isang iglap ay mawalan ng silbi ang lahat?

Magugustuhan siya ni Bessie, sabi ni Ester. H'wag kang mag-alala.

Ang suwerte nga ni Bessie e, sabi ni Erica. Imagine, reregaluhan ka ng limang love stories!

989 paragraphs lahat, sabi ni Irene.

Hindi pa rin makagalaw si Lucas. H'wag na lang kaya? I-revise kaya niya uli? Magpalipas muna siya ng panahon?

Para kay B

Sige na, sabi ni Ester habang inaayos ang pagkakalukot ng polo shirt ni Lucas, dalhin mo na ke Bessie.

Pag ni-reject ka ni Bessie, parang ni-reject na rin niya kami! sabi ni Irene.

Maganda siya, Lucas, sabi ni Sandra. Magugustuhan siya ni Bessie.

Hinawakan siya ni Bessie sa bisig. H'wag kang matakot, sabi ni Bessie. Sasamahan kita.

Kipkip ang manuscript sa kanyang kili-kili ay sumakay ng dyip si Lucas kasama ang tauhang si Bessie. Pilit niyang nilalakasan ang loob. Sa palibot ay nagsisimula nang gumalaw sa kanya-kanyang buhay ang mga tao, sa araw na itong ayon sa TV ay isa sa pinakamainit na araw nitong nakalipas na sampung taon. Sa loob ng dyip ay nagti-text ang isang naka-mohawk na teenager sa nililigawang kaklase. Tinatakpan ng isang babae ng panyo ang kanyang namamagang mukha, siguro'y binugbog ng asawa. Nagpapahid ng tuwalya sa leeg ang pawisang driver habang ini-imagine ang darating na gabi kapiling ang kanyang kabit. Nagliliyab ang kalsada.

Iniisip ni Lucas kung gaano kalaki ang kapangyarihan ng isang writer. Sa pamamagitan ng mga salita ay kaya niyang patigilin ang dyip, ilabas ang lihim ng mga pasahero, pabuhusin ang ulan upang linisin ang mga basura sa palibot, ikulong ang mga opisyal na corrupt at tuluyang i-delete sa bansa ang kahirapan.

Napatingin siya sa katabing si Bessie, and suddenly he felt warm all over, knowing na sa mundong ito ay maraming klaseng nilalang, may totoong tao at may tauhan lang, may buhay at may patay, may artistang nagkukunwari lang at may totoo. Pero may kanya-kanyang kuwento. Kagaya ng kuwento nila ni Bessie.

Sandali, sabi ni Lucas. Dali-dali siyang dumukot ng pambayad sa dyip. Bago tayo pumunta kay Bessie....

Naduduwag ka na naman....

Hindi. May gusto lang akong gawing isang bagay. Noon pa.

Noon, matapos interbyuhin si Sandra tungkol sa buhay nito ay nagpatulong siya sa mga kasamahan sa diyaryo at natrace nila kung nasaan si Lupe. Pero in deference sa kagustuhan ni Sandra na huwag nang guluhin pa ang buhay nito'y di niya pinuntahan si Lupe. Ngayon ay alam niyang kailangan niya itong makausap.

Naghintay sa labas si Bessie, hawak ang manuscript ni Lucas. Nasa minimum security sa Muntinlupa si Lupe. Magtatatlong taon na, sa salang assault with robbery. Pero nakatakda nang makalaya sa susunod na taon.

Maskulado ang katawan ni Lupe at ngayong nakita siya ni Lucas for the first time ay kinukumpara ni Lucas sa isipan niya ang Lupe na kanyang nasulat, at ang Lupe na kanyang kaharap. Mas kalkulado ang kilos ni Lupe na kaharap niya ngayon. Hindi gaanong eksaherado ang pagkakalaylay ng kanang kamay. May talim sa mga mata na di

Para kay B

mo alam kung lungkot, o galit. At may punto, na parang Bikolano o Bisaya.

Nagpakilala si Lucas. Ayaw magtiwala ni Lupe pero nang magsimula si Lucas magkuwento ng mga nasabi sa kanya ni Sandra ay napatigil si Lupe. Matagal itong nakatungo lang sa mesa. Akala ni Lucas ay iiyak, o kaya ay bigla siyang susuntukin.

Kumusta siya? tanong nito. Saka tumingin nang deretso kay Lucas. Gumigiti ang pawis sa mukha ni Lupe pero di nito pinupunas.

Nagtatrabaho siya, cashier sa Travelers Inn, sagot ni Lucas. Me asawa na at tatlong anak.

Matagal na hindi kumibo si Lupe. Saka tinanong sa mahinang boses. Sinisisi ba niya ako? Sinira ko ba ang buhay niya?

Hindi, mabilis na sagot ni Lucas. Hindi!

Grateful na napangiti si Lupe.

Ikaw, tanong ni Lucas, kelan ka makakalabas dito?

Sa susunod na taon, sabi ni Lupe.

Me... me asawa ka na ba? tanong ni Lucas.

Umiling si Lupe. Saka tumahimik na uli. Matagal. Sa kapaligiran ay nagkakagulo ang mga presong nagpapaalam sa mga kaanak na dumalaw. Sa TV na nakabukas, ibinabalita na isang pamilya ang namatay sa landslide sa Antipolo. Naiinip na sumulyap kina Lupe ang guwardiya.

Pero ayaw pang tumayo ni Lupe. Tahimik na nakatungo at ayaw pang gumalaw. Na para bang gusto nitong huwag nang matanggal sa kinauupuang bangkito. Hanggang sa halos sila na lang ang natitira sa mess hall. Nagmumura na under his breath ang guwardiya.

Inilabas ni Lucas ang retrato ni Belinda at iniabot kay Lupe. Ninakaw ko lang 'yan.

Kinuha ni Lupe ang retrato at pinagmasdan. Bahagyang nanginginig ang kamay niya.

Tiningnan niya ang nakangiting mukha sa retrato. Kamukha niya.

Akina 'to? tanong niya kay Lucas.

Tumango si Lucas. Saglit na napatigil uli si Lupe. Saka habang hawak ang retrato ay tumayo at tumalikod at pumasok na sa loob. Naiwang parang nawalan ng lakas si Lucas. Pinagpapawisan.

Nang balikan niya si Bessie sa labas ay tahimik silang sumakay ng dyip. Ok ka lang? tanong ni Bessie habang ibinabalik ang manuscript kay Lucas. Tumango si Lucas.

Sa radyo sa dyip ay ibinabalita ng newscaster—si Isidro Marasigan, 'yung lalaking tumalon mula sa 15th floor ng isang building sa Makati dahil brineak ng girlfriend, ay ligtas na, mabuti naman, pero habang buhay nang baldado. Samantala, sa balita naman tungkol sa pataas nang pataas na presyo ng mga isda at gulay....

Para kay B

Nag-ring ang cellphone niya. Si Manang Belen, tumatawag, walang pakundangan sa gastos ng cellphone. Bukas ng gabi na 'ko makakauwi, Lucas, sabi ni Manang Belen. 'Yung isang nakababatang kapatid kasi ni Shirley, nakuha para sa *Tukso, Layuan Mo Ako!* Bagong show sa TV! Sampung mag-asawa ang ikukulong sa island tapos magpapasok ng mga seksi at guwapong lalaki para tuksuhin silang magtaksil. Ayaw nga sana pumayag ni Shirley pero sabi ko payagan na, tutal darating din naman ang gan'ong pagsubok d'on sa mag-asawa, e di ngayon na! Me bayad pa! Bumili na rin nga pala ako ng mga tuyo at daing para ipasalubong sa anak ko sa Australia. Paborito n'on mga tuyo, di ko naman alam kung bakit. Babay!

Parang biglang nanghina si Lucas nang makarating sila sa pad ni Bessie. Ok lang, sabi ng tauhang si Bessie, sabay hawak sa kanya. Huminga nang malalim si Lucas, nagpunas ng pawis at nag-doorbell.

Hindi na daw doon nakatira si Bessie, sabi ng katiwala. Pero alam ko po kung nasaan siya ngayon. Nasa basketball court po sa munisipyo. D'yan lang sa kabilang kanto.

Sa basketball court sa munisipyo a crowd has gathered. Nakilala agad ni Lucas ang nakaupo sa entablado. Si Brigs, katabi ang ama nitong Colonel. Pagkalipas ng limang taon ay mas tumapang ang mukha nito, gumaspang. May nakabukas na electric fan na tumatama sa kanila. Humigpit ang hawak ni Lucas sa dalang manuscript.

Ina-announce ng emcee ang launching ng party list ni Colonel Moncayao para sa darating na eleksyon, kung saan kakandidato ang Colonel at ang anak na si Brigs. Edukasyon para sa mahihirap! ang kanilang slogan. Nagpapalakpakan ang mga tao. Abot-tenga ang ngiti ni Brigs. Itinuro ng Emcee ang isang hilera ng mga kariton ng basura na pawang me nakasulat na Donated by Colonel Moncayao. Nakabantay dito ang mga kaibigan ni Brigs na sina Carlo at Jun. Donasyon po ng ating mahal na Colonel, sabi ng Emcee. Lalong lumakas ang palakpakan.

Iniwan muna ni Lucas si Bessie, ang tauhan, at pumunta siya sa may unahang tagiliran ng stage para hanapin si Bessie. Nakita niya ang bodyguards nina Brigs doon, may baril sa bewang. Saka niya nakita si Bessie.

Mag-isang nakatayo si Bessie sa may di kalayuan, naninigarilyo habang nakatingin sa malayo. Cropped na cropped ang violet nitong buhok, parang dikit na dikit sa anit, sakal na ang ulo. Pero seksing-seksi pa rin sa suot na midriff.

Nakaramdam si Lucas ng magkahalong kaba at excitement. Di siya makalakad. Lumingon si Bessie at nakita siya. Walang ekspresyon sa mukha nito nang lumakad ito palapit. Nang halos isang dipa na lang ang layo nito kay Lucas ay naalala ni Lucas ang mga katawan nilang halos hubad noon sa ulan. Amoy na amoy niya si Bessie.

Saglit na pinagmasdan ni Bessie si Lucas. Saka ito nagsalita. So, Lucas. Kagaya ng dati ay hindi pa rin mahulaan ni

Para kay B

Lucas kung anong susunod na gagawin o sasabihin ni Bessie. Sa stage ay nagsasalita na si Colonel Moncayao tungkol sa plataporma nito. Libreng edukasyon sa mahihirap!

Isa ka na nga bang writer? tanong ni Bessie na di naghihintay ng sagot. At parang me nakatagong sarcasm. Tumango si Lucas. Gusto niyang gamitin lahat ng kapangyarihan ng English language, at ng Filipino, para ipahayag lahat ng mga nararamdaman niyang pag-ibig at pangungulila, pero ang nasabi niya lang ay limang love stories, Bessie. Saka nanginginig ang mga kamay na iniabot niya ang envelope.

Nakangiting kinuha ni Bessie ang envelope. Wow, sabi nito, na di alam ni Lucas kung umaarte ba ito na gaya ng dati? O totoong natutuwa? Para sa akin! Saka sumeryoso si Bessie, parang 'yung mga artistang mahuhusay kapag nag-a-underacting. Nagbago na ako, Lucas, sabi nito sa mahinang boses, may pinaghalong lungkot at kapanatagan. Magka-live in kami ni Brigs ngayon, patuloy nito, one-man woman na ako. Gumulong mula sa bibig nito ang mahinang sarcastic na tawa, saka lumapit ang bibig nito sa tenga ni Lucas. Pero alam mo naman ako, di ako mahusay bumilang. Puntahan mo 'ko anytime, Lucas.

Nang tumalikod si Bessie dala-dala ang manuscript ay hindi pa rin malaman ni Lucas kung ano ang iisipin. Umakyat si Bessie sa makeshift na hagdan papunta sa entablado. Ngumiti kay Lucas, inilapag ang manuscript sa isang silya at saka dumiretso sa mike. Para po ke Colonel, sabi ni Bessie, at

sa aking darling na si Brigs! Sa saliw ng matining na musikang nanggagaling sa isang cassette player ay nagsayaw si Bessie.

Konti lang ang mga galaw ng sayaw niya pero sa tingin ni Lucas ay parang me nakatagong laswa bawat indak. Tuwing tumataas ang mga bisig ni Bessie ay lumiliyad ang tiyan nito, at sa pagbaba ng mga bisig nito ay nahihila din pababa nang konti ang blouse kaya nasisilip ang suso nito. Lumapit pa ito at umindayog sa harap ni Brigs. Inakbayan ni Brigs si Bessie, na parang sinasabing akin ito! Tuwang-tuwang nakangiti ang Colonel.

Parang tuod na nakatayo lang si Lucas habang pinanonood si Bessie. Sa may tabi niya ay isang bata ang may hawak na patpat at pukpok nang pukpok sa isang sirang street sign na nakakalat sa lupa. Feeling ni Lucas ay ang puso niya ang pinupukpok.

Lumapit ang tauhang si Bessie at tumabi sa kanya. Tumigil ang bata sa pagpukpok. Nakahinga si Lucas.

Sa entablado ay patuloy sa pagsasayaw ang totoong Bessie. Saka napatingin sa direksyon ni Lucas. Pero wala nang ekspresyon sa mukha ni Bessie ngayon. Nagsasayaw na umikot sa entablado si Bessie at saka humarap uli. Hindi na siya kay Lucas nakatingin. Nakatingin siya kay Bessie, ang tauhang katabi ni Lucas.

May kung anong malevolence na nasa mukha ng totoong Bessie habang nagsasayaw na nakatingin sa tauhang Bessie. Na parang kinukutya niya ang tauhang Bessie, ang kaliitan nito, ang pagiging hindi totoo nito, kagaya ng iba

pang napakaraming mga tauhang gawa-gawa lang, marupok, pagkatapos iperform nang isang beses ay nawawasak na, hindi kagaya niya, totoo.

Matapos magsayaw ay parang reynang tumabi si Bessie kay Brigs sabay halik dito. Naghiyawan ang mga tao. Lalong tinagalan ni Bessie ang paghalik kay Brigs. Lalong lumakas ang hiyawan. Ang mga hiyaw nila ay binayaran ng five hundred pesos. Pagkain sa hapag. Gamot sa anak. Pamasak-butas sa nakausling kahirapan.

Humingi ang isang photographer ng isang shot ni Bessie, who leaned back at Brigs habang idinidispley sa camera ang kanyang kamay na me tattoong LOVE. Naalala ni Lucas ang sinabi noon sa kanya ni Charlie tungkol kay Bessie. Magiingat ka sa kanya, ang alam ko'y ginagamit siya nina Colonel para magsuplong ng mga kasamahan.

Napatingin uli ang totoong Bessie kay Lucas. Matigas na ang ekspresyon sa mukha ni Bessie. Hindi na rin siya tumitingin sa tauhang Bessie.

Pumunta sa mike si Brigs at ito naman ang nagsalita tungkol sa plataporma nitong educational program para sa bawat barangay. Binanggit din nito na magpu-produce ang Daddy nito ng reality show sa TV, kung saan ang lead star ay si Bessie. Susundan 24 hours ang buhay ng isang modernong babae habang tumutulong sa mga mahihirap.

Ngumiti si Bessie sa lahat. Plastic na ngiti, patay na mga mata. Ang manuscript ni Lucas na nakapatong sa katabi

niyang silya ay naupuan na ni Colonel Moncayao pero di ito pansin ni Bessie.

Biglang pumasok sa isipan ni Lucas ang salitang matagal nilang laging pinagdidiskusyunan ni Charlie noon. Insight. For the writer to see more than what is seen.

At ang nakikita ngayon ni Lucas ay ang malanding tingin ni Bessie kay Colonel Moncayao, at ang nakangising tingin ng Colonel dito. Nagdaan sa isipan ni Lucas ang pawisang mga magdamag nina Colonel Moncayao at Bessie, patago kay Brigs.

At parang si Erica noon nang makainom ito ng love potion, ang nakikita ni Lucas ngayon ay ang nabubulok na puso ni Bessie, dumadaloy ang maitim at mabahong dugo sa nagnanaknak na ugat habang sinisipsip ng mga uod.

He felt devastated. Nagsimulang pumutok ang mga kuwitis, sinusugod at winawasak ang kalangitan. Nakatingala sa itaas si Bessie habang patuloy na nakatingin sa kanya si Lucas.

At noon na-realize ni Lucas, tapos na siya kay Bessie. At tapos na rin siya sa kanyang mga kuwento. Pag-uwi ng bahay ay buburahin niya ang file at wala nang makakabasa pa ng mga iyon. Dahil hindi mo puwedeng mahalin ang isang tao nang hindi mo minamahal ang hilaga, silangan, timog at kanluran ng kanyang mga paniniwala. Kapag nagmahal ka'y dapat mong tanggapin bawat letra ng kanyang birth certificate. Kasama na doon ang kanyang libag, utot at bad breath. Pero me limit. Pantay-pantay ang ibinibigay na karapatan sa

Para kay B

lahat ng tao upang lumigaya, o masaktan, o magpakagago, pero kapag sumara na ang mga pinto, nawasak na ang mga puso, nawala ang mga kaluluwa at ang bilang ay umabot na sa zero, goodbye na.

Ganito na ako mula ngayon kung magmamahal, naisip ni Lucas. Ito na ang kanyang kredo. Nakaramdam siya ng kapanatagan. At takot. Para siyang nakaharap sa isang rumaragasang tren, walang magawa upang umiwas dito.

Binalingan niya ang katabing si Bessie, ang tauhan. Naaawa itong nakatingin sa kanya. I can stay with you, sabi nito, I can stay with you for as long as you want.

Matagal bago nakasagot si Lucas dahil gusto niyang sumagot ng oo. Natatakot siyang mag-isa. Pero malungkot siyang ngumiti at umiling. Naintindihan siya ni Bessie. Tinanggal ni Lucas ang cap niya at ibinigay kay Bessie. Tumulo ang luha ni Bessie. Ngumiti ito saka isinuot ang cap. Saka yumakap kay Lucas. Mahigpit. Gustong maiyak ni Lucas kaya yumakap din siya nang mahigpit.

Sa ilalim ng matinding init ng araw ay naglakad palayo si Bessie, saglit na lumingon at ngumiti kay Lucas, kumakaway. Noon nakita ni Lucas, isa-isang lumabas upang kumaway din at magpaalam, sina Irene, Erica, Sandra at Ester. Naramdaman ni Lucas na tumulo ang kanyang mga luha kaya agad niyang pinahid. Kumembut-kembot si Erica at nag-flying kiss pa. Natawa si Lucas. Nakatawa pa siya nang unti-unting mawala ang kanyang mga tauhan.

Nagsimulang maglakad palayo si Lucas. Pilit dinarama ang hangin pero wala ni ihip. Naririnig pa niya ang papalayo nang ingay ng mga kuwitis. Bigla siyang nanghina. Napatigil sa gitna ng daan. Closure? Sinong niloko niya? Sa mga kuwento lang nagkakaroon ng wakas. Napakahirap tanggalin ng mga Bessie sa katawan.

Sinibasib ng walang katapusang kapanglawan ang bawat sulok ng katawan ni Lucas. Isang ale sa kabilang kalsada ang nanggagalaiti dahil nawawala ang panty nito sa sampayan. Isang bata ang nagkakalkal ng makakain sa basurahan. Somewhere in the city, a guy tells a girl I love you, and the girl answers back, I love you too. Sigurado ba sila?

Napatingin si Lucas sa kanyang mukha sa tinted window ng isang naka-park na van. Mukha ko pa rin ito, naisip niya, ako pa rin si Lucas. At ito pa rin ang dating langit, sabi niya nang mapatingala siya sa wala nang kuwitis na kalangitan, ito pa rin ang dating mga kalsada, ang dating mga tao.

Nagpatuloy siya ng paglalakad. Nagsisisi ba siya? Iyon ang pagkalipas ng may sampung taon, kapag isa na siyang sikat na writer, ay itatanong ng isang estudyanteng babae sa kanya. Katatapos lang niyang magsalita sa isang grupo ng mga estudyante tungkol sa buhay ng isang writer. Kung papaanong sa kapangyarihan ng isang writer ay kaya niyang baguhin ang lahat maski nagawa na, ang masama ay gawing mabuti at ang malungkot na ending ay gawing masaya. Samantalang sa tunay na buhay, pag nangyari, iyon na. Walang revision.

Para kay B

Nag-aalisan na ang mga estudyante at isa sa mga nagpaiwan ay isang tinedyer na babaing naka-ponytail. Nagpa-autograph ito sa kanya at napatigil siya nang sabihin nitong ang pangalan nito ay Erica.

Saka nito idinugtong. Sino po si B?

Hindi agad nakasagot si Lucas. Napatingin siya sa estudyanteng si Erica. Gusto niyang tumayo at lumayo na pero gusto niya ring mag-stay upang ikuwento ang lahat.

Ang ilang estudyante sa likuran ni Erica ay nakatingin na rin, hinihintay ang sagot niya.

Pinatatanong po kasi ng teacher namin sa literature, sabi ni Erica. Totoo po ba si B?

Tuluyan nang naghalo ang mga emosyon sa mukha ni Lucas.

Sa paglipas ng mga taon ay ito ang madalas na itatanong sa kanya sa mga interbyu ng mga estudyanteng nag-aaral ng literature. Totoo bang noong baguhan pa lang siyang writer ay may sinulat siyang limang love stories para sa isang babaing tinawag niyang B? Hindi niya alam kung paano kumalat ang tungkol dito. May nakapulot kaya sa manuscript na naiwan noon sa political rally ni Colonel Moncayao? Kailanman ay walang nakapag-confirm dahil walang lumantad na nakabasa ni nakakita sa limang love stories.

Dahil laging tumatanggi si Lucas na pag-usapan ito ay kumalat tuloy sa maliliit na sirkulo ng mga manunulat at literature teachers ang iba't ibang speculation tungkol kay B.

Na ito daw ay isang starlet na naglalako ng pag-ibig, isang teacher na dahil naging sawi ay nagputa abroad, isang rape victim na gumaganti sa sinumang umibig dito. Naisip ni Lucas minsan, finally Bessie got what she wanted. She has become a million love stories.

Mag-isang nakatira ngayon si Lucas sa isang townhouse. Ang tanging dinala niya mula sa lumang bahay ni Manang Belen ay ang maliit na globe, ngayon ay nakalagay sa mesita sa kanyang bedroom, pointing to a place that he had never been to. Madalas ay makikita siyang naglalakad around the neighborhood, a thin figure na me hawak na tungkod maski di naman niya ito kailangan dahil wala naman siyang sakit. Nagkaroon siya ng tatlo-apat na relationship pero puro hindi nagtagal. May pangalang laging sumisingit sa kapusukan ng mga magdamag, nagpapaalala sa kanya lagi ng luha, ulan at buhangin. He never got married, the memory of that one great but broken love still sustaining him. Tama si Irene, mas matindi ang mga alaala. Pero he never tried to find out what happened to Bessie. And although he never fell in love again, he grew old with a fondness for people who fall in love, sa isang bansang hanggang sa huli ay binabaliw pa rin ng mga kuwento ng pag-ibig at pagpapaibig, sa TV man o sa tunay na buhay.

But he never wrote love stories again. The first, and last, love stories he ever wrote: completely deleted. Sa halip, ang mga sinusulat niyang nobela ay laging tungkol sa kanyang

bansang lalo pa ngayong nagiging kawawa at naghihirap. Sa kanyang laptop ang realidad ng mabuhay sa Pilipinas ay nagagawa pa niyang lalong maging totoo, at ang kasalukuyan ay napagsasalita niya para sa hinaharap.

Marami na siyang natanggap na awards, isa na ang para sa kanyang latest novel tungkol kay Charlie, na natagpuang patay sa may riles ng tren. Pinagbabaril ng mga di kilalang lalaki. Ipinagluksa ni Lucas si Charlie. Walang dumating maski sulat mula sa asawa nito sa Canada. Sa halip, ang dumating ay mass card galing Australia mula kay Manang Belen, may kalakip na latest photo nito, masayang kayakap ang anak at mga apo.

Sinu-sino ho ang mga nakatulong sa pagsusulat n'yo? madalas ding itanong sa kanya ng mga estudyante.

Si Charlie, walang gatol na isasagot ni Lucas. Saka ang mga tauhan ko. Iisipin ng estudyante na nagpapa-modest lang si Lucas. Pero totoo. Sa paglipas ng mga taon ay nami-miss niya si Charlie at ang mga magdamagang diskusyon nila. At lalong nami-miss niya sina Irene, Sandra, Erica, Ester at Bessie. Kung minsan sa townhouse ay napapatanga siya sa harap ng laptop at muli ay maririnig niya ang nagbabangayang boses ng limang babae. Matitining. Bastos na mga salita. Mapapangiti siya. But they never visited him again.

Ang naging kaibigan niya at laging katagpuan ay si Sandra, ang fair at laging sensible na si Sandra. Tuwing Tuesday ay nauupo sila sa garden ng bahay nito, umiinom

ng tsaa habang nakasandal ang tungkod niya sa tabi ng silya. Hindi sila gaanong nagsasalita, quietly relishing the comfort of knowing na pareho silang mga totoong tao at mga tauhan din ng kuwento ni Lucas noon. Parehong umiibig pa rin sa isang taong kailanman ay hindi na nila pagkakaabalahang alamin kung nasaan na. At parehong relatively ay masaya. Depende sa definition mo ng masaya.

Totoo po bang may teorya daw kayo noon tungkol sa pag-ibig? tanong uli ni Ericang estudyante habang pinipirmahan ni Lucas ang notebook nito. Tungkol ata sa quota?

Ano 'yun? natatawang tanong ni Lucas, sabay balik ng notebook kay Erica. Mga insecure lang ang gumagawa ng mga ganyang teorya-teorya! Saka idinugtong—sabagay, lahat ng umiibig insecure!

Saka kinuha niya ang kanyang tungkod at naghanda na para umalis. Parang naghihintay pa rin si Erica ng idudugtong niya sa sinabi niya. Ngumiti siya dito at magsasalita na sana, bibigyan ito ng advice tungkol sa pag-ibig, iyong ilan sa mga trite na lagi nating sinasabi sa mga umiibig—be brave, dare to embrace his faults, etc. etc.

Pero dumating ang boyfriend nito, kaedad lang halos nito. Inakbayan ito at suddenly, her whole life revolved around him. Parang hindi na siya nakikita ni Erica. Yumakap ang kamay nito sa bewang ng lalaki at saka dali-dali silang masayang naglakad paalis.

Para kay B

Naiwang nakangiti si Lucas. Good, good, sabi niya sa sarili. Kinuha niya ang kanyang tungkod at saka—5 feet 3 inches, di na masyadong pangit ang dating tagihawating mukha, three thousand pesos sa bulsa, wallet na ang tanging laman ay ID at sedula, at walang cap, abala lang ang cap sa dampi ng hangin sa ulo—nagsimulang maglakad si Lucas, bumagtas sa kalsada papunta sa kanyang kotse, tumulong pa sa isang matandang babaing di magkandaugaga sa mga dalang pinang-grocery, nilanghap ang hangin sa kanyang kapaligiran, at saka ngumiti, handa na uling lumaban sa kanyang mga araw at gabi kung saan paminsan-minsan, paminsan-minsan lang naman, napapaluhod siya't nanghihina sa tapat ng kanyang kama, sa dilim ng silid ay nakayukong iginugupo ng isang letra.

Ang ikalawang nobela ni Ricky Lee ay isang political satire tungkol kay Amapola, baklang impersonator na isang araw ay naging mananananggal. Isang pulis na Noranian ang nagpakilalang magiging guide niya sa kanyang misyong hanapin ang kakambal na si Lea, na siyang itinakdang tagapagligtas. Ayaw ni Amapola ng supporting role lang kaya tumatanggi siya sa misyon at niri-resist niya ang pagiging aswang.

EXCERPT MULA SA

ASWANG

Kaya ang ginawa ko, para huwag mahati ang katawan ko, kumapit agad ako d'un sa malaking krus, 'yung nasa ulunan ng kama ko! Sumingasing na naman ang hangin. Saka tumunog na parang tambol ang puso ko. Napatingin ako sa katawan ko. Nawawakwak na ang punyetang leather na jumpsuit na sadya ngang sinuot ko para mas mahirap mahati ang katawan ko! Tumitilapon ang mga butones! Lalo kong hinigpitan ang pagkakahawak sa krus!

Kaya lang ay parang wala lang na nag-split ang katawan ko at lumipad akong tangay-tangay ang krus. Para akong saranggolang di natapos. Lumagpas ako sa mga giant billboard na nagsasabing magpaputi ka, magpaputi ka! Paano pag biglang kumidlat at tinamaan ako? Ayokong mamatay nang kalahati!

Naalala ko ang nangyari noong nakaraang gabi. Me dala-dalang laptop at projector ang atrebidang pulis na Noranian. Sa pamamagitan ng isang powerpoint presentation ay ipinakita niya sakin ang revolutionary past ng mga ninuno kong aswang—ang kaunaunahang manananggal sa aming pamilya, ang lola ko sa sakong na si Adela, na hanggang sa mamatay ay hindi makapagdesisyon, ang kalahati ng katawan ay para sa Propaganda Movement nina Rizal, at ang kalahati naman ay para sa rebolusyon nina Bonifacio; ang lola ko sa tuhod na si Dolores, na noong panahon ng mga Amerikano ay naging isang legendary courier dahil sa paglipad niya'y kung anu-anong mga sekretong dokumento at pati na rin mga baril at anting-anting ang nagkakasya sa kanyang tiyan; ang lola kong si Josefa, na isang malanding espiyang comfort woman, na habang sini-sex ng mga Hapones ay biglang wala lang, may I fly ang pang-itaas niyang katawan sabay sunggab sa sugapang Hapones; at ang nanay ko na naging aktibista noong martial law, naging desaparecido at hanggang ngayon ay kalahati pa lang ng katawan ang natatagpuan.

Nagsimula akong makaramdam ng gutom habang lumilipad. Nakita ko ang isang buntis na walang pakialam sa mundong nakikinig sa kanyang cheap na iPod habang nagkucross ng street. Matalas ang senses ko kaya kita ko ang pink na earphone at pink na case ng ipod niyang ka-match ng pink niyang blouse. Pinaglabanan ko ang bumaba para kainin ang

siguro'y pink niyang lamang loob! Bakla na nga, mananang-gal na nga, cannibal pa? No way!

Sa kai-struggle ay nabitiwan ko ang krus. Sa ibaba ay may isang political rally. Mula sa point of view ng mga tao, na karamihan ay hawak pa ang perang kababayad lang sa kanila ng mga supporter ng kandidato, ang nakita nila ay isang krus na mabilis na bumubulusok pababa. Saka bumagsak sa lupa. Sa gitna nila mismo.

Himala! sigaw ng isang lolang ngongo. Si Kristo, bumaba na! sigaw naman ng katabi niyang cigarette vendor.

Nagtago ako. Nakita kong nagkakagulong nagtulakan ang mga tao upang makalapit sa krus. Isang pilay ang napa-nganga, saka tumakbong palapit, nakalimutang pilay siya. Himala! sigaw uli ng ngongong lola at sumunod naman ang iba pang mga tao. Hindi na nila napansin na nadapa ang pilay at ngayon ay hirap nang makabangon ang loka!

Inagawan ng puwesto ng isang matabang babae ang isang batang nakaluhod sa harapan. Isang tinedyer ang kumukuha ng picture with her cellphone, pinagbuti-buti pa niya na me pa-low angle pa mula sa lupa para makunan ang krus. May umisnats sa kanyang cellphone. Dyumijingle sa harap ng isang punong di makareklamo ang isang lasing. Ina-announce ng supporter sa lahat na ang kandidato niya ang pinili ng Diyos upang iboto. Nakapikit na nagdadasal ang isang babae, palo nang palo sa kanyang dibdib na wala namang dibdib.

Kaloka! Ito ba ang Pilipinas na gusto nilang iligtas ko?

PAHABOL

Pagsusulat ng nobela ang talagang gusto kong gawin sa buhay. Kumbaga, na-sidetrack lang ako sa pagsusulat ng mga script para sa pelikula. Sa kaunaunahan kong nobelang ito, nagbabalik lang ako sa talagang gusto kong puntahan.

Gusto kong basahin ako ng lahat—nakasakay sa MRT, nagbabantay sa ospital, nagpapatulog ng anak. Gusto kong magkuwento sa lahat, hindi lang sa mga kapwa manunulat o mga nag-aaral ng literature.

Sa nakalipas na tatlong taon ay nag-hibernate ako para makapagsulat ng mga nobela. Wala munang movie scripts. Wala munang parties at sosyalan. Ipinangako ko sa sarili kong di ako "lalabas" hangga't wala akong napu-produce.

Kaya bale ang nobelang ito ang coming out ko. Actually tatlong nobela ang natapos ko. Nagpasiya akong ito ang

unang ilabas dahil tungkol ito sa pag-ibig, at hindi tungkol sa mga pampulitikang paksang lagi ko nang nasusulat noon. Ang dalawa ko pang nobela ay ilalabas ko next year.

Sa iba't ibang yugto ng pagsusulat ko ng nobelang ito ay pinitch ko ito sa grupo-grupo ng mga kaibigan, saka ako nag-revise. Naki-brainstorm sila, pumuna at nagpalakas ng loob. Maski ang title ay sinurvey ko sa mahigit sandaang kaibigan.

Madalas nagigising ako alas tres ng madaling araw dahil may bagong ideyang pumasok. O me problema sa nasulat na. O kaya ay natatakot akong baka hindi worth it na ilabas ang nobela. Nagpabago-bago para sa akin sa araw-araw na ginawa ng Diyos ang kahulugan ng maganda at pangit.

Minsan, me nagtatanong, me regular job ka kaya't sa mga bakanteng oras ka lang nakakapagsulat, e di hindi ka na nakakapagpahinga?

Mali. Kapag nagsusulat ako, nagpapahinga ako.

WALANG HANGGANG

PASASALAMAT

Para sa brainstorming at feedback, puna at mungkahi, copyreading at proofreading: AJ Rollon, Ann Angala Shy, Arah Badayos, Ben Cho, Flor Caagusan, Jay Fernando, Jerry Siapoc, Bb. Joyce Bernal, Karl Castro, Mark Angos, Mari Santiago, Raymond Lee, Timmy Magalang, Tyrone Rabago, Venjie Pellena.

Hindi ko rin matatapos ang nobelang ito kung wala ang tulong at moral support nina Bong Ramos, Cenon Palomares, Dado Lumibao, Emman de la Cruz, Ivan Reverente, Jade Castro, Mely Nicandro, Milo Paz, Ned Trespeces, Rowena Festin, Shaira Mella, Zoren Ilag, Virgilio "Jun" Magaway, Jimboy Magaway, Chanda Romero at ang inaanak kong si Kiko Lapuz.

Sa mga buong pusong nagbigay ng blurbs: Bienvenido Lumbera, Boy Abunda, Ely Buendia, Gilda Cordero-Fernando, Bb. Joyce Bernal, Marilou Diaz-Abaya, Pete Lacaba.

Kina Karina Bolasco at Gwenn Jessica Galvez ng Anvil Publishing, na lagi kong katuwang sa mga inilalathala kong libro.

At kay Bienvenido S. Medina Jr., ang unang nagbigay sa akin ng pagkakataong makapaglathala ng sinulat kong kuwento.

PASASALAMAT

IBA PANG MGA AKLAT NI RICKY LEE

Brutal/Salome

Moral

Bukas May Pangarap

Si Tatang at Mga Himala
ng Ating Panahon

Pitik-Bulag sa Buwan ng Pebrero

Salome

Rizal: The Screenplay

Trip to Quiapo:
Scriptwriting Manual ni Ricky Lee

Disenyo ng pabalat: **Karl Fredrick M. Castro**
Dibuho sa pabalat at ng may-akda: **Ivan Reverente**



ALAM MO BA ang ibig sabihin ng "CONJURE"?
Isa ka bang Capital S?

Me quota ang pag-ibig.
Sa bawat limang umiibig ay isa lang ang magiging maligaya. Kasama ka ba sa quota?

Ito ang unang nobela ni RICKY LEE, premyadong scriptwriter ng mga klasikong pelikulang gaya ng *Himala, Moral, Anak* at iba pa; at awtor ng bestselling scriptwriting manual na *Trip to Quiapo.*

Hindi ko mabitiwan ang nobelang ito maski ihing-ihi na ako. Minsan paumpisa na ang *Boy & Kris* at hinahanap na ako ni Kris, but I just couldn't stop reading. Ricky Lee is one of the best storytellers of this generation. Formidable and vulnerable at the same time. His fiction is truthful. *Para Kay B* is hilarious, painfully real, infinitely fascinating, riveting and is crafted deftly by a master. The characters are totally insane, just like you, me and Love. BOY ABUNDA, Media personality

Ricky Lee is one of the best Filipino writers ever, bar none. This long overdue novel will prove that he rules on the page as well as on the screen.
ELY BUENDIA, Musician

Namumukod ang mga akda ni Ricky Lee sa lalim ng pagdalumat at mapangahas na teknik. Nangunguna rin siya sa masikap na paglalapat ng teoryang pampolitika sa kanyang mga binabasa at isinusulat. BIENVENIDO LUMBERA, National Artist for Literature

Weeks after reading the novel, Ricky Lee's characters continue to haunt me.... [T]hey mesmerize, seduce, and provoke. There is hardly anything orthodox about them or the style in which their stories were written, but they are all so compelling because at the core of Ricky's work is the universal, irresistible yearning to find love—no matter how flawed, painful, or even dangerous—as long as it makes us hope that it's worth it. And it is. I wish I could film this novel, but not before I relish re-reading it again and again for its literary wizardry!
MARILOU DIAZ-ABAYA, Filmmaker and educator



ISBN 978-971-94307-0-4
9 789719 430704